

HISTORICAL BULLETIN

The Research Journal of the Philippine Historical Association

Vol. XLIX

January-December 2015

GLORIA ESGUERRA MELENCIO

University of Santo Tomas

ISSUE EDITOR

KAPISANANG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS

The Philippine Historical Association

Board of Governors 2014-2016

PRESIDENT DR. EMMANUEL F. CALAIRO *De La Salle University Dasmariñas*

VICE PRESIDENT DR. EVELYN A. SONGCO *University of Santo Tomas*

SECRETARY JONATHAN C. BALSAMO *Museo Valenzuela*

ASSISTANT SECRETARY FERNANDO A. SANTIAGO, JR. *De La Salle University Manila*

TREASURER DR. EVELYN A. MIRANDA *University of the Philippines Diliman (Ret.)*

AUDITOR WENSLEY B. REYES *Philippine Normal University*

P. R. O. PROP. MICHAEL CHARLESTON B. CHUA *De La Salle University Manila*

BOARD MEMBERS

DR. ARLENE D. CALARA *University of Santo Tomas*

DR. MA. LUISA T. CAMAGAY *University of the Philippines Diliman*

JAMES S. GUIDANGEN *Kalingan-Apaya State University*

GLORIA E. MELENCIO *University of Santo Tomas*

DR. ESTRELLITA T. MUHI *University of the East (Ret.)*

DR. LUIS CAMARA DERY *De La Salle University Manila (Ret.)*

IMMEDIATE PAST PRESIDENT

The *Historical Bulletin* is the official journal of the Philippine Historical Association.

Please address manuscripts, book reviews, research notes, comments and advertisements to THE EDITOR, *Historical Bulletin*, c/o Philippine Social Science Council, Commonwealth Ave., Diliman, Quezon City or thru www.pha1995.blogspot.com.

The *Historical Bulletin* is a refereed journal; the editorial staff/reviewers reserve the right to publish or not articles submitted for review.

Articles in the *Historical Bulletin* do not represent the views of the Philippine Historical Association.

Application to quote or reprint articles in the *Historical Bulletin* should be addressed to THE EDITOR.

Philippine Copyright © 2015 by the Philippine Historical Association.

ISSN 2244-2782

IAN CHRISTOPHER B. ALFONSO

JOURNAL DESIGN AND LAYOUT

Kasaysayan ang nagtuturo sa atin
na ang kultura ay nagkakaugat,
hindi para mabuhay sa pananatili
lamang sa isang pook, kundi ang
mamulaklak at mamunga, nang
sa gayon sa pagtangay sa kanya
ng hangin, kakalat ang mga buto
niya sa malalayong dako...

A handwritten signature in black ink, reading "Apolinario Mabini". The signature is written in a cursive style with a large, sweeping flourish at the end.

"Dos palabras sobre una carta abierta,"
Rosales, 3 Nobyembre 1899



THE PHILIPPINE HISTORICAL ASSOCIATION

HISTORICAL BULLETIN
V o l u m e X L I X
2015

Proceedings of the
2014 PHA NATIONAL CONFERENCE
**Kasaysayang Pampook:
Pananaliksik, Pagtuturo at
Pagpapalaganap**

28-30 August 2014
Holy Angel University, Angeles City



Published through the help of

THE NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS

Pambungad

BILANG PAGDIRIWANG SA ika-150 taong kaarawan ni Apolinario Mabini, itinatampok sa isyung ito ng Philippine Historical Bulletin ang mga isinagawang pananaliksik, pamamaraan sa pagtuturo at mga inilunsad na pagpapalaganap sa mga kaalamang may kaugnayan sa kasaysayang pampook at kasaysayan ng mga nasa panggitna at ibabang saray ng lipunang Pilipino.

Sinaliksik dito ang pinagmulan ng apelyidong Bonifacio sa Tondo at Pampanga – bagay na maidaragdag sa kalipunan ng mga pag-aaral sa talaangkanan ng bayaning si Andres Bonifacio. Kaugnay sa bayaning kinikilalang Ama ng Himagsikan, may pananaliksik rin sa isyung ito hinggil sa papel ng Bonifacio Monument sa Monumento, Caloocan sa pang-ekonomyang pang-unlad ng lugar. Itinatanghal din ang pananaliksik sa mga di-kilalang bayaning ipinangalan sa mga kalye ng Tarlac na may mahalagang papel noong Himagsikang 1896.

Katangi-tangi sa pampook na kasaysayan ang mga papel hinggil sa mga katutubo at kababaihang Pilipino: Hinggil sa pagkain ng mga kapatid natin sa hilaga-ang mga Ibaneg at Itawes~ at ang Tradisyong Babaylan at mamaratbat sa Leyte, Samar, at Palawan.

Nakagaganyak rin sa pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayang pampook ang mga papel hinggil sa kasaysayan ng Pasig, pananaliksik sa artsibo upang makapagsulat ng kasaysayan hinggil sa Vigan, pati na ang petsa ng pagkakatatag ng lalawigan ng Pampanga.

Para sa may espesyal na interes sa pagtuturo ng kasaysayan, nakapaloob sa isyung ito ang mga metodolohiya at proseso ng pagtuturo ng Kursong Jose Rizal batay sa mandato ng batas sa paraang pakuwento. May papel ring nakatuon sa kasaysayan ng pagtatayo ng isang studies center, mula sa isang maliit na aklatan, tungo sa isang pangpamantasang sentro sa Cavite. Natatangi rin ang papel na tumatalakay hinggil sa nagingkaranasan ng Museo Valenzuela sa pagsisimula at pagpapalaganap ng kamalayan sa kasaysayang pampook.

Pinakatampok sa isyung ito ng Historical Bulletin ang mga lekturang kumikilala sa mga katangian ni Apolinario Mabini bilang isang karaniwang mag-aaral sa Batangas hanggang sa mapagpakumbaba at matalinong mag-aaral sa Universidad de Santo Tomas. May natatangi ring lektura hinggil sa ispiritwal at moral na simulain niya bilang bayaning Pilipino.

Iniaalay ng Philippine Historical Association ang mga lektura at papel sa isyung ito ng *Historical Bulletin* sa mga guro, mananaliksik, mananalaysay at historyador para sa kapakinabangan pa ng pag-aaral ng kasaysayan sa hinaharap.

Muling sasabihin ng isyung ito~tulad ng sinasabi palagi ng mga Pilipino mula sa malalayong pook ng Pilipinas kapag may pagtataguyod ng isang makabuluhang simulain o kapag hinihiling ang kabutihan ng kalagayan ng kapwa sa paglalakbay~*Padayon!*

GLORIA ESGUERRA MELENCIO

Patnugot sa Isyu

HISTORICAL BULLETIN

Official Journal of the Philippine Historical Association
VOL. XLIX

JANUARY-DECEMBER 2015

iii Editor's Foreword
Maria Esguerra Melencio

v Table of Contents

1 KEYNOTE ADDRESS
Kasaysayang pampook tungo sa pagbubuo ng bansa
Pablo S. Trillana III

RESEARCHES ON LOCAL HISTORY AND CULTURE

9 **Ang pag-uugat sa talaangkanan ni Andres Bonifacio**
Joel S. Regala

23 **F. Tañedo St. at P. Hilario St.: Ang paglimot at pag-alaala sa mga bayani ng Himagsikang 1896 sa Tarlac**
Michael Charleston B. Chua

47 **The Ibanag and Itawes food culture: A preliminary study**
Emmanuel Jeric A. Albela

- 59 Tradisyong babaylan sa Palawan at mamaratbat sa Leyte at Samar: Hugpungan ng katutubong kalinangan at Kristiyanismo
Gloria Esguerra Melencio

- 75 Ang papel ng Monumento sa kasaysayan at ekonomiya ng Caloocan
Ramon Rafael M. Quiroz, Rhinalou Cervantes-Salamat, at Gerald A. Dizon

RESEARCH AND WRITING LOCAL HISTORY

- 105 Isang kasaysayan (ng pagsulat) ng kasaysayang pampook ng Pasig
Wensley M. Reyes

- 117 Archival research in the writing of the history of Vigan
Dr. Estrellita T. Muhi

- 123 Pananaliksik pangkasaysayan sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas: Ang kaso ng petsa ng pagkatatag ng lalawigan ng Pampanga
Ian Christopher B. Alfonso

PROMOTION AND TEACHING OF LOCAL HISTORY

- 143 Your story, my story, our story: Transforming minds and hearts
Dr. Evelyn A. Songco

- 153 Kampanya sa pag-aaral ng kasaysayang lokal: Karanasan ng Cavite Studies Center sa De La Salle University-Dasmariñas, Cavite
Dr. Emmanuel F. Calairo

- 171 Pagtatayo ng museo bilang paraan ng pagpapalaganap ng kaalaman at kamalayan sa kasaysayang lokal: Karanasan ng Lungsod ng Valenzuela
Jonathan C. Balsamo

COMMEMORATIVE LECTURES ON APOLINARIO MABINI

- 185 **Apolinario Mabini: Talino at panindigan**
Celestina P. Boncan, Ph.D.
- 195 **Against the odds: The education and youthful years of Apolinario Mabini**
Dr. Augusto V. De Viana
- 209 **Ang ispiritwal at moral na simulain ni Apolinario Mabini**
Dr. Evelyn A. Miranda
- 217 **About the authors**

KEYNOTE ADDRESS

**Kasaysayang Pampook tungo sa
Pagbubuo ng Bansa**

Pablo S. Trillana III, Ph. D.

WHEN JOSE RIZAL was a boy, his family often went on boat rides around Laguna Lake. On one such outing, as he was getting off the boat, the tide swept away one of his slippers. Seeing that there was no way he could retrieve it, he tossed the other slipper into the lake.

“Why did you do that?” his mother asked incredulously, as if her son had gone mad. He replied, “if someone picks up one slipper, it wouldn’t do him any good.” That was why he tossed the other slipper – two slippers made a useful pair.

There was method to the boy’s “madness.” I’m not sure if he knew that then. We see in the anecdote the workings of a higher intelligence: but to the young Jose, it might have been nothing more than a knee-jerk reaction to a stimulus, much like the way your hand instinctively

pulls away from a hot iron. Unbeknown to Rizal, he at a tender age already saw the big picture! Not one isolated piece of the puzzle, but the pieces congruent to the next, so that the pieces came together to form a clear, single image of the whole.

The slipper anecdote was not the first sign of the young Jose's broad vision. Away from the play, he often pondered on what people did beyond Calamba, or what the world was like outside the family stone house and its surrounding fields. These cerebral exercises would gradually press him to think about his entire life that would lead him to the biggest picture eventually - his love of country.

The slipper anecdote conjures beginnings and movements within a given geographic area. It likewise spotlights the subject of your conference today - LOCAL HISTORY - "Kasaysayang Pamook: Pananaliksik, Pagtuturo at Pagpapalaganap."

Carol Kammen, in her book *On Doing Local History*, sees local history "as a study of past events, or of people or groups in a given geographic area..." She gives further qualifications and advice that include the following: the study of local history with its limited geographic focus is nonetheless an open field of inquiry (political, economic, social, cultural); the study has no standard apprenticeship for researching and writing; it must be open-minded, honest, accountable and accurate; it leans on documentary evidence yet admits a variety of methods, including oral, statistical or literary, for its purposes; and, doing local history is above all, a wonderful learning process. The speakers and participants of this Conference certainly have their own definitions of local history and how it may be done. But, in the end, it seems we may agree with Carol Kammen when she says: "Local history, at its heart - as is history itself - the study of the human condition in and through time."

The slipper anecdote is a story from the heart and gives us the flavor and value of local history. Louis Mumford expressed it well: "All of us feel, at bottom, with Walt Whitman, that there is no sweeter meat than that which clings to our bones. It is this conviction that gives value to local history: we feel that our own lives, the lives of our ancestors and neighbors, the events that have taken place in the particular locality where we have settled, are every bit as important as the lives of people

who are more remote from us.”

The subtext of your conference, “Kasaysayang Pampook Tungo sa Pagbubuo ng Bansa,” is challenging. It is an orienting paradigm of movement and interconnections. The Sub-Narratives of the Parts (Local History) are to be woven within and beneath the Master Narrative of the Whole (National History). It will allow the expression of the Many in One and the One in Many within the encompassing “We are One” world view of physical and spiritual interconnections. The coming together of ancient wisdom, both east and west, and present-day integral thinking of David Bohm, Ken Wilber, Joseph Jaworski and Aurobindo exemplify it.

Yet the Sub-Narratives will remain separate but not separated; different but not dissociated. Through their nesting crest of explained meaning, we will be able to better understand our story – by seeing the Man in One and the One in Many – much like seeing the numerous trees, raindrops and colours while appreciating the forest, the ocean and the rainbow in a single riveting rain-dance of transcendence and interconnections.

The Philippine Story is a tale of transcendence and interconnections. It is a story without end. There are no part conclusions; there cannot be a closure. To say that the Filipinos have been through so much is an understatement. Filipinos have been on a roller-coaster ride since Magellan’s landing in the Philippines in 1521 up to the present - scaling the heights one moment and spiraling downward the next. Our nation’s history has been a series of turning points.

I am certain you have read various versions of our story. Allow me mention two: the work of O.D. Corpuz called *The Roots of Filipino Nation* and the work from the UP Aklatang Bayan series entitled *Kasaysayan ng Filipinas at mga Institusyong Filipino*. I am also certain that many, if not all of you here, consult said works.

The two are wonderful companions in understanding our story. In my humble opinion, they are told essentially through a framework of turning points: first, the establishment of our racial identity; second, the birth of the Filipino nation; third, the birth of the Filipino state; and fourth, the defence of race, nation and state, and growth beyond. *Roots* is deeply focused on the first two turning points. *Kasaysayan* is a

broader narrative of the various turning points.

One compelling drama in the two Master Narratives is the turning point on becoming the “fraternal, all-archipelago union” that Rizal had envisioned and both Bonifacio and Aguinaldo had brought to the battlefields. It was an external turbulent expression of a deep and besieged internal consciousness that sought to turn our human condition from the world-view of empire towards the world-view of the native soul; from union of master and servant in the latter’s house to union of mother and child in their own home.

It was a collision of world-views, a turning point of indescribable passion, courage and blood. It could never be easy – and it was not. It could only be long and painful as it was. It was our own story conceived from the heart where heroes fought for the native soul.

The narratives of both *Roots* and *Kasaysayan* embody that soul. O.D. Corpuz in *Roots* was clear from the start. He said: “... our people, who are relegated to anonymity in the histories, are accorded honor of place and identified by name in this story.... (foreigners) only chanced to transit our lives and our land.” Eden M. Gripaldo in *Kasaysayan* was equally straightforward: the narrative according to her, said: “upang pananaw at himig-Filipino ang umiral at hindi ang banyaga.”

In another light, the slipper anecdote had compelled *Roots*, *Kasaysayan* and all history itself to be aware of time. We are straddling in two eras: the vanished past and the uncertain future. T.S. Eliot’s *Four Quartets* catches our thoughts: “Time present and time past / Are both perhaps present in time Future / And time Future contained in time Past.” Rizal was no less emphatic: “To foretell the destiny of a nation, you have to open the books that tell of her past.” And Carol Levi was classic simplicity: “The future has an ancient heart.”

Your conference today is a good venue where participants, in addition to tackling specific topics, may also ask during the interactions how our past is reflected in our present and how both our present and our past will affect our future. Your conference subtext in fact invites it.

Such questions are nothing new. From the dawn of civilization to our modern age, the human race has sought our answers to the fundamental question of our existence. *Roots* and *Kasaysayan* talked about our quest for meaning in the context of turning points. The

American historian Daniel Boorstin, on the other hand, calls the human race “Seekers” in his eponymous book about man’s continuing quest to understand his world.

Boorstin, referring mainly to western culture, proposes, that there are three great cycles of seeking: To the first cycle belong the ancient prophets and philosophers – biblical giants such as Moses and Job, the Greek Classicists Socrates, Plato and Aristotle, as well as priests and prophets of the mainstream religions – who sought truth from divine signs or who looked inward for reasons within the human mind. Humanists such as Thucydides, Thomas Moore, Machiavelli and Voltaire who attributed events to the “nature of man” rather than as a result of a fate beyond man’s control were exemplified in Boorstin’s second cycle, “the age of communal seeking. Exponents of the social and physical sciences Marx, Spengler, Toynbee, Emerson, Malraux and Einstein singled out the seemingly repetitious flow of history in the third cycle.

The common denominator though between all these cycles were the questions asked, not the answers. There may not be any answers. And, from hindsight, many answers turned out to be wrong or only partially right. Yet the questions continue to intrigue. What we hold in awe is not so much the finding but the seeking – the quest for who we are and why we do what we do.

I ask you to hold that thought for a moment. Central to the task of doing local history is the seeking. It begins with questions – an honest inquiry from “an open mind, an open heart, and an open will” (Otto Scharmer, Theory U). The questions you will ask during this conference may give birth to an idea, flowing into other ideas. Observe, observe, observe. Reflect, reflect, reflect. These may not all happen during this conference but the honest inquiry can go on even subsequently.

The honest inquiry allows you to access the deeper consciousness of being, the path of deeper knowing (Brian Arthur) or the authentic presence (Ken Wilber, *A Brief History of Everything*, 2000). From that path of deeper knowing, the honest inquiry will lead to the unfolding of future possibilities of meaning – “more evolved, more powerful” (Joseph Jaworksi, *Source*, 2012). And those possibilities will guide

you to understand the heart of the past and how to best express its meaning. And as you think and consider, continue and refine, reflect again. Feel the process and flow of the path of deeper knowing. Then act swiftly in flow and write. Write. Write with gentle strength the whys and wherefores of the story. And then what that story means “to you, the people and our sense of who we are.” (Carol Kammen). And that perchance is how Clio would have loved it – and would have loved you.

In conclusion, I leave you with historian Samuel Daniel’s impeccable wisdom of being in love with history through the poem “Musophilus, 1599:”

“O blessed Letters, that combine in one
All ages past, and make one live with all;
By you we doe conferre with who are gone,
And the dead-living unto councell call
By you the’ unborne shall have communion
Of what we feele, and what doth us befall.”

Abstrak

Ang pag-uugat sa talaangkanan ni Andres Bonifacio ni Josel S. Regala

Tatangkaing ihain ng papel ang pinagmulang angkan, isang lubog na bahagi ng pagkatao, ng Ama ng Himagsikang si Andres Bonifacio. Malimit na inilalarawan ng mga batis pangkasaysayan ang kanyang ama, si Santiago bilang: ... “a boatman who rowed people from Taguig, Rizal, to other towns along the Pasig River” (Medina, 1992:5). Ngunit maliwanag sa nasabing pahayag na hindi nito sinasalamin ang pinagmulang ugat ni Santiago. Lumilitaw na mukhang hindi talaga sinaliksik ng mga naunang historyador ang buhay at mga angkan ng nasabing ama ng Dakilang Plebyo. Gagamitin ng papel ang mga metodong tulad ng historiograpiya upang sumalok sa mga primaryang batis tulad ng bautismos, matrimonios, defunciones at ang malalimang panayam upang mapalutang ang isang tradisyong pasalitang dumaloy sa kamalayan ng pamilyang Bonifacio sa Masantol, Pampanga. Posible ito ang “pagkaka-ugnay” nila kay Andres Bonifacio ng Tondo. Kasunod nito, hihimay-himayin ang batayan ng mga nasabing datos sa pamamagitan ng Three-Generation Test. Sisilipin rin ng papel kung gayon, kung paano isinusulsi ng mga ganitong naratibo ang mga hibla ng usaping pag-uugat at pasalitang kasaysayan. Maaring wala pang muhuhugot na direktang konklusyon sa resulta ng pag-aaral na ito, datapwat sa pagbubukas ng mga tanong at sa pagbibigay- direksyon sa pag-unawa sa mga ito, inaasahang sisibol dito ang ibayong dalumat at diskursong pang-akademiko at magbibigay- daan sa pagbuo ng isang mas komprehensibong biograpiya ng Supremo.

Mga susing salita: Andres Bonifacio, three-generation test, talaangkanan, kasaysayang pasalita, Masantol, Pampanga

Ang pag-uugat sa talaangkanan ni Andres Bonifacio

Joel S. Regala

Panimula

ISA SA MGA tanyag, datapwat kontrobersiyal na bayani sa ating kasaysayan, si Gat Andres Bonifacio, tagapagtatag ng Katipunan at lider ng Rebolusyong 1896 (Medina 1992). May mga historiyador na tumatanggap sa kanya bilang unang Pangulo ng Pilipinas na may titulong “Pangulo ng Haring Bayang Katagalugan.” Nangyari ito ng gawing pamahalaang de facto ang Katipunan noong 24 Agosto 1896 (Guerrero et. al 1996).

Sinubukang naman ng ibang historiyador na halukayin at himay-himayin ang kanyang pagkatao. Pinili, halimbawa, ni Agoncillo (2002) na tutukan ang Katipunan kaysa kay Bonifacio “dahil sa kakulangan ng mga batis tungkul sa kanyang buhay.” Diin ni Nakpil (2008):

Andres Bonifacio seemed to have been, most of his life, the odd man out perpetually on the run, always just a few steps ahead of the Guardia Civil, the spies and

intelligence agents, the friars and, in the end his own dissident Katipuneros. That was probably the reason why he deliberately left little documentation of his heroic life: a few paltry verses, a revolutionary primer and only one photo, taken at his wedding.

May mga mananaliksik ang nagbigay diin sa kanyang mga katangian, katulad ng pagiging tapat, may kakayahan, matalino, mahusay na sumulat, at masunuring manggagawa. (Serrano 1960). Gayundin, sa paglalarawan sa Supremo, binanggit ni Nakpil (2008) sa kanyang artikulo:

He had only four years of schooling and was a peddler of canes and paper fans in the grimy streets of Tondo, then as now, the armpit of the raucous city of Manila.

Sinubukang tuklasin at halukayin ng papel na ito ang isang aspeto ng kanyang pagkatao – ang pag-ugat sa kanyang pinagmulan. Madalas ilarawan ng mga tradisyunal na aklat ang kanyang ama, si Santiago Bonifacio bilang isang bangkero na kung saan inihahatid niya ang mga tao mula Taguig, Rizal hanggang sa mga karatig-bayan na binabaybayan ng Ilog Pasig (Medina 1992). Pero hindi binabanggit kung saan siya nanggaling. Hindi kamukha ng kanyang asawa, si Catalina de Castro, na isang mestisang anak ng isang amang Kastila, at Pilipinong-Intsik na ina mula Zambales.

Sinubukan ni Dan Doeppers (na nabanggit sa Ocampo 2001) na saliksikin ang mga *vecindarios* sa Tondo mula 1889 hanggang 1894, at wala siyang nakitang Andres Bonifacio na nakalista bilang residente sa nasabing lugar. May pangalang Bernabe, Dionicio, at Geronima ang mga Bonifacio roon. Sa kabilang banda, kung bibisita sa Masantol, Pampanga, lubhang napakarami ng may apelyidong Bonifacio sa mga barangay nito.

Si Santiago bilang bangkero at si Andres bilang mangangalakal, sa ganitong konteksto, ang sinusuri ng papel na ito. Bukod sa pangingsida, biyahero, mangangalalakal, at *magdikatun* (maglalako) din ang marami sa mga taga-Masantol mula pa noon.

Dahil dito, sinubukang himay-himayin ng pag-aaral na ito, kung paano hinabi ng tradisyong pasalita ang mga hibla ng usaping pag-ugat at naratibo tungo sa pagtuklas sa isang mayamang kasaysayang pampook hindi lamang ng mga Bonifacio sa Masantol kundi pati na rin ng mga Kapampangan sa kabuuan.

Ang mga dokumento at sarili nitong pagbigkas

Hindi madaling gawin ang pagtalunton sa pinagmulan ng apelyidong Bonifacio. Mahalagang mabanggit na hindi ito lumitaw sa *Catalago Alfabetico de Appellidos* (1849) ni Gobenador Narciso Claveria. Salitang *Boni* lamang ang naroon. Posible kayang naging Bonifacio ito sa kalaunan o isa itong taal na apelyido?

Limitasyon ng papel na ito ang kakulangan sa sa mga dokumento: nasira ang mga dokumento sa simbahan (bautismos, matrimonios at defunciones) noong panahon ng rebolusyon, ika-27 ng Abril 1899 dahil sa pagsunog ng mga tauhan ni Aguinaldo ("Historical Data Papers Macabebe" 1953). Mula lamang sa taong 1899 ang maaaring konsultahing dokumento.

Mga Tala sa COMELEC. Sa pagsipat ng ibang batis, sinuri at inihambing ng pag-aaral na ito ang mga tala sa Commission on Elections (COMELEC) sa tatlong lugar - Masantol, Macabebe, at Tondo.

Barangay	Bilang
Alauli	0
Bagang	0
Balibago	1
Bebe Anac	73
Bebe Matua	7
Bulacus	61
Caingin (San Agustin)	14
Cambasi	33

Malauli	22
Nigui	100
Palimpe	105
Puti	17
Sagrada	7
San Isidro (Anac)	15
San Isidro Matua	77
San Nicolas	25
San Pedro	2
Sta. Cruz	108
Sta. Lucia Anac	33
Sta. Lucia Matua	161
Sta. Lucia Paguiba	7
Sta. Lucia Wakas	26
Sta. Monica	0
Sapang Kawayan	6
Sua	47
Sto. Niño	62
KABUUAN	1,009

Talahanayan Blg. 1: Bilang ng mga botanteng may apelyidong Bonifacio sa Masantol, Pampanga, mula sa talaan ng COMELEC, Disyembre 2008.

Barangay	Bilang
Batasan	9
Caduang Tete	9
Candelaria	4
Castuli	17
Consuelo	45
Dalayap	17
Mataguiti	0
San Esteban	4
San Francisco	1
San Gabriel	14

San Isidro	2
San Jose	5
San Juan	12
San Rafael	25
San Roque	6
San Vicente	1
Sta. Cruz	2
Sta. Lutgarda	2
Sta. Maria	36
Sta. Rita	28
Sto. Niño	0
Sto. Rosario	10
Saplad David	0
Tacasan	2
Telacsan	5
KABUJUAN	256

Talahanayan Big. 2: Bilang ng mga botanteng may apelyidong Bonifacio sa Macabebe, Pampanga, mula sa talaan ng COMELEC, Disyembre 2008.

Barangay	Bilang
146 na barangay	102

Talahanayan Big. 3: Bilang ng mga botanteng may apelyidong Bonifacio sa Distrito 1 ng (Tondo) Maynila, mula sa talaan ng COMELEC, Enero 2009.

Pook	Bilang
Macabebe	256
Masantol	1,009
Tondo	102

Talahanayan Big. 4: Paghahambing sa mga naitalang bilang ng mga botanteng may apelyidong Bonifacio sa Macabebe, Masantol, at Distrito 1 ng (Tondo) Maynila, mula sa talaan ng COMELEC, Disyembre 2008 at Enero 2009.

Kung paghahambingin ang mga tala, mapapansing sa 26 na barangay, tatlo lamang ang walang apelyidong Bonifacio sa Masantol. Makikita rin ang apelyidong Bonifacio sa Macabebe.

Sa Unang Distrito ng Tondo kung saan may 146 na barangay, mayroon lamang 102 rehistradong apelyidong Bonifacio. Maihahambing ang bilang na ito sa isang barangay sa Masantol, katulad ng Palimpe (105), Sta. Cruz (108), at Nigui (100). Sa puntong ito nag-uugat at sumisibol ang isyu ng migrasyon o pandarayuhan: nanggaling kaya sa Tondo ang 1,009 na Bonifacio sa Masantol? O galing sa Masantol ang 102 Bonifaciong taga-Tondo? Mayroon bang ibang bayan (sa buong bansa) ang kakikitaan ng parehong bilang ng Bonifacio katulad ng sa Masantol?

Capitan, Teniente, at Cabeza. Sa pagdating ng mga Kastila, nagpasimula sila ng mga repormang pampulitika. Pinanatili ng pamahalaang sentral ang sistemang cabeza-gobernadorcillo hanggang sa pagtatapos ng rehimeng Kastila maliban sa ilang pagbabago (Larkin, 1972). Ayon kay Larkin (91-92):

By the 1890's, gobernadorcillo, or capitan municipal as he was now called, was still elected by a group of twelve of the principalia, but the term of office became two years. He was assisted by teniente mayor (second in command), juez de ganados (judge or supervisor of the flocks and herds) juez de sementras (judge from the crops), juez de policia (supervisor of the police) and two jueces suplentes (alternatives). The cabeza de barangay continued as an appointed official until 1892, when he was transformed into the barrio teniente, an official elected by the barrio peers."

Sa kanyang listahan ng mga *gobernadorcillo* (punong bayan) walang makikitang nanggaling sa pamilyang Bonifacio. Sa kabilang banda, batay sa Luther Parker Collection ng UP Diliman Library Special Collection, may mga Bonifacio na humawak ng posisyong *capitan at cabeza* (punong barangay), at *teniente* (pangalawang punong barangay):

Mapapansing may Bonifacio na sa Macabebe noon pang 1731,

Pangalan	Nayon	Posisyon	Taon
Domingo Bonifacio	Macabebe	Capitan	1731
Anastacio Bonifacio	Cambasi, Masantol	Teniente	1911
Estarario Bonifacio	Cambasi, Masantol	Cabeza	1911
Eugenio Bonifacio	Cauayan, Masantol	Teniente	1911
Francisco Bonifacio	Malauli, Masantol	Cabeza	1911
Lino Bonifacio	Nigui, Masantol	Teniente	1911
Hilario Bonifacio	Nigui, Masantol	Teniente	1911
Eugenio Bonifacio	Nigui, Masantol	Teniente	1911
Lino Bonifacio	Nigui, Masantol	Cabeza	1911
Estanislao Bonifacio	Sta. Lucia, Masantol	Teniente	1911

Talahanayan Blg. 5: Listahan ng mga Bonifacio na nanungkulan bilang capitan, teniente, at cabeza sa Macabebe at Masantol, Pampanga, mula sa Luther Parker Collection.

na maaaring apelyido na ito sa Pampanga bago pa man ipatupad ang pagbabago sa apelyido ng mga Pilipino noong 1849. Dapat ding mabatid na dating parte ng Macabebe ang Masantol hanggang 1878.

Kung susuriin, hindi nakapagbibigay ang mga dokumentong ito ng direktang pag-uugnay sa pagitan ni Andres at ng mga Bonifacio sa Masantol. Subalit sapat nang mag-iwan ng bitak sa ating kamalayan ang kanilang posisyon sa nakaraan. Paglalayag ito ng tradisyong bayan/pasalita sa batis ng pag-uugat at mga naratibo.

Malimit na hinuhugot sa kaalaman ng mga ordinaryong tao sa isang komunidad ang tradisyon o kaalamang bayan. Dahil sa kakulangan ng nakasulat na datos (dahil na rin sa pagkasunog ng mga dokumentong pansimbahan sa Macabebe noong 1899), tiningnan at sinipat ng papel na ito ang kaalaman (knowledge) at paniniwalang popular (popular belief) ng mga matatanda sa Masantol, lalung-lalu na ang mga pamilyang Bonifacio.

Dikatun at pamagdalakit: Ang pangangalakal at pandarayuhan

Ang kalagayang heograpikal ang maaaring mag-uugnay kay Andres Bonifacio at Masantol. Base sa mga naratibo ng mga impormante, maraming residente sa Masantol (noon at ngayon) ang *magdikatun* o naglalako. Ayon sa dating bise-alkalde ng Masantol na si Bajun Lacap,

“nangangalakal sila ng damit, gamit sa bahay, mga isda at iba pa. Ang aking ama, ang mga kuya ko, lahat sila biyahero.” Dagdag pa niya, gugugol lamang ng isang oras ang paglalayag sa bangka mula Ilog Pampanga hanggang Maynila sa pamamagitan ng Look ng Maynila.

Mayroon ding pananaw na parte ng matandang Pampanga ang Tondo. Diin ni Jose Villa Panganiban, isang lingwista (nabanggit ni Tayag 1985,168-9):

There is a reason to believe that the Pasig River was agreed upon as the dividing line between the Tagalog and Pampango settlement, south of the river assigned to the Tagalogs and north of it to the Pampangos. Tondo was therefore a Pampango colony as were all the early settlements in Rizal along Manila Bay and the towns of Bulacan and Nueva Ejica along the Pampanga River.

“Kung ang mga magulang ni Andres ay tubong Masantol, siguro narating nila ang Tondo, sa pamamagitan ng commerce, trade, pagkatapos do'n na sila nanirahan,” sapantaha ni Proceso Bonifacio, edad 63, ng Masantol. Ipinaliwanag din niyang posibleng natutuhan ni Andres sa kanyang ama ang kaalaman sa paggawa ng mga papel na pamaypay at ng baston. Ayon kay Isagani Medina (1992), natutuhan ni Andres ang kanyang kaalaman sa kanyang amang si Santiago, na natutunan naman nito sa lolong si Vicente Bonifacio.

Bilang karagdagan, inilarawan ni Serrano (1960) ang ganitong kasanayan ni Andres:

Nang ang magkakapatid ay maagang maiwanan ng kanilang mapag-arugang magulang, agad umisip si Bonifacio ng paraan ng pagkita ng sapat na magugugol upang sila'y mabuhay. Gumagawa siya ng mga baston at mga abanikong papel na kanyang ipinagbibili pagkatapos mayari ang mga iyon sa tulong ng kanyang mga kapatid. Sa paggawa ng mga baston at abaniko, ayon kay Espiridiona, si Andres ang pinakakapatid o tagapagturo. Nakahilera ang mga magkakapatid, samantalang sila'y

gumagawa. Kung hindi tumpak ang paggawa o pagkayari, halimbawa ng isang abaniko, ay itinuturo ni Andres ang paraan ng paggupit ng papel o paglapat o pagdikit sa kinayas na kawayan upang maging maganda ang abaniko kung mayari.

Sa kanyang pagpapatuloy:

Tinutulungan din sila ng kanilang Manong Andres sa paglalako ng mga nayaring baston at abaniko pagdating niya mula sa bahay-kalakal na pinapasukan niya. Kahit na mababa ang pinag-aralan ni Bonifacio mayroon siyang dalawang katangian na nakatutulong sa kanilang hanap-buhay: ang kahusayan niya sa pagsulat at paggawa ng mga kagamitan sa tahanan. Nakagagawa siya ng mga paskel para sa mga bahay-kalakal. Nilalagyan niya ng magagandang dibuho, na may iba't ibang kulay at anyo, ang nayayari nilang baston at abaniko. Ang baston ay yari sa palasan. Nang marami nang makagugusto sa kanilang mga ipinagbibiling baston at abaniko, pinayagan niyang pati ng ilang kababata nilang kapit-bahay ay tumulong sa kanila at kumita ng salapi.

Tungkol naman sa kaalamang pangangalakal ni Andres, paliwanag ni Serrano:

Si Bonifacio ay nagkaroon ng maraming kakilalang mga taga-ibang lupa na ang mga ito'y nakasundo niya dahil sa kanyang kakayahan sa pangangalakal at mula sa kanyang mga kababayan naman ay nagkaroon siya ng mabuting pagtingin at pagkakatanyag.

Sa kabilang banda, ayon naman sa isang impormante, Antonio Bonifacio, 63: i Tata mi, deng bapa ku, dyang nanung pagawa mu, balu dang gawan (Ang aking ama at mga tiyo, kahit anong paggawa mo alam nilang gawin). . . palakaya, sarul, awse, karosa, igu, kupyua,

dase, bastun... kaming mikakapatad a lalaki, biyaheru ke ngan (kaming magkakapatid na lalaki, biyahero lahat kami.”) Paliwanag pa niya, maraming residente sa Masantol, Minalin at Macebebe ang mga biyahero o travelling peddlers.

Sa ganitong klase ng kasanayan at tinatambalan ng kaalamang pangangalakal, at may naghihintay na nakakaakit na daungan na katulad ng Tondo, hindi malayong pumasok sa kamalayan ng mga Kapampangan ang migrasyon.

Sa kanyang pag-aaral sa galaw ng pandarayuhan sa Maynila noong huling ika-19 na dantaon, napansin ni Doeppers (1998, 158) na:

The Kapampangan speakers present an exception in 1903 but one that proves the rule. Their source area, primarily Pampanga province, was the closest to the city, and thus migration would present the least hardship compared with members of other non-Tagalog-language groups. Kapampangan migrants also came from the most literate source area population, from an area with long commercial ties to the city.

Dagdag pa niya (ibid., 168-9):

There was also some concentration in the eastern part of Tondo of men from Pampanga, but the overconcentration there of Kapampangan speakers evident in the censuses of 1902 and 1939 developed only later – due to the impact of the railway.

Sanhi ito ng pagbagtas sa nasabing probinsya ng Manila-Dagupan Railroad noong 1892 (Larkin 1972). Dahil dito, paliwanag ni Doeppers (ibid., 169):

...the Kapampangans became more numerous and probably more spatially concentrated after railroad service from Manila through their province became fully operational.

Sa mga nakaraang taon (at hanggang kasalukuyan) ayon sa mga impormante, Tondo pa rin ang paboritong destinasyon ng mga Bonifacio at ibang residente ng Masantol. Dahil ito sa kabuhayan at pagkakaroon ng mga kamag-anak na Kapampangan sa nasabing lugar. Sa Tondo, may isang Pampanga Street at Antonio Rivera Street na kung saan marami ang Kapampangan, ayon sa salaysay ng isang impormante sa Tondo.

Kung gayon, alin ba ang maituturing na natural na galaw ng migrasyon? Mula ba ito sa sentro papuntang baryo? O mula urban papuntang rural?

Pagtatapos

Napalutang ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod resulta: maraming apelyidong Bonifacio ang matatagpuan sa Masantol (noon at ngayon). May pagkakapareho sa pisikal na kaanyuan at kasanayan, isang tradisyong pasalita na pinanday ng Three-Generation Test at ang isyu ng migrasyon. Nabanggit rin ng mga informanteng Bonifacio (sa Masantol) na hindi sila bago sa lugar, samantalang paboritong destinasyon naman ng mga migrante ang Tondo.

Datapwat walang direktong dokumento (katulad ng sertipiko sa binyag ni Santiago, ang kanyang ama) ang mag-uugnay kay Andres at ang mga Bonifacio sa Masantol. Kailangan pa ring makabuo ng isang komprehensibong talaangkanan na mag-uugnay sa dalawang angkan ng mga Bonifacio (sa Masantol at Tondo). Pwede ring imungkahi ang isang DNA Test sa hinaharap na mag-uugnay sa nasabing dalawang angkan.

Maaring wala pang muhuhugot na direktang konklusyon sa resulta ng pag-aaral na ito. Datapwat sa pagbubukas ng mga tanong at sa pagbibigay-direksyon sa pag-uunawa sa mga ito, inaasahang sisibol dito ang ibayong dalumat at diskursong pang-akademiko at magbibigay daan sa pagbuo ng isang mas komprehensibong talambuhay ni Andres Bonifacio.

Mga sanggunian

Archives of the Church of the Latter Day Saints, Quezon City

Masantol, Pampanga, *Bautismos 1894-1905*.

Masantol, Pampanga, *Registros Parroquiales 1894-1937*.

Luther Parker Collection, UP Diliman Main Library

Lists of Gobernadorcillos, Capitanes and Presidentes (Masantol).

Limbag

Agoncillo, Teodoro A. 2002. *The revolt of the masses: The story of Bonifacio and the Katipunan*. Quezon City: UP Press.

Bergaño, Diego. 2007. *Vocabulario de la Lengua Pampanga en Romance y Diccionario de Romance en Pampango*, translated in English by Fr. Venancio Samson. Angeles City: Holy Angel University Press.

Cagigin, A. 1922. "The Life of Andres Bonifacio."

Claveria, Narciso. 1849/1973. *Catalogo Alfabetico de Apellidos*. Manila: National Archives of the Philippines.

Cristobal, Adrian E. 1995. *The tragedy of the revolution*. Quezon City: University of the Philippines Press.

De los Santos, Epifanio. 1973. *The revolutionists: Aguinaldo, Bonifacio, Jacinto*, ed, by Teodoro A. Agoncillo. Manila: National Historical Commission.

Dizon, Lino L. 2000. *Amlat: Kapampangan local history contours in Tarlac and Pampanga*. Tarlac: Center for Tarlaqueno Studies.

Doepfers, Danniell F. and P. Xenos, eds. 1998. *Population and history: The demographic origins of the modern Philippines*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Galang, Ricardo E. 1940. "Ethnographic study of the Pampangans." Unpublished: National History Museum Division.

Henson, Mariano A. 1953. *The province of Pampanga and its towns, AD 1300-1955*. Manila: Villanueva Bookstore

Larkin, John Alan. 1972. *The Pampangans: Colonial society in a Philippine*

- province*. Los Angeles: University of California Press.
- Medina, Isagani R. 1992. *Andres Bonifacio*. Makati: Tahanan Books for Young Readers
- Ocampo, Ambeth R. 2001. *Bones of contention: The Bonifacio lectures*. Pasig City: Anvil Publishing, Inc.
- Reyes, E. A. C. 1995. *Bonifacio: Siya ba ay kilala ko?* Manila: Enterprises.
- Salazar, Zeus A., A. Yulo, at Atoy Navarro. 1996. *Talaarawan 1997: Himagsikang Pilipino, Digma ng mga Anak ng Bayan, 1897*. Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.
- _____. 1997. *Si Andres Bonifacio at ang kabayanihang Pilipino*. Lungsod Mandaluyong: Palimbagang Kalawakan.
- Santos, Jose P. 1935. *Si Andres Bonifacio at ang himagsikan*. Manila
- Tayag, Renato. 1985. "The vanishing Pampango nation." In *Recollections and digression*, by Renato Tayag. S.l.: Philippine National bank.
- Vansina, J. 1985. *Oral tradition as history*. Wisconsin: University of Wisconsin Press.
- Zaide, Gregorio F. 1990. *Documentary sources of Philippines history*, volume 8. Navotas: National Bookstore, Inc.

Abstrak

F. Tañedo St. at P. Hilario St.: Paglimot at pag-alala sa mga bayani ng Himagsikang 1896 sa Tarlac ni Michael Charleston B. Chua

J. P. Rizal, A. Bonifacio, Mabini, del Pilar. Ilan lamang iyan sa mga pangalan ng kalye sa kalakhang Maynilang nagpaparangal sa mga natatanging bayani ng ating bansa. Layunin ng pagpapangalan ng isang kalsada sa isang tao o personahe ang maalala siya sa habang panahon ng isang nagpapasalamat na sambayanan. Nagbigay ng karangalan sa kanila o nagpabuti ng kanilang mga kalagayan ang mga taong ito.

Ngunit trahedyang ngang maituturing na imbes na maalala nga ang mga nagawa ng mga bayaning ito, tila nababawas nga sila, at nagiging mga kalye na lamang—dinadaan-daanan at nakakalimutan. Ilan na nga lang ang nakakakilala kay Chino Roces, Manila Times editor na kahit sa katandaan, patuloy na lumaban para sa kalayaan noong panahon ng diktadura ni Pangulong Ferdinand Marcos. Sa kanya ipinangalan ang dating Mendiola gayong ilang taon pa lamang ang lumilipas matapos siyang bawian ng buhay.

Mga 125 kilometro mula sa Maynila, matatagpuan ang Lungsod ng Tarlac, kung saan ako isinilang at lumaki. Pinakasentro ng komersyo sa amin ang F. Tañedo Street. Kalapit ng kalsadang ito ang P. Hilario Street. Lagi silang dinadaan ngunit walang nagtatanong: Sino nga ba sila? Ano ang kabuluhan nila sa Tarlac? Masasabi kong 99.9 % ng mga Tarlaqueño ay walang alam sa kanilang naging papel sa kasaysayan. Ang papel na ito ay isang pagtatangkang buhayin at bigyang buhay ang mga pangalan sa likod ng mga kalyeng ito. Hindi na lamang sila pangalan ng mga pangunahing kalye sa Lungsod ng Tarlac kundi mga bayaning tunay na namuno ng himagsikan sa Tarlac at namatay para sa bayan.

Mga susing salita: kasaysayang pampook, Tarlac, historyograpiya, kasaysayang pampubliko, pamanang lokal

F. Tañedo St. at P. Hilario St.: Paglimot at pag-alala sa mga bayani ng Himagsikang 1896 sa Tarlac

Michael Charleston B. Chua

“Hindi kayâ kailangan na ang mga isinaysay ko sa aking mga anak ukol sa dakila at maningning na kasaysayan ng ating lahi, ay maipaalam din sa madlang nag-aaral sa ating mga paaralan? Itó lamang ang tangi kong hangad sa pagsulat ng munting aklat na ito.”

-Hermenegildo Cruz, mula sa “Paunawa” ng kanyang
Ang Aklat ni Andres Bonifacio, 1922

Panimula

J. P. RIZAL, A. Bonifacio, Mabini, del Pilar. Ilan lamang yan sa mga pangalan ng kalye sa kalakhang Maynilang nagpaparangal sa mga natatanging bayani ng ating bansa. Layunin ng pagpapangalan ng isang kalsada sa isang tao o personahe ang maalala siya sa habang panahon ng isang nagpapasalamat na sambayanan. Ang nagawa ng taong ito ang nagbigay ng karangalan sa kanila o nagpabuti ng

kanilang mga kalagayan.

Ngunit trahedyang nang maituturing na imbes na maalala nga ang mga nagawa ng mga bayaning ito, tila nababawas nga sila, at nagiging mga kalye na lamang—dinadaan-daanan at kinakalimutan. Ilan na nga lang ang nakakakilala kay Chino Roces, editor ng *Manila Times* na kahit sa katandaan, patuloy na lumaban para sa kalayaan noong panahon ng diktadura ni Pangulong Ferdinand Marcos. Sa kanya ipinangalan ang dating Mendiola gayong ilang taon pa lamang ang lumilipas matapos siyang bawian ng buhay.

Mga 125 kilometro mula sa Maynila, matatagpuan ang Lungsod ng Tarlac kung saan ako isinilang at lumaki. Pinakasentro ng komersyo sa amin ang F. Tañedo Street. Kalapit ng kalsadang ito ang P. Hilario Street. Lagi silang dinadaan ngunit walang nagtatanong: Sino nga ba sila? Ano ang kabuluhan nila sa Tarlac? Masasabi kong 99.9 % ng mga Tarlaqueño ay walang alam sa kanilang naging papel sa kasaysayan. Ito ang dahilan kung bakit ko sila napiling isulat kahit napakahirap dahil sa kakulangan ng datos. Nais kong subukang buhayin ang mga pangalan sa likod ng mga kalyeng ito.

Una kong nalamang bayani pala sina F. Tañedo at P. Hilario nang mabasa ko noong ako’y bata pa ang isang aklat ng mga tula na isinulat ng pinsan ng aking lola sa ina. Nakasaad sa huling bahagi ng aklat ang “Procopio Hilario, Sr.,” ang aking lolo sa ina. Siya at ang kanyang bayaw na si Francisco Romero Tañedo—tulad ni José Rizal—ay nagbuwis ng kanilang buhay at nakibaka para sa kalayaan at katarungan. Namatay silang nakikilaban sa kaapihang dulot ng mga Español nuong panahon ng kanilang pananakop sa Pilipinas” (ang salin ay akin) (Timbol-Anunciacion 1987, 31). May kamag-anak pala akong mga bayani! Kaya naman, dalawang taon na ang nakalilipas, nagsimula akong magsaliksik tungkol sa mga buhay ng mga bayaning ito. Ipinagpapatuloy ko ang pagsasaliksik na ito sa kasalukuyan sa paghahangad na malaman kung bakit sila nakalimutan at ano ang maaaring gawin upang maiwasang patuloy silang mabura sa isip ng sambayanan.

At sa aking paghahangad na humanap ng bayani sa aking sariling angkan, aking napag-alamang sina F. Tañedo at P. Hilario ay hindi lamang pangalan ng mga pangunahing kalye sa Lungsod ng Tarlac,

kundi mga bayaning tunay na namuno ng himagsikan sa Tarlac at namatay para sa bayan. Ngunit unti-unti na silang nakalimutan dahil sa simpleng pananahimik ng kanilang mga kaanak, ng mga paaralan at ng pamahalaan.

Si Francisco Tañedo at ang bayan ng Tarlac

Uunahan ko na kayo, hindi madali para sa aking kumuha ng datos ukol sa isang limot na bayani. Sa mga aklat ng kasaysayan ng Tarlac, ilang mga kataga lamang ang tumutukoy kay Francisco Tañedo. Hindi lamang 'yan. Mismong mga kaanak niyang aking nakapanayam ay hindi gaanong nakwentuhan ng kanilang mga magulang ukol sa kadakilaan ng kanilang mga pinagmulan.

Isinilang si *Don Kikoy* (Timbol, panayam, 23 Pebrero 2003) kina Don Damaso Tañedo ng Balibago I (na dating Barrio Damaso Miguel) (Miguel Tañedo, panayam, 3 Setyembre 2005)¹ at Regina Romero. Pangalawa siya sa limang magkakapatid. Ang iba pa ay sina Isidro, Anastacia, Pilar at Carmen (Miguel Tañedo, panayam, 2 Marso 2003). Walang nalalaman ukol sa kanya maliban na noong 1889, siya'y isa sa mga nahalal na tinyente ng kolonyalistang pamahalaan sa Tarlac at namuno sa loob ng dalawang taon (Cojuangco 1997, 70-1).

Mahaba ang kasaysayan ng pakikisangkot ng angkan ni Don Kikoy sa bayan ng Tarlac. Ang lolo ng lolo niya ay si Don Carlos Miguel, tubong Bulacan (Sambalenyong anak ng isang prayleng Español) at isang opisyal na nadestino sa Pangasinan. Kabiyaq niya si Barbara Espinosa, ang nag-iisang anak ng isang mayamang haciendero (ayon sa mga kwento ng pamilya, kamag-anak diumano ng bayaw ni Felipe II Hari ng Espanya) (Miguel Tañedo, panayam, 3 Setyembre 2005). Lumikas siya at ang kanyang sambahayan patungong Tarlac noong 1762 nang magkaroon ng isang paghihimagsik sa Binalatongan (San Carlos), Pangasinan na pinangunahan ni Juan dela Cruz Palaris. (Dahil dito, tinatawag ang bayan ng Tarlac na *fruta dela revolucion*). Di naglaon, ang kanilang tinirhang dati-rati'y punung-puno ng mga kogon (isang uri nito ay ang *tanglar* na maaaring pinagmulan ng pangalang Tarlac²), ay dagliang naging isang maunlad na pamayanang agrikultural. Kaya naman, naengganyo na rin ang iba't ibang etnolinggwistikong mga

grupo sa Luzon na lumipat sa Tarlac. Matapos ang 26 na taon lamang, noong 1788, sa pamumuno mismo ni Don Carlos, isang *calutasan* o resolucyon ang isinumite sa pamahalaan sa Bacolor, Pampanga na humihiling na ang Tarlac ay gawin nang isang bayan. Siya'y nagtagumpay at nahirang na unang *gobernadorcillo* ng bayan ng Tarlac (Dizon 1997, 66-7).

Nakipag-isang dibdib ang anak niyang si Don Manuel Miguel kay Doña Maria, anak ng isang maimpluwensyang Kapampangan, si Narciso Castañeda. Ang pag-iisang dibdib na ito ng pamilya Miguel na mula sa Pangasinan, at ng Castañeda na mula sa Pampanga, ang pinagmulan ng iba't-ibang pamilyang bumubuo sa karamihan ng mga tao sa Tarlac: Ilan sa mga ito ay ang mga Aquino, mga Romero, mga Rigor, mga Quiambao, at mga Briones (Miguel Tañedo, panayam, 2 Marso 2003). Ako'y nagmula sa mga Briones. Mula kay Don Carlos, marami sa mga naging pinuno ng bayan ay mula sa Miguel-Castañeda (Dizon 1997, 71-2).

Noong mga taong 1850, upang tumalima sa utos ni Gob. Hen. Narciso Claveria na lahat ng pamilyang indio ay kumuha ng apelyido sa *Catálogo Alfabético de Apellidos*, pinili ni Don Damaso Miguel ang apelyidong Tañedo—*virtuosong* manunugtug ng isang instrumentong musikal, sa Kastila. Tañedo rin ang pinili dahil sila'y taga-Tarlac (ibid., 72), kung ano ang unang letra ng bayan mo, iyon din ang unang letra ng apelyido mo.

Ayon naman sa dating bise-alkalde ng ngayo'y lungsod ng Tarlac, Miguel "Mike" Tañedo, ang Tañedo ay nagmula sa apelyidong Castañeda—tinanggal ang Cas at natira ang Tañeda, subalit tunog pambabae kaya ginawang Tañedo (Miguel Tañedo, panayam, 2 Marso 2003).

Ayon pa sa kwento ng ilan, pinaikli ang pangalang Tarlac mula sa mga katagang "Tañedo, hari ng mga tubo," "Tañedo Rey de las Cañas:" TA(ñedo) R(ey) LA(s) C(añas), dahil sa mga pataniman ng tubong kailangang daanan ng mga tao kung pumupunta sa Tarlac (Cojuangco 1997, 1; Miguel Tañedo, panayam, 3 Setyembre 2005).

Si Don Damaso Miguel (Tañedo), apo ni Don Manuel, ang *gobernadorcillo* ng bayan ng Tarlac nang magbuo ang *alcaldia* o lalawigan ng Tarlac, na binubuo ng ilang dating bayan sa Pampanga

at Pangasinan, noong Ika-28 ng Mayo 1873 (Cojuangco 1997, 43). Ang kapatid niyang si Lorenza Tañedo-Quiambao ay napangasawa ni Servillano Aquino, heneral sa Himagsikang Pilipino, at isa sa mga naging apo nila ay ang bayaning si Benigno “Ninoy” Aquino, Jr.

Si Don Damaso rin ang ama ng bayaning si Francisco Tañedo, tinatawag na Don Kikoy.

Si Procopio Hilario

“Hindi namin lubos na kilala ang aming lolo!” Sagot ni Bb. Socorro Hilario Timbol nang siya ay aking tanungin sa kanyang nalalaman ukol sa kanyang lolong si Procopio Hilario, Sr. noon pang Ika-23 ng Pebrero 2003, bago siya mag-ulyanin. Si Lola Oda, anak ng anak ni Procopio na si Rosario, ay dating direktora ng isa sa mga paaralang aking pinasukan, ang Tarlac First Baptist Church School at pinsan ng aking lola sa ina. Sa gulang na 87 noong mga panahong iyon, tila hirap na hirap siya sa pagpulot mula sa kanyang lumalabong memorya ng impormasyon ukol sa kanyang lolo.

Ayon sa kanya, si Don Procopio Hilario ay tubong Bakulod (Bacolor), Pampanga. Kapatid niya sa ama ang mga abogadong sina Don Cecilio at Heneral Tiburcio, ang huling utak ng himagsikan sa Pampanga. Anak siya nina Don Anastacio Hilario, isang abogado sa Maynilang tubong Bulacan, at ng kanyang pangalawang asawa (Soriano 1996, 12). Siya raw ay kumuha ng abogasya sa *Liceo de Manila* habang nagtatrabaho bilang isang *escribano* (*working student*). Bukod sa maganda ang sulat, siya’y magaling sa Kastila kaya naman kinuha siya ng pamahalaan. Maalam rin diumano siya sa literatura (Socorro Hilario Timbol, panayam, 23 Pebrero 2003).

Kamakailan lamang, aking dinayo ang apo ng kapatid sa ama ni Don Procopio na si Evangelina Hilario-Lacson sa kanyang lumang bahay sa Magalang, Pampanga. Si Gng. Lacson ay 89 na taong gulang na subalit buo pa rin ang alaala ng mga kinagisnang kwento ukol sa kanyang angkan na lahi ng mga bayani sa Pampanga. Ang kanyang lolo ay si Heneral Tiburcio Hilario at ang kanyang ama naman na si Zoilo Hilario ay kilalang manunulat, abogado, mambabatas at tagapagtaguyod ng masa sa mga unang kalahati ng Ika-20 siglo.

Pinangalanan ni Gng. Lacson ang tatlong kapatid ng kanyang lolo sa ibang ina—Silverio, Procopio and Laureana. At bagama't nanirahan na sa Tarlac si Don Procopio at pinakasalan pa si Carmen Tañedo na kapatid ni Don Kikoy Tañedo, patuloy pa rin ang pagbisita ni Don Procopio sa mga kapatid na nasa Pampanga. Ayon pa sa kanya, kilala siyang isang taong masayahin, palakaibigan at madaling magustuhan. At ang pagiging *escribano* niya ay katumbas ng pagiging *fiscal* o *clerk of court* sa kasalukuyan dahil mataas ang pagtingin sa mga *escribano* noong panahon ng mga Español (Evangelina Hilario Lacson, panayam, 26 Agosto 2005).

Ang pagsasama nina Don Procopio at Doña Carmen ay nagbunga ng mga anak na sina Candelaria, Benigna, Procopio, Tiburcio at Rosario.

Masoneriya at ang Himagsikang 1896 sa Tarlac

Soberania Monacal (Monastic Supremacy) - ito ang terminong ginamit ng repormistang si Marcelo H. del Pilar sa paghahari at pang-aapi ng mga fraile dito sa Pilipinas. Nagkakamal sila ng limpak-limpak na salapi at kumakamkam ng lupang gamit ang ngalan ng Maykapal. Kaya naman ikinampanya ng mga ilustradong tulad niya, na upang umunlad raw ang Pilipinas, kailangang patalsikin ang fraile (del Pilar 1889/1958). At upang maipakita ang kagustuhan nilang magkaroon ng alternatibo mula sa iglesia ng mga Español, na siya rin namang kasabwat ng pamahalaang Español sa pang-aapi, lumaganap ang kilusang masoneriya sa mga Ilustrado lalo na sa mga edukadong lumalaban sa pananakop ng mga Kastila. Matagal nang nilalabanan ng Simbahang Katoliko ang kilusang masoneriya sa maling paratang na ito ay hindi tumatalima sa aral ng simbahan at hindi naniniwala sa Diyos.

Ayon sa isang talumpati ng mga mason sa Europa, ang masoneriya ay pinakadakilang kapahayagan ng demokrasya at ang mga prinsipyo nito ng *Libertad*, *Ygualdad* y *Fraternidad* ay dapat ipalaganap upang makamit ang reporma mula sa pagiging kawawang kolonya ng España. Si del Pilar mismo sa kanyang talumpati ang nagsabing dapat na maisakatuparan ang masoneriya sa buong Pilipinas upang magkaroon

ng pagmamahal sa kalayaan at pagkakapantay-pantay (ibid., 29-37). Ang Lohiya Solidaridad na kinabibilangan nila del Pilar, José Rizal, Graciano Lopez Jaena, Mariano Ponce, at iba pa ay nagpetisyon sa Cortes ng Espanyang magkaroon muli ng representasyon ang Pilipinas sa kanilang Batasan.

Noong Enero ng 1891, wala pang isang taon nang makauwi ang ilustradong si Pedro Serrano, itinatag niya ang Lohiya Nilad at sa mga sumunod na buwan, nagbunga ito ng mga bagong kasapi. Isa sa mga unang naging kasapi na mula sa Pampanga ay si Don Cecilio Hilario, kapatid ni Don Procopio, na sumali noong Abril ng taong nabanggit (p. 50).

Matapos bumalik ni Rizal sa Pilipinas na may kasamang dalawang mason mula sa Hongkong noong ika-27 ng Hunyo 1892, sinubukan niya ang bagong *ferro-carril* pahilaga. Tumungo siya sa Tarlac, subalit dumalaw muna sa Malolos at San Fernando. Nakipag-usap sa kanya nang lihim ang ilang pinuno ng mga kilusang makabayan (Joaquin 1996, 283-4). Binubuo niya sa mga panahong ito ang kilusang *La Liga Filipina*, isang samahang sibiko. Ngunit ayon sa nakalap na impormasyon ng mga Kastila sa mga tahananang kanyang binisita, nais daw ni Rizal na magtayo ng mga lohiya ng masoneriya (Cojuangco 1997, 88-9).

Ayon kay Bb. Timbol, at sinang-ayunan pa ng kanyang pinsang si Florentina Hilario, naikwento daw sa kanilang kasama si Don Procopio sa binisita ni Rizal sa paglalakbay na iyon (Socorro Hilario Timbol, panayam, 23 Pebrero 2003; Florentina Hilario, panayam, 9 Marso 2003).

Nakilala ni Rizal ang mga Hilario sa pamamagitan ng Kapampangang si Valentin Ventura (Soriano 1996, 12), na maaalalang siya ring nagpondo ng pagkakalathala ng pangalawang nobela ni Rizal, ang *El Filibusterismo*. May naiwang kapatid si Valentin sa Pampanga, si Dr. Balbino Ventura. Sumusulat siya ng regular sa kapatid ukol sa saloobin ng mga Kapampangan niyang kaibigan, kabilang na ang mga Hilario, laban sa mapang-aping mga Kastila. Binibigyan niya rin ang magkapatid na Hilario ng *La Solidaridad*, ang pahayagan ng mga reformista (ibid.).

Nakipagkita si Rizal sa magkapatid na Don Cecilio at Don

Tiburcio Hilario sa San Fernando, Pampanga noong ika-27 ng Hunyo, 1892, pagkatapos noon ay tumulak siya pa-Tarlac upang makipagkita kay Don Procopio (ibid., 9, 12). Ngunit ayon kina Filomena Hilario Gwekoh at Zoilo Hilario sa isang interbyu noong ika-1 ng Marso 1956, nasa Maynila si Don Procopio nang makarating sa Tarlac si Rizal. Ang nakipagkita kay Rizal sa Tarlac ay ang mga Puno at ang mga Villafuerte. Nagkita rin sina Don Procopio at Rizal sakay ng isang bapor sa Calumpit, Bulacan (ibid., 35).

Naging mason si Don Procopio (Cojuangco 1997, 89). Maaaring sabihing naimpluwensyahan siya ng kanyang kapatid na si Don Cecilio at ng kanyang bayaw na si Don Kikoy Tañedo na isa sa mga nagtatag ng unang lohinyang masoniko sa lalawigan ng Tarlac, ang *Logia Filipino Gran Nacional Orient*.³ Ayon kay Atty. Bor de Jesus, isang beteranong pulitiko sa Tarlac na may angking interes sa mikro-kasaysayan, marami sa mga panginoong maylupa noon, tulad ni Don Kikoy, ang nakilahok sa himagsikan. Anya:

Contributor sa Kilusan ng Katipunan noong araw ‘yang si Francisco Tañedo, *supporter* din yan. Natural naman noong mga panahong iyon yung mga mayayaman, pumanig na sa *Filipino Revolution.... Almost the rich people* naman in Tarlac *were revolutionaries*. Basta meron ka noon *and you can handle at least the kasamas, then you are an officer of the revolution.*” (Bor De Jesus, panayam, 18 Setyembre 2005)⁴

Malaki ang ginampanan ng masoneriya sa paglaganap ng Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK o Katipunan) sa Tarlac. Ang mga namuno sa lohinyang masoniko ang siya ring namuno sa lokal na kilusang Katipunero. Si Don Kikoy at isa pang lider, si Procopio Evangelista na *capitan municipal* ng bayan ng Anao, ay ilan lamang sa mga itinuturing na responsable sa pagdadala sa lalawigan sa landas ng himagsikan (Dizon 1997, 67; Cojuangco 1997, 89). Kasama nila sina Francisco Makabulos, Procopio Hilario, Ciriaco Santos, at Candido Ancheta (Catu 1973, 3).⁵ Kaya naman, pagputok na pagputok ng himagsikan noong Agosto 1896, isa ang

Tarlac sa walong lalawigang unang naghimagsik. Katunayan nito ay ang pagiging kabilang ng Tarlac sa walong lalawigan na pinatawan ng batas militar ni Gob. Hen. Ramon Blanco (Dizon 1997, 2). Dahil sa pagsisikap ng mga masonikong ito, nakilala ang Tarlac sa kanyang papel bilang isa sa mga nagpasimuno ng himagsikan sa Pilipinas, at nakasama pa sa walong sinag ng araw sa ating bandila.

Noong Ika-14 ng Disyembre 1896, isang araw pagkatapos maupo ng Gobernador-Heneral na pinaboran ng mga fraile, si Camilo de Polavieja, marami sa mga Anak ng Bayang nabilanggo mula sa Tarlac ang dinala sa Bagumbayan upang barilin (Kalaw 1989, 29). Isa na rito ang mason na si Procopio Evangelista. Mula noon, halos araw-araw nang may binibitay-labing-anim na araw bago bitayin si José Rizal (Cojuangco 1997, 89).

Ang ganitong kapalaran rin ang sasapitin nina Don Kikoy Tañedo at Don Procopio Hilario.

Lumalabong alaala o tuwirang paglimot

Madali raw makalimot ang mga Pilipino. Noong una, ninais kong makilala nang lubos sina F. Tañedo at P. Hilario. Hindi pala ganun kadali. Marami akong mga kaanak na kinapanayam subalit ilan lamang ang nakakilala, iba-iba pa ang sinasabi. Mahirap na ngang lubos na makikilala ng Tarlac ang dalawang bayaning ito dahil hirap na makaalala kahit mismong mga kamag-anak nila.

Ano ang kadahilanan ng pagkalimot na ito?

Bago ko isulat muli ang papel na ito, ang nais kong tingnang salik na nakapagpalimot sa kanila ay ang paghina ng impluwensya ng masoneriya sa bansa, ayon sa suhestiyon ng aking tanyag na propesor na si Dr. Jaime B. Veneracion. Matatandaang sa panahon ng ikalawang dekada ng Ika-20 siglo, maraming prominenteng mga personalidad ang tumalikod sa masoneriya at bumalik sa pagiging Katoliko nang muling makabalik ang impluwensya ng simbahan sa bansa. Isa na rito si Manuel Luis Quezon. Maaaring isiping ang panahong ito ay nakaapekto sa alaala ng mga Katipunerong mason na sina Don Kikoy at Don Procopio.

Ngunit ayon kay Prop. Rene Escalante, hindi dapat ipagkamali ang

masoneriya sa Katipunan. Bagama't may pagkakataong ang dalawang organisasyon ay tuwirang nagtulungan, di naglaon ay naghiwalay rin sila ng landas dahil sa kaibahan ng kanilang mga paniniwala. Nanatiling repormista ang masoneriya, habang naging radikal ang Katipunan. Makikita ito sa pag-iwas ng maraming mason sa pagputok ng himagsikan. Nang madiskubre ang Katipunan, sinisi ng mga fraile ang masoneriya at maraming mga mason ang tinugis. Upang panatilihin ang mga lohiya, umiwas sila sa pakikisangkot. Makikita ito nang ipahayag ni Ambrosio Flores na nagsabing taliwas ang karahasan sa paniniwala ng mga mason at binalaan ang lahat ng kanyang mga kasama na huwag makikilahok sa kahit anong paraan sa paghihimagsik. Naniniwala pa rin silang reporma ang kasagutan at hindi karahasan (Escalante 1997, 92-7). Masasabing sa panahon na kinailangan sila ng kanilang mga kasamang Katipunero, ilan sa mga mason ay nag-ala Poncio Pilato. Kaya kung humina man ang masoneriya matapos ang himagsikan, hindi nangangahulugang makakalimutan rin ang mga masonikong sumama at nagpakabayani sa Katipunan.

Sa kalaunan ng aking pagtatanung-tanong sa mga kaanak nina Don Kikoy at Don Procopio, natuklasan kong mas simple pala ang dahilan ng paglimot sa buhay ng kanilang mga kaanak: Ang pananahimik at hindi pagsasalaysay.

Ayon kay Gng. Evangelina Hilario Lacson, hindi niya malalaman ang kwento ng kanyang mga lolo kung hindi nagkwento ang kanyang lola. Naging tahimik ang kanyang amang si Zoilo Hilario ukol sa karanasan ng kanyang ama at mga tiyo noong himagsikan:

...parents have not been recounting their experiences to their children. They kept things to themselves. I don't know why the Filipino parent is like that. He does not want to impress his children with his exploits when he was young. I don't know if that's humility or the fear, lest their offspring would be.... If our grandparents were quiet about their experiences. We would not know anything. (Evangelina Hilario Lacson, panayam, 26 Agosto 2005)

Iba't iba ang kadahilanan ng tuwirang pananahimik ng maraming

mga tao ukol sa himagsikan. Maaaring masakit ang naging karanasan ng mga nabuhay noong panahong iyon. Sa kaso ng mga kaanak ni Don Kikoy na isang panginoong maylupa, may opinyon si Atty. de Jesus:

“The Tañedos are very conservative. If you look at their character, they were always on the low profile. It’s only Mike (Tañedo) who is in a high profile now.... In other words, normally a landed or a rich person would not like the son to go into politics or revolutionary activities to concentrate on their family heirlooms and family landholdings. Not to get involved in politics where he would have to throw money. Not be involved in adventurism like going to the military and revolution and forget about your place. There are even times when they have to inter-marry their cousins so that their property becomes intact. These are the conservative type, that’s why it is very normal for the Tañedos not to mention this to his children so that they will not be inspired to go into it. Because if everybody’s going, who will handle the property.... (Bor De Jesus, panayam, 18 Setyembre 2005)

Maliwanag na makikita ang sentimiyentong ito sa sinambit na kataga ni Lola Oda tungkol sa kanyang mga lolo: “Bakit n’yo sinusulat ‘yan? Mga gago ‘yang mga lolo kong ‘yan! [Kami sa pamilya,] kung minsan, may *insanity for heroism*. Darating ang panahon, ayaw na [ng mga taong] sumulat tungkol sa mga bagay na ito” (Socorro Hilario Timbol, panayam, 23 Pebrero 2003).

Ngunit hindi lamang pananahimik ng mga pamilya ang dahilang binabanggit ni Atty. De Jesus. Ayon pa sa kanya, ang pananahimik at hindi pagpapakita ng pagmamalasakit sa nakaraan ng pamahalaang lokal ng Tarlac ay may kagagawan din sa pagpapalabo ng alaala ng mga bayaning Tarlaqueño:

...and also the failure of members of the council. During our days, meron pang kaunti e. There is such thing as

a committee on special events. Special events mean honoring of heroes, prominent people, etc. etc., necrological services to dead members of the council. Special events committee takes care for that. Now wala na e. Wala na e... (Bor De Jesus, panayam, 18 Setyembre 2005)

At ang huling salik na nakakapagpapalabo sa alaala ng mga bayaning Tarlaqueño ay ang pananahimik ng paaralan at ng sistemang edukasyunal ukol sa sariling mikro-kasaysayan:

‘Yong generation natin, they failed to inculcate into the minds of our students what their ancestors who built this town. What comes out, prominent among them, was of the national heroes like José Rizal, everybody knows José Rizal, but now our teachers don’t mention about Procopio Hilario or even Francisco Macabulos for that matter. Well, he is our Tarlac hero. And yet they know about Andres Bonifacio and many others. That is why, accomplishments of these people are forgotten which are supposed to be more inspirational than the national heroes. Because the nationals are very far away while these Ciriaco Santos, Francisco Tañedo, their acts can be done by anyone of us because we’re here. So if they, one time, walked on Tarlac soil, we also walk in Tarlac soil. We can do what they have done or much better. But maybe it’s the fault of education. Unlike Japanese, they are more or less ancestral worshippers, so they know exactly who was this and this. Tayo hindi e...” (ibid.)

Ayon din kay Atty. De Jesus, napupulitika rin ang mga bayaning lokal, at maaaring maging sanhi ng paglimot sa kanila. Aktibo sa pulitika ang kaanak na si Mike Tañedo, na nakalaban ng kasalukuyang alkalde ng lungsod (2005). Kaya maaaring ang pulitika rin ay maging sanhi ng paglimot. Ayon kay Atty. De Jesus:

“Although there are sometimes civic minded people who try to retrieve from records outstanding Tarlaqueños. They are honored. But sometimes they become political. The enemy of this camp, would not mention the name of this fellow even though he is more prominent than the other, for purposes of not bringing up the family name of this individual, may halong selfishness. They will honor this, but because this person is related to his political enemy, they will not include them.” (ibid.)

Bagama’t maraming nawalang alaala sa mga limot na mga bayaning ito, ginugunita pa rin ng kanilang mga kaanak ang kanilang papel sa kasaysayan ng Tarlac. Taun-taon, nagsasama-sama ang mga Tañedo upang ipagdiwang na sila’y nabibilang sa angkan ng mga namuno at namayani sa Tarlac sa loob ng 200 taon. Pinalad ako na makapunta sa ganitong klaseng pagtitipon noong Ika-2 ng Marso, 2003, at dumating sa pagkakataong ito ang isa pang kaanak, si Senador Tessie Aquino-Oreta. Kinuha ko ang pagkakataong ito upang tanungin ang mga kaanak ng mga Tañedo kung ano ang kanilang masasabi na kabilang sila sa pamilyang ito.⁶

Primo Tañedo, 74 taong gulang: “Kung minsan talagang naipagmamalaki mo, yung mga pinanggalingan mo, may sinasabi, at mararangal na tao!”

Dr. Jerome Lapeña, *City Health Officer* ng Lungsod ng Tarlac: “Siyempre *proud* ka rin, *it’s an honor* na galing ka dun sa pamilyang iyon...at siguro sa darating pang mga henerasyon ay marami ding mga sisibol na mga kamag-anak na puedeng mamuno rin dito sa ating syudad.”

Candido “Amang” Guiam, dating gobernador ng Tarlac: “Nais naming dalhin ang tradisyon ng pagmamahal sa bayan ng aming mga ninuno.”

Marami sa kanilang mga kaanak na nakakabatid ng dakilang nakalipas ng mga nauna sa kanila ay tila dinadala ang karangalan sa iba’t ibang larangan na kanilang pasukin. Ilan lamang sa mga ito sina Procopio Hilario [Jr.] na anak ni Don Procopio, na naging guro mismo ni Atty. De Jesus sa Español sa Tarlac National High School

at sa maraming pagkakataon nagnais na manilbihan bilang alkalde ng Tarlac subalit laging natatalo. Ayon kay Atty. De Jesus, si *Apong* Procopio ay mabait, matulungin at hindi gahaman.⁷ Ang mga apo ng rebolusyunaryong si Procopio tulad nina Milagros Hilario Timbol-Anunciacion ay namayagpag din bilang isang manunulat sa Pilipinas at sa Amerika habang ang kanyang kapatid na si Socorro Hilario-Timbol ay naging isang kilalang guro at direktora ng Tarlac First Baptist Church School.

Ang pamangkin naman ni Don Procopio sa Pampanga na si Zoilo Hilario ay naging tanyag na mambabatas ng mga masang mahihirap, at ang kanyang mga anak na sina Rafaelita at Evangelina ay namukodtangi rin sa mga karerang kanilang pinili. Si Rafaelita Hilario-Soriano ay naging diplomat na nakibahagi sa SEATO at sumulat ng tala ukol sa buhay ng kanyang mga lolo—*A Shaft of Light* (cf. Soriano 1996), habang si Evangelina Hilario-Lacson ay isang manunulat ukol sa Literaturang Kapampangan, guro, at ang payunir na tagapag-organisa ng mga *field offices* ng Social Security System. Dahil sa “hindi mapantayang” ambag ng buong angkan ng mga Hilario sa Kasaysayan ng Pampanga, sila ay pinarangalan nang maging Lungsod ang San Fernando sa pamumuno ni Alkalde Rey Aquino (Evangelina Hilario Lacson, panayam, 26 Agosto 2005).

Bagama’t marami ang naging mga propesyunal, marami rin naman sa mga angkan ng Tañedo ang hindi nagpasaway at pumasok sa pulitika, tulad nina dating Bise-Alkalde Miguel “Mike” Tañedo, dating Senador Eva Estrada-Kalaw at ang dating Senador Benigno “Ninoy” Aquino, Jr.

Halimbawa sila ng mga taong nakababatid ng kanilang nakaraan at ng kahalagahan ng kasaysayan upang kilalanin ang sarili at ang kayang maabot. Sapagkat sina Don Kikoy at Don Procopio ay mga ordinaryong mamamayang tumugon sa hamon ng pagkakataon at naging mga bayani. Nagpapatunay lamang ito na lahat tayo ay may kakayahang maging bayani sa ating sariling mga kaparaanan.

At kahit na malabo na ang alaala, subukan nating gunitain ang kabayanihan ng ating dalawang bida, nang sa gayon ay mabuhay sila hindi lamang sa ating mga kalye, kundi pati na rin sa ating puso at isipan.

Kabayanihan

Inatasan ni Hen Emilio Aguinaldo si Don Kikoy Tañedo na magtatag ng isang yunit ng rebolusyunaryong pamahalaan (Cojuangco 1997, 89). Malamang sa malamang, naging katulong niya ang kanyang bayaw na si Don Procopio sa mga gawain ng himagsikan sa Tarlac, pangunahin na ang pag-oorganisa).⁴⁸ Dalawa sila sa mga lider rebolusyunaryo sa ilalim ni Hen. Francisco Makabulos y Soliman (Lino Lenon Dizon, panayam, 16 Marso 2003).

Sa ilang mga talang pangkasaysayan matapos ang himagsikan, binabanggit ang kanilang mga pangalan bilang mga Tarlaqueñong mason na pawang pinatay nang dahil sa Katipunan (Cruz 1922).

Dahil hindi naipasa ang kanilang kwento, may ilang mga bersyon ang lumabas kung paano sila namatay.

Nang aking unang makapanayam ang kaanak na si dating Bise-Alkalde Mike Tañedo sa reunion ng mga Tañedo noong 2003 (Kung saan kabilang ang mga Hilario), kanyang binanggit na naging biktima si Don Kikoy Tañedo ng alitan nina Hen. Emilio Aguinaldo at Hen. Antonio Luna (mga 1899). Ayon sa kanya, “Si Francisco Tañedo ay naging gwardiya ni Hen. Luna...at inambus ng mga tauhan ni Hen. Aguinaldo.” Tila ito rin ang binabanggit ni Rafaelita Soriano, na si Don Kikoy, kasama si Don Procopio, ay biktima diumano ng mga tagasunod ni Hen. Aguinaldo dahil sa kaugnayan nila kay Hen. Luna (Soriano 1996, 12).

Subalit, nang magbalik ako kamakailan sa dating bise-alkalde, nagdagdag siya nang nalalamang detalye:

F. Tañedo, general ni Juan (sic) Luna. They stayed in Tarlac, passing by Tarlac, F. Tañedo was with Servillano Aquino, with Gen. Emitterio Lapus, I think one of the Villafuertes and Procopio Hilario. To be believed, kasi Procopio Hilario, yung mga tao niya, silang pumatay dun kay F. Tañedo. Rumor yun na silang pumatay because of Antonio Luna's wealth, may pinag-aawayan na wealth nun e.... Because it was a battle of generals.

Tila hindi ko mapaniwalaan ang aking narinig. Ang aking pilit na pinagsasama sa akdang ito bilang magkatuwang sa pagpapalaganap ng himagsikan sa Tarlac ay magkatunggali, at hindi lang simpleng magkatunggali kundi nagpatayan pa! Naisip kong dapat pala imbes na pagkaisahin ay dapat ipagsabong ko ang ating dalawang bida. At dahil hindi ako mapakali, niliwanag kong muli kay G. Mike Tañedo kung talagang sa tingin niya ay kayang gawin ni Don Procopio ito sa kanyang bayaw na si Don Kikoy? Ang kanyang kasagutan:

We cannot say, that is the rumor, ang mga sinasabi ng mga lolo-lola namin. Hindi naman si Procopio, kundi men under Procopio Hilario, squadron yan e. Antonio's wealth ang pinag-uusapan. Bulk of Antonio's wealth went to the Cojuangco's.

Ipinagtanggol niya ang kanyang kwento sa pagsasabing, “Kasi yung mga ibang *historian* kasi, alam mo na, may facts. Hindi naman *by facts*, sa kanila, *by hearsay* lang, pero kasi ang nakakausap ko yung lolo ko, si Emilio Tañedo.”

Subalit iba ang makikitang konklusyon base sa mga tala: Hindi na umabot sina Don Kikoy Tañedo at Don Procopio Hilario sa taong 1899, at hindi maaaring nagkatunggali sila dahil sa yaman ni Hen. Luna noong 1899 sapagkat sila ay pumanaw na noon pa lamang unang bahagi ng himagsikan (1896-1897).

Ayon sa mga Hilario, dahil sa kaugnayan niya sa himagsikan, si Don Procopio ay binaril (Socorro Hilario Timbol, panayam, 23 Pebrero 2003). Sinasang-ayunan ito ng palagay ng pamosong lokal na historyador ng lalawigan ng Tarlac, Prop. Lino Lenon Dizon, na malamang kasama ni Don Procopio sina Procopio Evangelista at iba pang mga Tarlaqueñong rebolusyunaryo at mason na binaril sa Bagumbayan noong Ika-14 ng Disyembre 1896 sa kanilang kaugnayan sa himagsikan (Lino Lenon Dizon, panayam, 16 Marso 2003)

Si Don Kikoy naman, ayon sa mga datos at ayon mismo kay Marcos Tañedo na sumulat ng isang Kasaysayan ng Tarlac at ng mga Tañedo noong 1956, ay nagkaroon ng hidwaan sa isang *guardia civil*, kaya naman sinalakay ang kanyang tahanan (Tañedo 1956, 31-2; Dizon

1997, 73). Nasukat ang kanyang katapangan nang tanungin siya ukol sa mga gawain rebolusyunaryo ng masoneriya, sa kabila ng pagpapahirap, tumanggi siyang ipagkanulo ang kanyang mga kapatid na mason. Pinahirapan siya hanggang mamatay (Catu 1973, 3; Dizon 1997, 73; Cojuangco 1997, 89).⁹

Malamang sa malamang, bago pa lamang ang Enero ng 1898 napatay na si Don Kikoy, dahil sa ikatlong linggo ng buwan na nabanggit, sinabi ni Hen. Francisco Makabulos sa isang sulat kay Padre Bernardo Martinez, OSA na kaya patuloy ang kanyang pakikipaglaban sa mga Kastila sa kabila ng pakikipagkasundo ni Aguinaldo sa Biak-na-Bato, ay dahil sa pagkamatay ni Don Kikoy (Lino Lenon Dizon, panayam, 16 Marso 2003). Ninais din ng mga tagasunod at kapamilya ni Don Kikoy na ipaghiganti ang maagang kamatayan ng kaanak kaya binalak nilang kubkubin ang bayan ng Tarlac mula sa mga Español (Tañedo 1956, 32).

Kahit walang ispesipikong tala ukol sa dinanas na hirap ng mga bayaning sina Don Kikoy Tañedo at Don Procopio Hilario, may mga tala ukol sa karaniwang paraan ng pagpaparusa at pagbitay ang ginagawa ng mga Español sa kanilang mga bihag noong mga panahong iyon. Ito ang isang tala ng maaaring kanilang dinanas:

Ang mga parusang iginawad sa mga hinuli ay mahaba at may kahirapang isa-isahin ngunit ang karaniwan ay huwag pakainin ng magha-maghapon, paluin sa talampakan, palakarin sa munggo, ibitin ng patiwarik at biglang ibagsak, paluin ng palasan (makapal na yantok) nang patihaya, duruin ng aspile ang kukó, inisin sa mga bartolina na magha-maghapong nakatayo, ilubog sa balon at maka-sandali ay hanguin, at iba't iba pa. Sa katapus-tapusan, ay barilin (Cruz 1922).

Batay sa iba pang mga nakasulat na dokumento, inisa-isa ni Teodoro M. Kalaw ang mga pagpapahirap na ito:

1. Pagkukulong ng daan-daang tao sa maliliit na karsel sa ilalim ng lupa upang mamatay sa pagkainis; 2. Pilit na

pagpapainom ng maraming tubig sa mga bilanggo; 3. Paglason sa pamamagitan ng tasa-tasang kapeng may lason; 4. Pagtusok ng matulis na kahoy sa pagitan ng kuko at laman ng daliri; 5. Pagpalo. Pagbibitin sa mga bilanggo sa loob ng dalawampu hanggang tatlung minuto at pagkatapos ay pababayaan silang bumagsak dahil sa sariling bigat; 6. Pagkayod sa balat ng talampakan sa pamamagitan ng walang patid na pagpalo, at pagkatapos ay piliit palalakaran ang bilanggo sa buhanginan, at di mabilang pang ibang pahirap na sinumpa ng lathalaan ng ibang bansa (Kalaw 1989, 16).

Nang hilingin ng pagkakataon ang kanilang kabayanihan, ibinigay nina F. Tañedo at P. Hilario ang kanilang makakaya para sa kalayaan ng ating bayan—pati kanilang kabataan at kanilang buhay ay kanilang inalay upang ipaglaban ang kalayaang tinatamasa natin ngayon. Sa panahong ito, ang tawag ng pagkakataon sa ating mga Pilipino, lalong-lalo na sa mga kabataan, ay ang makipagtulungan sa pagpapaunlad ng ating bayan. Gawin lang nating maayos ang ating mga gawain at propesyon—sa ganitong paraan, ipinapakita na nating lahat ang ating pagmamalasakit sa bayan. Ang pagtugon sa tawag ng panahon ang siyang diwa ng kabayanihang marapat lamang nating panatiliin sa ating buhay at sa ating puso bilang mamamayan ng bayan, at ng bansa.

Ayon nga kay Gng. Lacson sa pagbabalik tanaw sa kabayanihan ng kanyang mga ninuno, “[They] died early... [But t]hey were able to perform their heroic deeds within the limited time” (Evangeline Hilario Lacson, panayam, 26 Agosto 2005).

[P.S.: Kamakailan lamang, mga taong 2002, naglagay ng plakeng pang-alaala para kay Francisco Tañedo ang kanyang mga kasamang mason sa Tarlac sa kanyang kalsada sa harapan mismo ng Katedral ni San Sebastian. Subalit nang akin itong balikan, ito ay nawawala na, maaaring ninakaw. Nagpapakita ng marami pang ibang ninakaw na mga alaala.]

Talahuli

1. Sa barriong ito lumaki ang pamilya ng aking ina—ang mga Briones.
2. Mali raw ito ayon kay G. Mike Tañedo. Ang Tarlac ay nanggaling raw sa salitang malatarak, Español para sa “bad weapon”—isang sibat na gawa sa tubo pampatay ng mga aeta sa mga mababangis na hayup. Hindi raw talahib ang nakabalot sa Tarlac noon kundi mga tubo.
3. Mula sa plakeng dating nakalagay sa ilalim ng poste sa kalyeng F. Tañedo na ipinagawa ng mga mason ng Lohiya Isagani No. 96. Cf. Cojuangco, Margarita delos Reyes, *Tarlac: Prehistory to World War II* (Tarlac, Tarlac: Tarlac Provincial Government, 1997), 89.
4. Ito ay sinang-ayunan ni Nick Joaquin, *The Aquinos of Tarlac: An essay on history as three generations* (Mandaluyong: Cacho Hermanos, 1983), 35.
5. Cf. Lino Lenon Dizon, “The cabecera of Tarlac (an offertory of historical notes).” Online, Internet: Available URL: http://www.geocities.com/balen_net/cabecera.htm.
6. Lahat ng panayam ay ginawa sa reunion ng Angkang Tañedo na ginanap sa Tañedo Farmhouse, San Isidro, Lungsod ng Tarlac.
7. Ilang talata mula kay Atty. Bor de Jesus tungkol kay Apong Procopio Hilario, anak ni Don Procopio, na kanyang naging guro sa Spanish sa Tarlac Provincial High School, Batch 1953: Every election time, he ran for mayor, he’s always defeated, no surrender. I don’t know how serious he was campaigning but his name was always there. Very kind, as far as kindness is concern. He’s not a terror. He just passed all his students. During his days, he seems not to be interested so much in teaching, he just passed all. He’s not a disciplinarian or whatever, like the other teachers who use penalties to bore the students to make up, but in the case of Apong Procopio, he does not give a damn. That’s why he was loved by the students, because he does not scold, he does not give bad grades, everybody’s passing. Maybe his subject, the Spanish, is not so much of importance, that’s why (unintelligible). I think [he could have been a good mayor] because apparently Apong Procopio is not a greedy man. He’s more of a public servant, very simple man. If you only listen to him, his obsession in running for mayoralty is to put discipline and order in the governing of this municipality. He was not an

ambitious man that wants to go up... He was a simple man who wanted only to help the town. He was a philanthropist, he easily donates, give away many thing when people go to his place, knowing that they will not vote for him but he still gives. So generally he's a kind man, but when he was running for mayor, he was out of his time. Wala na siya sa time niya, so people did not take him seriously anymore.

8. Candido Guiam, panayam, 2 Marso 2003. Ito raw ang laging ikinukwento sa kanya ng kanyang mga ninuno.
9. Tingnan din ang plakeng nakalagay sa ilalim ng poste ng kalyeng F. Tañedo:

Isagani Lodge No. 96 F & AM, Masonic District no. 35.

This street is dedicated to the illustrious Bro. Francisco Tañedo, patriot and martyr, one of the founders and member of Logia Filipino Gran Nacional, the first Masonic lodge organized in the province.

Responsible for the establishment of a unit of the revolutionary government in Tarlac, he was tortured to death by the guardia civiles for refusing to implicate brother freemasons involved in the revolutionary movement against the Spanish rule.

Mga sanggunian

Mga nailathalang babasahin:

- Catu, Vicente. 1973. How Tarlac streets got their names. *The Monitor*, 4 February, 3.
- Cojuangco, Margarita delos Reyes. 1997. *Tarlac: Prehistory to World War II*. Tarlac, Tarlac: Tarlac Provincial Government.
- Cruz, Hermenigildo. 1922. *Ang Aklat ni Andres Bonifacio*. Maynila.
- Del Pilar, Marcelo H. Monastic supremacy in the Philippines.
- Dizon, Lino Lenon. 1997. *Tarlac and the revolutionary landscape*. Tarlac: Center for Tarlaqueño Studies, Tarlac State University; Holy Cross College.
- _____. N.D. The cabecera of Tarlac (an offertory of historical notes). http://www.geocities.com/balen_net/cabecera.htm.
- Escalante, Rene R. 1997. Philippine Masonry and the 1896 Revolution. *Sa Pithaya* (Lungsod ng Quezon: UP Departamento ng Kasaysayan;

- Maynila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining) 76-97.
- Joaquin, Nick. 1996. *Rizal in saga: A life for student fans*. Manila: National Centennial Commission.
- _____. 1983. *The Aquinos of Tarlac: An essay on history as three generations*. Mandaluyong: Cacho Hermanos.
- Kalaw, Teodoro M. 1989. *Ang himagsikang Pilipino*, salin ni Virgilio S. Almario. Maynila: Pambansang Suriang Pangkasaysayan.
- _____. 1956. *Philippine Masonry: Its origin, development, and vicissitudes up to present time (1920)*, salin sa Ingles nina Frederic H. Stevens at Antonio Amechazurra. Maynila: McCullough Printing Company.
- Soriano, Rafaelita Hilario. 1996. *A shaft of light*, revised editon. Lungsod Quezon: Printon Press.
- Tañedo, Marcos. 1956. Makuyad a kasalesayan o (historia) kñg pangatatag ning balen Tarlac a ngeni meguing lalawigan (provincia)/ Maikling kasaysayan o historia ng pagkakatatag ng bayang Tarlac na ngayo'y naging lalawigan. Di pa nailalathala.
- Timbol-Anunciacion, Milagros Hilario. 1987. *Sunrise at 32B: A collection of poems*. San Francisco, California: Sunrise Books.

Mga kinapanayam:

- De Jesus, Atty. Bor, beteranong pulitiko sa Tarlac na may angking interes sa mikro-kasaysayan ng lungsod. San Sebastian, Lungsod ng Tarlac, 18 Setyembre 2005.
- Dizon, Prop. Lino Lenon, tanyag na historyador ng Tarlac, 43 taong gulang. #2 JPE Apartments, San Sebastian Village, Lungsod ng Tarlac, 16 Marso 2003.
- Guiam, Hon. Candido "Amang," dating gobernador ng lalawigan ng Tarlac at kaanak ni Francisco Tañedo, 78 taong gulang. Tañedo Farmhouse, Lungsod ng Tarlac, 2 Marso 2003.
- Hilario, Bb. Florentina, apo ni Procopio Hilario, 80 taong gulang. Balibago I, Lungsod ng Tarlac, 9 Marso 2003.
- Lacson, Gng. Evangelina Hilario, apo ng kapatid ni Procopio Hilario, si Hen. Tiburcio Hailario at anak ni Zoilo Hilario, 89 taong gulang. Lacson Ancestral House, Magalang Pampanga, 26 Agosto 2005.

Lapeña, Dr. Jerome Hilario, kasalukuyang city health officer ng Tarlac at apo ni Procopio Hilario, 39 na taong gulang. Tañedo Farmhouse, Lungsod ng Tarlac, 2 Marso 2003.

Tañedo, Hon. Miguel "Mike," dating bise alkalde ng Lungsod ng Tarlac at kaanak ni Francisco Tañedo. Tañedo Farmhouse, San Isidro, Lungsod ng Tarlac, 2 Marso 2003, at 3 Setyembre 2005.

Tañedo, G. Primo, kaanak ni Francisco Tañedo, 74 na taong gulang. Tañedo Farmhouse, Lungsod ng Tarlac, 2 Marso 2003.

Timbol, Bb. Socorro Hilario, apo ni Procopio Hilario, 86 na taong gulang. Denny Hill Townhouses, Carangian, Lungsod ng Tarlac, 23 Pebrero 2003.

Abstract

“The Ibanag and Itawes food culture: A preliminary study”

by Emmanuel Jeric A. Albela

This paper aims to provide a preliminary study on Ibanag and Itawes food culture that is geared towards formal historical study. In order to supplement proper documentation for this paper, the researcher formulated several questions to make the study feasible. First, what are the raw products that they use in preparing their food? This would require a specific mention of staple, crops and vegetables and fruits, and poultry, meat, and aquatic resources. Second, what are the tools they use in getting and preparing their food? Third, what are the dishes that they serve and how are they prepared? And lastly, how are these dishes significant to their socio-cultural lives? The researcher used two methods to come up with better results: library inquiry and field work research. On this study, the researcher also raised the point that the common trend of the Ibanag and Itawes dishes depend mostly on the available sources that they have in their place.

Keywords: Ibanag, Itawes, food, culture, field, resources

The Ibanag and Itawes food culture: A preliminary study

Emmanuel Jeric A. Albela

Introduction

TODAY THE YOUNG people are very much caught by the luring convenience of technology. Consequently, they become reluctant to be involved in, and so recognize the real value of studying history and culture. I remember an instance when I asked my student in Philippine History about the Ibanags and Itawes, that the student simply answered, “they were the peoples that can be found on the Northern part of Luzon Island” and that is it, end of the statement. When I asked him where he got his source, he replied: “From the internet, sir-Wikipedia”.

It is truly sad that most of our students and if I may add, even some of the teachers of history could not afford to expose themselves to the actual objects of their study (which means to conduct research through field work because for them, history is just part of general education curriculum and is not that important. However, what defines now at present is what we had in our past. At this point we ask, how can we

preserve our culture and heritage, if we do not value to our history? There is no point about wondering today if most of the things that could be considered as integral part of studying history are now eradicating because we are not promoting better system of education for the younger generations.

One good example is the study of ethnic communities, their culture and tradition. It seems that the teachers of Philippine History lack the capacity to teach the students about them due to scarce instructional materials that are supposed to be provided by the government. This problem sometimes lead the teacher just gives his own speculations and come with his own version of misinterpretations.

As response to this problem, the researcher attempted to conduct a preliminary study on the people of Ibanag and Itawes, particularly about their food culture. I particularly focused on food for the lack of a formal study. Despite the existence of researches about their political structure, their economy, visual arts and performing arts and literary arts, none could be found about their food culture. Hence, the researcher opted to focus on this missing field for the conviction that food defines a kind of cultural life.

This paper therefore aims to provide a preliminary study on Ibanag and Itawes food culture that is geared towards formal historical study. In order to supplement proper documentation for this study, the researcher needs to answer the following:

1. What are the raw products that they use in preparing their food? This includes staple, crops and vegetables and fruits, and poultry, meat, and aquatic resources.
2. What are the tools they use in getting and preparing their food?
3. What are the dishes that they serve and how are they prepared?
4. How are these dishes significant to their socio-cultural lives?

Method and subjects

The researcher used two methods to come up with better results: library inquiry and field work research. The researcher was able to go to the major libraries of the country such as University of Santo

Tomas Benavides Library, The University of the Philippines Library (Diliman and Manila), The Cagayan Museum and Historical Research Center, and The National Library. On the field, the researcher went to Tuguegarao City in the province of Cagayan and made it as his center for field research by conducting series of interviews and documentations.

The researcher also had the chance to look for subjects that have become very helpful source of information. From the Cagayan Museum and Historical Research Center the researcher sought the help of Ms. Emma C. Gammad, OIC, Museum Curator; Laureta I. Decena, Museum Researcher I; and Ms. Rosemarie B. Gutierrez.

The researcher also sought the help of the local residents. From Tuguegarao City, the researcher have interviewed Mrs. Gloria Addun, 64 years old of whose house became my headquarters for my research. She was the owner of Gretchen's, a popular local restaurant that offered native delicacies in Tuguegarao. Mrs. Addun were joined by her relatives named Mrs. Alejadria Taguinod, 67 years old, her sister; Genevieve Taguinod, 31 years old, her niece; Mr. Pablo Macarubbo, 94 years old, her father. Their family helped the researcher to look for important places to conduct in-depth research and documentation how each notable dishes of the Ibanag and Itawes are done.

The researcher also asked his friends from Aparri, Cagayan Province to give additional information on the topic. Special thanks to Fr. Prudencio "Dennis" Edralin and Fr. Ferdinand "Didi" Maguigad, the administrators of Lyceum of Aparri for giving additional information to the researcher regarding the topic.

Geographical location

The name *Ibanag* derives from the prefix *i* meaning 'native, people of' and *bannag* meaning 'river,' and means "people of the river," apt name for the people settled along the banks of the Cagayan River and the Northern coasts of Luzon. The Ibanag are found principally in the towns of Abulog, Camalaniugan, Lal-lo, Amulung, Iguig, Aparri, and Tuguegarao in Cagayan. In 1960, the total population of the *Ibanag*, who are also called *Ibanac*, *Ybanag*, *Ybanac*, Cagayan, and

Cagayanes was placed at 178, 954. In 1978, *Ibanag* as a language gained prominence over the years as a *lingua franca* among the *Ibanag*, the *Gaddang*, the *Yogad*, and a few *Aeta*, because the Dominican order made it their language for evangelization in the area. All these groups inhabit the central part of Cagayan Valley, which is Isabela (Tiongson 1994, 1:272).

The *Itawes* comes from the prefix *i-* ('people of') and the word *tawid* or 'across the river.' Itawes have been variously called Itawit, Itawiq, Tawish, Itaves, and Itabes. The names *Kaluas* and *Kalauas*, which refer to the Kalinga, have also been applied to the Itawes as they are sometimes mistaken for the people who live in the northeastern part of Kalinga. The early natives of Cagayan did not use such names as Ybanag or Itawes but referred themselves as *YSigiran* or "the men downstream," *YRita* or "those from the south," and *YRaya* or "the upstream people." The Itawes occupy the territory drained by the Chico and Matalag Rivers, as well as all of Southern Cagayan from Nasiping to the village of Cavug, now the town of Enrile. They are concentrated in the following towns of Cagayan province, here presented in terms of the percentage of their Itawes inhabitants (from highest to lowest): Enrile, Iguig, Peñablanca, Tuao, Piat, Tuguegarao, Amulung, Sto. Niño, Solana, Rizal, Alcala, and Baggao. In many of these towns, the Itawes live with the Ibanag, and often speak Ibanag which has become a standard language (*ibid.*).

The researcher combined the Ibanag and Itawes group for a reason that there are no difference between them when it comes to culture and tradition. The only distinction could be in the language (Itawes language have different vocabularies compared to Ibanag) and on their visual art especially on their art of dressing. But when it comes to food, they shared the same culture and that made the researcher combine these two people as the main topic of this paper.

Discussion

The raw products in preparation of their food

Based on the results, the researcher divided the raw products into four classifications namely: Source of Staple Food, Vegetables

and Fruits, and Poultry and Aquatic Resources. From the series of interviews and research, the people of Ibanag and Itawes are mostly dependent on the resources that they have in the area and they use them as their main ingredients in preparing dishes.

Rice is their most important staple for the Ibanag and Itawes, as partner to several viands, most specially in distinct occasions. The Ibanag and Itawes have come up with different rice dishes and the common type of rice they use is the glutinous rice. *Malagkit*, as commonly called, is the main ingredient to make dishes like *deko* (*bibingka* in Tagalog), *pawa* (steamed), and *sinabalo* (their version of *suman*). They also have a different breed of *yellow corn* and they prepare it either boiled or grilled. When it comes to noodle dishes, the people from this area had a popular noodle dish called *batil patong*. The raw product is flour and the preparation is the same with other noodle dishes in the Philippines.

The fruits and vegetables are very vast in these areas. Based on the outcome of research, most of the common fruits today that can be found within the area are commonly found also in other places in the Philippines. The popular fruit there is Cocoa (*kakaw*). Most of them use this in preparing chocolate drink which is very popular in the towns where the Ibanag and Itawes inhabit. The vegetables are also rich in this area. Leafy vegetables are common, the same as what we see in the markets today and there are some that might be classified as seasonal like the *alibabag*. The popular vegetable dish there is *inabraw* (mixed boiled vegetables), their version of *diningding* in Ilocos.

When it comes to Poultry, Meat, and Aquatic resources, the *Ibanag* and *Itawes* people use to herd native chickens that is commonly used as main ingredient for their dishes. Meat products that are common to them are beef, farmed pork, meat of wild boar, and the very popular, the meat of water buffalo (*carabao*) that is commonly used as main ingredient in *batil patong* and other dishes. The *Ibanag* and *Itawes* people also enjoy the gift of rivers and seas surrounding their area. The native fish that can be found mostly at the Cagayan River is the *Mori* (goby fish). It is classified as seasonal fish that is present only between the months of December to March. Native Snapper (*Tilapia*) are also numerous within the rivers in the area as well as the Mudfish

(dalag), and Catfish (Hito). The common preparations for these fishes are grilled, boiled in tamarind soup or just simply cooked in vinegar sauce. They commonly used salt to add flavor to the fishes.

Tools in getting and preparing food

There are common tools that the people of Ibanag and Itawes used. Most of these tools are for catching fish in the rivers. The first on their list is *Pateng*. It is a bamboo made cage used as trap for the fishes.

Next is the *Pakassi*. It is made from bamboo with series of hook on it. It is usually put on the river bed with baits in the hook, and from the time that the fish catches the bait, they will be trap in the hook.

Another one is the *Panug*. It is their version of fish net or lambat in Tagalog and commonly used by the Ibanag and Itawes fishermen. Most of them know how to use it, and became main tool in getting fish in the riverbanks.

Next is the *Tering*. Tering is considered as a fish trap that placed under the grounds of the river and every time a fish crosses on tering, they will be captured and later on be harvested by the fishermen.

The other one is *Tanggar*. Tanggar is made by fish net with improvised trap on the edge and usually placed on the side where the river flows. Once a fish flowed by the waters on the direction where the Tanggar is, they will be brought to the mouth of the net and be placed on the trap at the edge of the net.

The Ibanag and Itawes dishes and its preparation

The Ibanag and Itawes food are now considered revolutionized or reinvented. One observation is that most of the ingredients they put today in preparing their dishes are coming from the commercialized spices that are commonly seen in television advertisements. This proves that they are now influenced by commercialized products that make food preparations more convenient.

Deko, pawa and sinabolo are the most popular rice dishes. They can be seen in special occasions like wedding and baptism. At present times, they are the common snack food of the people there.

On the noodle dishes, they have the ever popular batil patong. The main ingredient which is the noodles is made up with flour and the

other ingredients to add some spice on it are the garlic, onions and meat of water buffalo (carabao). At present, most of the people used commercialized additives like Magic Sarap, etc. and the meat, since the carabao meat is expensive compared to others, they just using pork as an alternative.

When it comes to fruit, the *kakaw* (cocoa fruit) is the common fruit that they commercialized in the province. They used the seeds of Cocoa as source of making high quality chocolates and mostly, they are making it as a staple drink common for the Ibanag and Itawes people.

As per vegetable dishes, the Ibanag and Itawes people have their version of *diningding* or *bulanglang* in Ilocos, they are calling it inabraw or simply called mixed vegetables. Most of the ingredients are leafy vegetables like eggplant, *malunggay*, and *alibaba*. The preparation for this is very simple: they will just put enough water on the pot, add some fish sauce and at the time it is already boiled, they will put all the ingredients and let it cook for several minutes.

They also have clam shell dishes. One of the popular there is the *Narnar*. It is the meat coming from a clam shell and they let it fry and dry. Add some salt to taste and after that, it is ready to serve. They have also dishes made with insects. One good example is the fried *salagubang* (cricket). The preparation: they will just cut the legs and wings of the cricket and fry it until it looks like golden brown. It is best served with vinegar and batil patong.

The common dish of fish for the Ibanag and Itawes is the *sinuno*. It is their version of *inihaw* or grilled fish. The common fish that they use for this is the Snapper (most of it today are cultured). They will cut the back portion of the fish and they will put tomato, ginger, onions, fish sauce and salt to taste (modern alternative is magic sarap, a commercialized spice product in the country.) and they will wrap it with banana leaf and they will grill it for about 20-30 minutes.

Mondongo is one of the popular meat dishes in Cagayan. Mondongo is just like the *papaitan* (bitter soup) version of the Ibanag and Itawes but is different because of tomato sauce that makes it appear like callos, a very popular Spanish dish. Mondongo was influenced by the Spaniards during the colonial period which they adopted.

Another popular meat dish of the Ibanag and Itawes people is

Twit. It is their own version of *dinuguan* dish (blood stew) but had some differences when it comes to its ingredients. *Twit* unlike the common blood stew of the Tagalog people, is mixed with brown sugar and special wine called *Anisado* for a distinctly sweet flavor. Unlike the Tagalog *dinuguan*, they cut the pork into big portions (similar to *Adobo* cut), as tradition dictates. They prepare *twit* by putting first garlic and onions to sauté and add the pork and cook it for about 15-20 minutes until the natural oil (fat) of the pork comes out. Next is adding several cups of water until it boils, after which the *anisado* wine is mixed and then the pork blood that has already been cleansed by vinegar sauce. They will just wait to make the blood to thicken for about 10 minutes would then be ready to serve.

The significance of these dishes on their socio-cultural life

The Ibanag and Itawes people are very much attached to their traditions especially on the significance of such to their social and cultural life. The Ibanag and Itawes people are very particular of having rice dishes during special occasions like baptism, wedding and birthdays. Rice dishes particularly those that are made by glutinous rice signify maintaining close family ties. As for the word *malagkit* means sticky, they believe that if they will serve these dishes during important occasions on their family, it strengthens their harmonious relationship with one another as well as their bonding for each other and bring luck to the family.

The large cuts of meat that are commonly seen on their meat dishes signify fortune and wealth. *Twit* for example is usually served only during festivities, and from the large cuts of its meat, they also seen it as the one who can bring more fortune and luck to the community.

It is also safe to say that food for the Ibanag and Itawes people is an important part in every special occasion that they celebrate, because the food that they serve reflects the outcome of their life on the next few weeks or years to come.

Conclusion

The common trend of the Ibanag and Itawes dishes depend mostly

on the available sources that they have in their place. Most of the ingredients are commonly found on the rich farmlands on each of their town and make it as the major ingredient for their dishes.

But one problem was observed by the researcher. Nowadays, most of them are now using commercialized spices that are now available to their markets and this could be another reason why some of their dishes have already changed its appearance and taste. This could be the effect now of commercialization and widespread of consumerism in urbanized areas.

The food of the Ibanag and Itawes can be seen today as one of the varieties of food on the Philippines that are influenced mostly by the Spaniards. Although the names of the majority of the dishes are native, it is nonetheless observable that they are already re-invented and revolutionized because they adopted the colonial way of cooking. A dish like Mondongo is originally from Latin American countries and is only brought here because of the Galleon Trade. Same thing with the vegetation and fruits: For instance, the Cocoa fruit originally came from the Latin American states and we just improved it by means of available tools we have here.

It is safe to say that the traditional food of the Ibanag and Itawes have been revolutionized over the centuries; hence the researcher noted some recommendations to improve this study:

First is, to make a follow up research on the field so that it would enhance its data regarding the food tradition of the Ibanag and Itawes people.

Second, this study needs an in depth analysis about the available raw sources within the towns and trace their historical origins. The researcher also needs to identify if the study of the food culture of the Ibanag and Itawes are for nutritional purposes or just for the satisfaction of the tongue.

Lastly, the researcher should conduct a solidified immersion program to the communities where the Ibanag and Itawes people live so that it could have better results especially by identifying which is truly native food and what are those which are merely influenced by the colonial powers occupied the Philippines as well as the influence of food commercialization of today's generation.

Therefore the researcher would conduct a follow-up study about the above findings so that in the course of time, he can produce a better study of the Ibanag and Itawes food culture that would give a big contribution to the teachers of Philippine history.

References

- Caballero, Roberto Cannu. 2004. *Yena taw ngamin, a mother to us all: The miraculous brown Madonna of Cagayan River Valley*. Manila: Piat Legacy Foundation with Confradia de la Imaculada Concepcion.
- Castillet, Ed de Rivera. 1960. *Cagayan province and her people*. Manila: Community Publishers, Inc.
- Tiongson, Nicanor, ed. 1994. *CCP encyclopedia of Philippine art*, volume 1. Manila: Cultural Center of the Philippines.

Abstrak

**“Tradisyong babaylan sa Palawan at mamaratbat sa Leyte at Samar:
Hugpungan ng katutubong kalinangan at Kristiyanismo”**

ni Gloria Esquerro Melencio

Paksa ng papel ang dasal ng mga mamaratbat - mga babae ang karamihan - sa wikang Waray sa Samar at Leyte ngayong ika-21 siglo at ang pinagmulan nitong tradisyong babaylan bago dumating ang mga dayuhang mananakop. Makikita rin kung paanong nanatili ang tradisyong ito pati na sa Palawan (kung saan hindi nabura sa alaala ang salitang babaylan) kahit lumipas ang panahon mula kolonyalisasyon ng Espanya, pananakop ng Amerika at okupasyon ng Hapon hanggang sa kasalukuyang panahon.

Tinutunton ng papel na ito ang landas na binagtas ng mga babaylan – kababaihan rin ang karamihan - pati na ang kanilang mga naging aksyon sa pagpasok ng Kristiyanismo sa Kabisayaan. Tutuklasin sa pag-aaral kung paanong hindi nabura ang mga sinaunang paniniwala, kaalaman at gawi; bagkus, iniakma pa nila ito sa mga aral ng Kristiyanismo at iniangkop sa nagbabagong kalagayan batay sa kanilang pangangailangan.

Mga using salita: Babaylan, Palawan, mamaratbat, Leyte, Samar

Tradisyong babaylan sa Palawan at mamaratbat sa Leyte at Samar: Hugpungan ng katutubong kalinangan at Kristiyanismo

Gloria Esguerra Melencio

IPINAGPAPATULUY NG MGA *mamaratbat* ang Tradisyong Babaylan. Pinapakahulugan ng diskyunaryong Merriam-Webster ang salitang *tradisyon* bilang “pagpapamana ng mga kaalaman, paniniwala at kaugalian sa pasalitang pamamaraan o sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa” sa pang-araw-araw na buhay “mula sa isang henerasyon tungo sa isa pa nang walang nakasulat na pagtuturo.”

Ang babaylan

Nasa Kabisayaan at Palawan ang babaylan. Kung babagtasin ang nilakbay at mga hinimpilan ng sinaunang Austranesyano, pinaglaganapang teritoryo nito ang Pilipinas-Gitnang Kalimantan hanggang Borneo at umabot sa Sulawesi, Indonesia mula Formosa noong 5,000 Bago kay Kristo (BK) (Salazar 2011).

Nabuo ang salitang *balian* mula sa salitang *bali* ng mga sinaunang Austronesyano. Nangangahulugan itong *geleiten* o *begleiten* sa wika ng grupong Malayo-Polynesian na ang ibig sabihin ay ‘ihatid,’ ‘abayan’ o ‘samahan’ ng paring babae ang kaluluwa ng namatay patawid sa kabilang buhay (Salazar 1999).

Mula sa salitang *bali*, dumaan ang salita sa ebolusyon bilang *belian*, *balyan*, *bagdan*, *babaylan* at iba pa (ibid.). Kaugnay nito, dala-dala rin ng mga sinaunang Austronesyano ang salitang *pantaw* (‘pag-alis’) mula sa Formosa (Taiwan). Sa sinaunang Waray, ang *pantaw* ay isang platapormang yari sa kawayan na nakaangat sa lupa kung saan inilalagak ang mga alay na prutas at pagkain para mga diwata (Alcina 2005, 3:283).

Ayon kay Pedro Serrano Laktaw, ang *pantaw* ay nangangahulugang pagbabayad ng utang (*tomar a dar fiado*) (cf. Manuel 1948). Sapantaha pa niya, mula ang salita sa Mandarin: *pan* (‘advantage,’ ‘accommodation’) at *tau* (‘to remit,’ ‘give accord’) (ibid.). Anya pa:

Tagalog or Austronesian and Chinese must have a prehistoric contact, at which time or times one or the other borrowed from or was influenced by the other” (ibid., 122).

Kinakatawan ng *pantaw* ang pisikal na katibayan ng pagsamba sa mga ninuno ng mga babaylan sa panahong Austronesyano hanggang sa mabilisang mahagip ito ni Alcina ito noong ika-17 dantaon (Alcina 2005, 282). Nakaugat sa ritwal na isinasagawa ng babaylan sa *pantaw* ang paniniwala sa *gahum* (kapangyarihan) ng mga ninuno sa kabilang buhay.

Nasa Isla de Paragua¹ (Palawan) rin ang mga babaylan

Tanging mga babaylan lamang ang nakapagsasagawa nang mataimtim na *paganito* nito sa *pantaw*. Tanging siya lamang ang makatutulong sa pagtawid ng kaluluwa ng namatay tungo sa kabilang buhay. Sa wikang Waray, ang kaluluwa ay *kalag*, nangangahulugan ding paglisan o pag-alis. May kaugnayan ang salitang ito sa *paganito* ng pag-alis, pagkamatay, at paghahatid sa kaluluwa.

Pagdiwata ang pinakamataas na ritwal ng babaylan sa Palawan (Sibal, et al. 1998). Gayundin ang salitang *ngadyu* (Salazar 1999, 33) o *ngaju* mula sa tribung Dayak sa Gitnang Kalimantan sa Indonesia. Nangangahulugan itong ritwal kaugnay sa kamatayan. Pangunahin ang paglilinis ng buto ng namatay sa pangunguna ng kanilang balian. Sa wikang Waray, dasal o pagdarasal ay *ngadyi*, *pangangadyi*, *pangadi* o *parangadie* (Santos Bernal 1914).

Mula sa Austronesyanong paniniwala sa mga ninuno, nanatili ang pagkilala sa mga namatay na ninuno hanggang sa kasalukuyan. Katunayan rito ang pagtatala at pagkakaroon ng isang mahabang listahan ng mga pangalan ng ninunong dinadasalan ng mga Waray sa pamumuno ng mga kasalukuyang mamaratbat.²

Tulad ng papel na ginampanan ng mga babaylan, nanatiling tagapagtawid ang mga mamaratbat sa mga taong naghigingalo mula sa mundo ng mga buhay tungo sa kamatayan. Inihahatid ng mga mamaratbat ang mga taong namamatay sa pamamagitan ng *pagpahinutas*, pagdarasal upang maalwang makaalis ang kaluluwa sa pisikal na katawan nang hindi nahihirapan ang namatay.

Sa tingin ng mananaliksik, inagawan man ng papel ang mga babaylan sa pamumuno sa komunidad sa pagdaraos ng mga ritwal, hindi naman naagaw ang pagsasagawa ng mga ritwal sa mga patay. Sa katunayan, nakatira sa gilid ng sementeryo (tulad ni Mother Lina) ng Basey, Samar o mismong sa loob ng sementeryo (tulad ng matandang dalagang si Rosing) ang mga mamaratbat. Sa Palo, itinalaga ang matatandang babaing ito ng Simbahang Katolikong mangalaga sa mga puntod. Sila ang kolektibong naglilinis ng mga puntod, dasalan, altar, nagtitirik ng kandila at nagdadasal para sa kaluluwa ng mga namatay.

Dalumat ng mga mamaratbat sa dasal

Sa sinaunang bokabularyong Bisaya, pinapakahulugang magkaugnay ang mamaratbat sa pagsasagawa ng ritwal sa patay. Sa ganito, ipinagkakatiwala sa kanila ng *santigaman* o katipunan ng mga Waray ang pangunguna sa pagdarasal sa diwata upang tulungan ang mga ninuno, at tumulong naman ang mga ninuno sa bagong kaaalis na kaluluwa o *kalag* na lumagay sa magandang kalagayan.

Ang babaylan at mamaratbat bilang pinunong ispiritwal

Ang babaylan ay pinunong ispiritwal sa mga liblib na pook ng mga Tagbanua sa Aborlan at iba pang panig ng Palawan. Kung may parasabat ang mamaratbat na katuwang nito sa pagdarasal, may katuwang ring *taga-iring* ang mga babaylan sa Palawan. Ang punong babaylan ang nagbubukas at nagwawakas ng isang ritwal tuwing lumilitaw ang buwan. Siya rin ang nakakaalam kung anong ritmo sa awit at sayaw ang gusto ng diwata tuwing pagdidiwata.

Ipinagpatuloy ng mga mamaratbat ang papel na ginagampanan ng babaylan sa lipunang Waray. Bilang pinuno sa dasal, siya ang nagbubukas at nagwawakas rito. Sinisimulan niya ito sa salitang *Santigaman* at matapos ang kalahating oras na pagdarasal katuwang ang *parasabat* na sinasabayan ng mga taong dumalo sa padasal, winawakasan niya ito sa mga salitang *matuman kunta* (siyanawa o harinawa).

Sa isang padasal na nasaksihan ng mananaliksik sa Balangiga, Samar, binendisyon ng mamaratbat (katulad ng pagbebendisyon ng pari) ang mga pagkaing handa sa *tapos* bago ito kainin ng mga nagdasal.

Hinihingan rin ng tulong sa komunidad ang mga mamaratbat sa suliranin ng mag-asawang maghihiwalay (*pagbulag*), tagapayo kung kailan magandang mag-ani at magtanim, tinatanongkung kailan dapat dasalan ang ninuno, at pinagkakatiwalaang kumuha ng bungo sa sementeryo sa hatinggabi. Pinaniniwalaang binabantayan ng bungong dinasalan ng mamaratbat ang bahay ng pinagdaldan rito (Esguerra 2010; Hipona 2010). Pinaniniwalaang itinataboy ng bungo ang mga nagtatangkang magnakaw sa bahay. (Katumbas ito ng paniniwala ng mga babaylan kay Tikiama o Tigyama, anitong nagbabantay sa bahay ng mangangaso o *mangangayaw* (Salazar 2011) sa tuwing aalis siya sa bahay upang manghuli ng hayop o mandigma.

Sa isang pag-aaral tungkol sa anting-anting, inilalarawan ang “bungo bilang bantay sa magnanakaw” sa Kabisayaan (Abrera 1992).

Ang babaylan at mamaratbat bilang manggagamot

Nagsusuot ng kulay itim na belo at pulang damit ang babaylan sa Palawan. Sinasabing ayaw nilang makita ng tao ang mukha nila

dahil nagbabagu-bago ito depende kung sinong diwata ang papasok sa katawan nila. Gayundin, nagsusuot sila ng anumang kulay pula sa katawan upang umiwas sa anumang gagawing masama ng anuman o sinumang diwata sa panahon sa pagsasagawa ng ritwal.³

Nauna munang nagiging mamaratbat ang mga *tambal* o manggagamot, ayon sa pananaliksik. Ibig sabihin, natuto munang mamuno sa dasal noong kabataan pa ang mga babaing mamaratbat na kinapanayam bago sila naging manggagamot noong pagsapit nila sa edad 50 anyos pataas. Ganito ang nangyari kina Mana Mary (Maria Daylo) ng Tanauan, Leyte at Mother Lina (Angelina Lecasan) ng Basey, Samar.

Kapansin-pansin rin ang pagtatagpo ng mga mamaratbat kada ikapitong taon (Arens 1971, 44)⁴ tulad ng pagtatagpong isinasagawa sa Samar noong ika-19 na dantaon. Tulad ng pagtatagpo sa '*turugpo*' ng mga sinaunang Waray na taga-Carigara, Leyte noong ika-18 dantaon. Isinasagawa ito sa mga buwan ng Marso o Abril, panahon ng Mahal na Araw sa ika-20 dantaon.

Madalas na mahihirap na kaso ng sakit na hindi kayang gamutin ng duktur o hindi nakikita ng duktur dahil sa kakulangan ng serbisyong medikal o napakalayo ng pook mula sa sentro ang suliraning tinutugunan ng mga *paratambal*.

Naniniwala rin silang iniatas ng Langit ang pagiging *tambal* nila. Para kay Mana Mary, isa itong tungkuling kailangang tanggapin kahit ayaw niya dahil ito ang itinakda sa kanya. Sa pagtanggap niya sa debosyon, makikinabang raw ang pitong henerasyon mula sa kanya pabalik sa kanyang mga ninuno at pitong henerasyon mula sa kanya hanggang sa kanyang kaapu-apuhan. (Daylo 2009).⁵

Gumagamit ang mga *tambal* ng mga halamang gamot, *loom* (pausok) at *oracion* na binibigkas nang patula. Mayroon silang malalaking altar na may maraming santong Katoliko. Kapansin-pansin ang larawan ng malaking araw sa altar na may isang mata sa chapel na ipinatayo ni Mother Lina. Nang tanungin ng mananaliksik kung ano ang kahulugan ng araw sa altar, ipinaliwanag niyang Diyos Ama itong ipinapanaginip sa kanya.

Tanging mga babaing nakapalda lamang ang maaring makapasok sa kapilyang ito sa Basey, Samar. Naniniwala si Mother Lina na itinakda

ng Diyos na mga babae ang magdadala at magtuturo ng relihiyon sa sansinukob. At kung babae, nararapat lamang na magsuot-babae sila. Gayunpaman, may mga lalaki siyang katuwang sa paglilinis, pagtatanim at pagkakarpiro sa kanyang chapel na yari sa kahoy, kawayan at pawid.

Pagpapakahulugan sa pamana ng tradisyong babaylan

Sa mga libretong nahuli sa mga Babaylanes, Dios-Dios at Pulahanes, sa mga primaryang batis, sa mga dasalang nakalap ng mananaliksik mula sa mga mamaratbat at *hermana* ng kapistahan at sa mga kuwentong-buhay ng mamaratbat sa Samar at Leyte, mababasa ang mga hangarin at pangarap na nais marating ng mga babaylan. Ito ang dinarasal ng mga mamaratbat. Ito ang dala at pamana ng Tradisyong Babaylan. Ilan lamang sa nakasulat na tala ang mga sumusunod:

Katuuran (*katotohanan*). Nagkaroon ng pagbabago ang kahulugan ng salitang *katuuran*. Kung pinakamataas na babaylan ang kahulugan nito sa aklat ni Alcina noong ika-17 dantaon, naging *katotohanan* ang kahulugan nito sa bokabularyo ni Mateo Sanchez noong ika-18 dantaon. At kay Sanchez, iniugnay ang salitang *katotohanan* ito sa salitang *tigman* (katipunan/kalipunan noong ika-17 dantaon para kay Alcina): naging *katotohanan* na ang kahulugan ng salitang *tigman* para kay Sanchez noong ika-18 dantaon.

Sa ganito, nawala ang salitang babaylan sa talasalitaan ng wikang Waray-waray. Naiwan ang kanyang kalooban. Sa pagtatangka ng Simbahang Katoliko, hindi ito nagtagumpay na burahin sa alaala ang kalooban ng babaylan. Nawala lamang ang salita.

May naganap na digmaan hindi lamang sa labas - pisikal - kundi tagisan rin ng isip at digmaan sa salita. Nagkaroon ng agawan kung sino ang katotohanan.

Bagaman nawala ang salitang babaylan at pinakahulugan ng simbahan ang salitang *tigman* bilang katotohanan, inangkin naman ng mga mamaratbat ang babaylan bilang *katuuran* at naging *katotohanan* ang pakahulugan sa salitang ito ng mga Waray. Hindi na siya tao sa

pisikal na anyo, ngunit aral na pumasok sa mga dasal.

Gayundin, katipunan ang sinaunang kahulugan ng salitang *tigman* na naging *katotohanan* para sa mga Espanyol (*Hablar lo cierto o verdadero/magsalita ang katotohanan*). Sa kalaunan, ginamit itong panimula sa dasal at naisulat sa libreto ng mga mamaratbat bilang *santigaman*. Kung gayon, mayroon na itong dalawang kahulugan: *Sa ngalan ng katipunan at sa ngalan ng katotohanan*. Alinman sa dalawang kahulugan, nanatili ang *gahom* (kapangyarihan) ng *katuuran* o *babaylan* at ang *katuuran* bilang *katotohanan*.

Nanatili rin ang kahulugan ng salitang *santigaman* bilang katipunan at katotohanan. Pinanghahawakan ng mga babaylan, mamaratbat at mga Waray-Waray ang katipunan ng mga kapwa-tao at dami ng mga tao bilang pinaghuhugutan ng lakas.

Kalugaringon (pagsasarili). Mahalaga para sa mga Waray-waray ang pagsasarili kahit sa anupamang panahon. Pagdating ng mga Espanyol, mga babaylan ang nagbabala sa pagpapaalis sa mga sinaunang Bisaya:

...For this settlement shall be dispersed; this place shall be moved. Yea, this town shall fall; this place shall be uprooted (dela Costa 1961, 163-4)

May ganito ring katulad na babala ang mga relihiyo-pulitikal na pinuno o mamaratbat sa Leyte noong ika-19 dantaon. Nagbabala si Benedicta, ang “La Santa de Leyte,” na lulubog ang isla kapag hindi napaalis ang dayuhang mananakop noong 1862. Umabot sa 4,000 ang kanyang mga tagasunod na umaakyat sa Bundok Agani upang magdasal. Mula sa Tanauan, nakilala siya hanggang sa mga bayan ng Burauen, Dagami, Palo at iba pang bayan sa Leyte. Isinasakay siya sa duyan⁵ (*pinapasag*) habang nagdarasal sa gitna ng dagat ng mga taong may hawak na sinindihang kandila paakyat sa bundok. (Artigas 1914, 371-2).

Tinangka rin ni Bangkaw na magtayo ng sariling simbahan at bumalik sa sinaunang paniniwala noong ika-17 dantaon. Ngunit kasama ng mga babaylan, pinatay siya ng mga dayuhan at sinunog ang kanilang sambahan.

Ito rin ang hangarin ng mga Babaylanes, Dios-Dios, mamaratbat at kababaihang ipinatapon ng mga Espanyol sa Palawan noong ika-18 dantaon. Kaya naging banta sa mga mananakop at kinatakutan nila ang kababaihan sa mga panahong ito. Bukod sa pagpapakulong, pagpapatapon, nakapangingilabot ang pamamaraan nila ng pagpatay sa kababaihan: pinupugutan ng ulo, sinusunog o tinatadtad katulad ng ginawa nila sa ina ni Sumuroy sa Samar (Alcina 2005) itinatali sa mahabang kawayan at ipinapakain sa buwaya (Agoncillo 1990).

Pagdating sa ika-19 hanggang sa maagang ika-20 dantaon, nakipagtunggali rin ang mga relihiyo-pulitikal na pinuno at mamaratbat tungo sa pagsasarili. Ito ang hangad nina Casiana Nacionales (Apoy Sana) ng Balangiga sa Samar, Benedicta (La Santa de Leyte) ng Dulag sa Leyte, Rosa Ablen ng Ormoc sa Leyte at Bruna Fabrigar (Apoy Bunang) ng Minarog sa Samar. Pinaghuhugutan ng lakas-panlabas ang lakas-loob na may sariling pagpapakahulugan. May katangi-tanging paglalarawan si Talde sa pagsasariling hangad ni Apoy Bunang. Anya:

Meanwhile, Bunang's persona, as correctly pointed out by Arens, served as a "moral uniting force" among many Samarenos who joined and participated in the Pulahanismo of Minarog. Based on my fieldwork research, I am inclined to agree with the author, since Bunang's existence, as told by my informants, provided a powerful image of purity and beautiful *kalugaringon* (self) for being a religious person and a *tawhanon* (humane) (Felix Dacles and Jose Dacles interviews). Pulahan members tried to emulate Bunang's unparalleled inner quality primarily for their anting-anting to take effect." (Talde 2007, 179)

Masasalamin ang paghahangad sa *kalugaringong* ito sa pamamagitan ng paghihikayat nina Apoy Sana, Apoy Bunang at iba pa sa bayanhang may tatlong katawagan sa wikang Waray-waray: *burububligay*, *aglayon*, *tiklos* (ibid.). Sa karanasan ni Apoy Bunang, naitayo at napamahalaan niya ang kampo ng Pulhanes sa Samar sa pamamagitan ng pagkakaroon ng sariling pang-ekonomyang sistemang bumuhay sa humigit-kumulang 6,000 Pulhanes sa kabundukan.

Isang halimbawa ng *burububligay* ang pagtutulungan nila sa mga gawain sa kampo: may mga naglilinis, nagluluto, naglalaba, nagtatanim at nag-aani. Sa *aglayon*, nakikiusap si Apoy Bunang sa ibang tao na mag-alaga ng baboy, halimbawa. Kapag nanganak ang baboy, binibigyan niya ng biik ang nag-alaga rito o kung ibinenta naman ang baboy, naghahati sila sa kita rito. Sa *tiklos* naman, magpapatrabaho sa bukid ang may-ari nito nang walang kapalit maliban sa pagpapakain sa mga trabahador at sa pagtulong rin sa pagtatrabaho sa ibang bukid sa mga susunod pang pagkakataon (ibid).

Kahit sa panahong wala ng digmaan, namamayani sa Samar at Leyte ang ganitong mga uri ng bayanihan.

Katalwasan (kaligtasan). Kaligtasan sa anumang karahasan, sakit at banta ng kamatayan hindi lamang ng sarili, ng mga anak kundi pati na ng buong *katilingban* (sambayanan) ang hangad ng mga babaylan, mamaratbat at kababaihan.

Paulit-ulit ang dasal ng mga mamaratbat sa paghingi ng kaligtasan. Sa katunayan, nagtataka ang mga frayle kung bakit paulit-ulit nilang inusual ang dasal. Dito masasalamang ang kaligiran kinasasadlakan ng kababaihan sa iba't ibang panahon. Laging puno ito ng gutom, kahirapan, pagdurusa at pagtitiis. Sa pambungad na dasal ng mga mamaratbat, makikita agad ang dalumat ng *tawag-agaw-ug bawi* ng mga babaylan. Muli, kung si Hesus man and Ginoo na tinutukoy rito sa kasalukuyang panahon, nais ipaalala ng mananaliksik na ang salitang Ginoo sa wikang Waray-waray noong sinaunang panahon ay nangangahulugang datu. Masasabing magkapanabayang inaasahang aagaw at babawi mula sa anupamang kapahamakan ang Datu at ang Diyos. Sabi sa dasalan: “Bawi-on mo kami, Ginoo nga Dios namon” (Novena 1919, 3).

Sabi naman sa oral na dasal na hindi nakatala sa mga nakasulat na dasal o novena: “Santigaman, sa Santa Cruz, bawia kami Guinoo ha mga kaaway” (ito ay oral na dasal ng mga mamaratbat sa Leyte at Samar).

Tumitindi ang pag-asa sa tagapagligtas sa panahong walang ibang matakbuhan at mahingan ng tulong - lalo sa panahon ng kolera. Nagkaroon ng kolera sa Samar mula 1820 hanggang sa huling bahagi

ng ika-19 dantaon (Marco 2000, 47). Sa panahong ito, mga *tambalan* ang nilalapitan at kinikilalang tagapagligtas ng mga Bisaya. Gumagamit ang *tambalan* ng mga halamang gamot kasabay ng pag-usal ng mga *oracion* o *dasal* at *pagloom* o *pausok* (Triston 1983).

Katadungan (kawastuhan). Sa mga mamaratbat at kababaihang naipatapon sa Palawan, Isla del Paragua noon, kasama ang kanilang mga anak, malinaw ang dahilan nila sa pagtatago ng libreto/libreta/dasalan: Para magamit ng kanilang mga anak (*Para el uso de los hijos*) (NAP 1881-1898). Dahil wala nang mapanghahawakan pang kaligtasan sa panahon ng Babaylanes, Dios-Dios at Pulahanes, tinanganan ng mga mamaratbat at mga kababaihang Waray ang mga oraciones, libreto/libreta/dasalan bilang tagapagligtas nila.

Kailangan ang kabutihan at kawastuhan ng puso ng may hawak ng dasalan upang mapanatili ang bisa o magkabisa ang mga ito (Talde 2007).

Kahimayaan (kaluwalhatian). Mula sa salitang Austronesyanong *hemay* ang salitang Waray na *humay* na kapwa nangangahulugang palay sa wikang Tagalog. May 49 na uri ng palay, may 24 na iba't ibang gulang nito at 11 bahagi ang palay sa Leyte at Samar. Tinatawag na *humayan* ang pilapil at *humayanan* ang pook na pinaglalagagakan ng palay (Alcina 2002, 210). Pangunahing pagkain ito ng mga Waray-waray sa panahon ng kasaganaan samantalang kamote at iba pang halamang ugat ang kinakain sa panahon ng tagsalat.

Sa ika-17 dantaon, napipilitang kumain ng kamoteng baging, kamoteng kahoy, ubi, palawan at corot ang mga Waray kahit na ang mga principaliang nabibilang sa mataas na antas ng lipunan (ibid., 221). Nagpapatuloy ang ganitong kalagayan sa pagkain sa ika-18, ika-19 hanggang ika-20 dantaon sa Kabisayaan. Sa panahong umaangkat na ng bigas ang Pilipinas sa ika-21 dantaon, tanging mahihirap na Waray na lamang ang nagtitiis na kumain ng mga pagkaing baging at saging kapalit ng kanin sa panahong tagsalat.

Sa ganitong kalagayan, kaluwalhatian ang pagkain ng sinaing na mainit na kanin lalo na sa mga bihirang magkalaman ang mga kumakalam na sikmura. Likas lamang na magkaugnay ang bituka sa

kaluwalhatian ng kabusugan ng tiyan. Kakambal ng kaluwalhatian ang kasaganaan.

Sa patuloy na paghahanap sa *kahimayaan*, samu't saring paraan ang ginagawa ng mga Bisaya para mapaunlad ang kabuhayan. Isa rito ang *pangangayaw* sa panahong Austronesyano kung saan nangunguha ng pagkain at nang-aagaw ng mga alipin ang mga mandirigma (Salazar 2011, 3). Sa ganitong paraan sila nakalalaspang ng *ginhawa* (ibid.). Ang ibig sabihin sa salitang Waray ng *ginhawa* ay paghinga at pinagmumulan ng buhay. Masasabing mabubuhay ang mga Bisaya kung may *humay*. Dahil dito, nagpapatuloy ang *ginhawa* – paghingang nagdudulot ng buhay. Malapit ito, kung hindi man tahasang katumbas ng *ginhawa* sa wikang Tagalog na nangangahulugang kaalwanan sa buhay.

Paraan pa rin ng paghahanap ng kaalwanan sa buhay ang pagnanais nina Antonina at Augusta,⁶ Raquel,⁷ Benedicta, Apoy Sana, Apoy Bunang, Rosa, mga mamaratbat at iba pang babaing walang pangalan na magkaroon ng *kalugaringon* (pagsasarili). Sa pagsasarili, mararating nila ang *kahimayaan*.

Sa panahong may nagmamay-ari ng lupa at pagtatanim ng palay o ng anumang pagkain ang pinagkukunan ng pagkain ng mga Bisaya, nagkaroon ng ibang hugis ang salitang *mangangayaw* o mandarayuhan. Para sa mananaliksik, mula sa salitang *mangangayaw* ang mga salitang *anyaw* at *agway*. Ang *anyaw* ay kapitbahay; ang *agway* ay kaaway.

Sa paghahanap ng *kahimayaan*, makakatulong ang *anyaw* (kapitbahay) o makalilikha ito ng kaaway (*agway*) lalo na kung may pag-aagawan sa kakaunting *humay* (palay).

Ang *kahimayaang* ito sa daigdig na nakikita at sa daigdig na hindi nakikita o kapwa sa daigdig ng mga buhay at patay ang nais na makamit ng mga mamaratbat.

Ispiritwal ang pananaw ng babaylan at mamaratbat sa mundo

Mataas na antas ng ispiriwalidad ang taglay kapwa ng mga babaylan at mamaratbat. Itong pananaw nila sa mundo na kaiba sa pananaw ng mga mananakop ang pinanatili nila at siyang umiiral sa ilang bayan sa Palawan, Leyte, at Samar. Pinananatili nilang buhay ang paniniwala sa *katuuran*, *katadungan*, *katalwasan*, *kalugaringon*, at *kahimayaan*.

Tinatanganan ng mga babaeng babaylan at mamaratbat ang tiwala ng tao

Malaki ang tiwala ng mga karaniwang mamamayan sa mga babaylan at mamaratbat. Mahigpit na magkaugnay sila dahil mula sila mismo sa komunidad nilang ginagalawan. Kailanma'y hindi sila nagkawalay kaya nanatiling buhay ang tradisyon. Sa mga mamaratbat, mahigpit rin silang nakaugnay sa Kristiyanong simbahan kaya dinadaluyan sila ng pagtitiwala kapwa ng mga karaniwang Kristiyano at mga paring namamahala sa mga parokya.

Talahuli

1. Paragua ang baybay mga Kastila sa Palawan. Cf. *Varias Provincias Carolinas 1864-1895*, SDS 494, National Archives of the Philippines (NAP).
2. Kababaihan ang karamihan; namumuno sa dasal katuwang ang parasabat.
3. Panayam kay Janet, babaylan, sa kanyang tahanan sa Palawan. Tinalian niya ng kulay pula ang tape recorder na ginamit sa panayam sa kanya upang masagap nito ang enerhiya at hindi maharang ng mga diwata at hindi masayang o mawala ang panayam.
4. Sinipi mula kay Arens: si Lieban (1967) "The use of the number seven as a magical number in Bisayan (Cebuano, Hiligaynon, Waray-waray) speaking areas seems well established. It is also found in Malay magical practices."
5. Panayam ng mananaliksik kay Violeta Daylo, katekistang anak ni Mana Mary sa Tanauan, Leyte noong 9 Setyembre 2009.
6. Antonina Bobadilla, mamaratbat at kanyang parasabat na si Augusta Traboro/Tabaco (?) sa Leyte. Tinatawag ring mediquillo o mala-manggagamot si Antonina. Nakalap mula sa *Sediciones y Rebeliones*.
7. Walang apelyido si Raquel sa tala ng *Sediciones y Rebeliones*. Nahuli siyang kasama ang isang babae (malamang na kanyang parasabat o asistente) at apat na kalalakihan sa may abakahan. May suot siyang kapang puti. Pinaghihinalaan siyang paring babae. Gayunpaman, inakusahan siya ng kasong *concubina* (pakikiapid).

Mga sanggunian

- Abrera, Ma. Bernadette G. L. 1992. Ang numistika ng anting-anting: Panimulang paghawan ng isang landas tungo sa pag-unawa ng kasaysayan at kalinangang Pilipino. Tisis masterado: University of the Philippines Diliman.
- Agoncillo, Teodoro. 1990. *History of the Filipino people*, eight edition. Quezon City: Garotech Publishing.
- Alcina, Ignacio. 2002-2005. *History of the Bisayan people in the Philippine islands*, tomo 1-3. Maynila: UST Publishing House.
- Anon. 1919. *Novena ha mga kalag ha purgatoryo, tamda ako baraan ug kalooyi ako, sug-onga ako makasasala ug kalooyi an kalag mo*. Catbalogan, Samar.
- Arens, Richard. 1957. The tambalan and his medical practices in Leyte and Samar, *Philippine Journal of Science* 86, no. 1, March.
- _____. 1971. The tambalan and his medical practices in Leyte and Samar, part vi. *Leyte-Samar Studies* 5, nos. 1 and 2.
- Artigas y Cuerva, Manuel. 1914. *Reseña de la provincia de Leyte: Estudio historico bio-bibliografico*. Manila: Imprenta "Cultura Filipina."
- Baungartner, Joseph. 1974. The Bisaya and Borneo of the Philippines: A new look at the Maragtas. *Philippine Quarterly of Culture and Society* 2, no. 3, September.
- Belen, Christine. 2003. Bisa ng pantasya: Ang imahinasyon sa mga kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes. Tisis masterado: University of the Philippines Diliman.
- Dela Costa, Horacio. 1961. *The Jesuits in the Philippines, 1581-1768*. Cambridge: Harvard University Press.
- Gisbert, Mateo. 1880. Mission superior, Davao 19 October. *Cartas* 4:143-148, Davao Mission, Jesuit Letters from Mindanao.
- Laktaw, Pedro Serrano. 1914. *Diccionario Tagalog-Hispano, 2a. parte*. Manila: Santos y Bernal.
- Llamson, Teodoro. 1978. *Handbook of the Philippine language groups*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Manuel, E. Arsenio. 1948. *Indication of Chinese in the Tagalog Language*. Manila: Department of Oriental Languages, University of the Philippines.

- Marco, Sophia. 2000. Dios-Dios and other forms of resistance (1812-1898). Tesis Masterado: Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- National Archives of the Philippines (NAP) 1825-1891. *Ereccion del Pueblos Leyte 1825-1891*, Book 1, S-568.
- NAP 1881-1898. *Deportados Samar 1881-1898*.
- NAP 1886. *Expediente Gubernativos Samar*, 11 de Octubre de 1886, 1, S34.
- NAP 1889-1890. Expediente sobre. *Sediciones y Rebeliones 1889-1890*, volume 1.
- NAP 1889-1897. *Sediciones y Rebeliones 1889-1897*, expediente 65, folio 550-552, books 1-3.
- NAP 1890. *Sediciones y Rebeliones 1884-1887*, 10 de Mayo 1890.
- NAP 1890-1893. *Memorias Leyte*.
- NAP 1890-1898/1889-1897. *Varias Interrogaciones 1890-1898/1889-1897*.
- Sanchez, Mateo. 1711. *Vocabulario de la lengua Bisaya*. Manila: Colegio de la Sagrada Comodidad de Jesus.
- Salazar, Zeus A. 1999. *Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas*. Lungsod Quezon: Bakas.
- Salazar, Zeus A. 2011. Ang Austronesyanong barani hanggang sa bagong bayani ng kasalukuyang hugis ng kapilipinuhan. Papel na ipinirisinta sa Linggo ng Kasaysayan (22-26 Agosto 2011), UP Diliman, Lungsod Quezon.
- Talde, Daniel C. 2007. Bruna “Bunang” Fabrigar: The historical Pulahan leader in Samar. *Journal of History* 53, no. 1, January-December.
- Triston, Rebecca. 1893. *The Tambalans of Northern Leyte*. Tacloban City: Divine Word University.

Mga kinapanayam na mamaratbat:

Pangalan	Edad	Katayuan	Tagasaan
Severina Catilog	84	Biyuda	Dagami, Leyte
Anselma Alpino	65	May asawa	Dagami, Leyte
Cristeta Hipona	82	Biyuda	Palo, Leyte
Rosita Requiez	68	Dalaga	Palo, Leyte
Presentacion Daga	75	Biyuda	Palo, Leyte
Angelina Lecasan	61	May asawa	Basey, Samar
Catalina Alvarina	79	Biyuda	Balangiga, Samar
Narda Dagali	70	Biyuda	Balangiga, Samar
Joaquina Caalem	60	May asawa	Balangiga, Samar
Milagros Cabales	66	Biyuda	Balangiga, Samar

Abstrak

“Ang papel ng Monumento sa kasaysayan at ekonomiya ng Caloocan”
nina Ramon Rafael M. Quiroz, Rhinalou Cervantes-Salamat, at
Gerald A. Dizon

Itinuturing na isa sa mga obra maestra ng tanyag na alagad ng sining na si Guillermo Tolentino ang Bantayog ni Andres Bonifacio sa Caloocan o mas kilala sa tawag na Monumento Nagsisilbing paalaala sa kagitingan ni Andres Bonifacio at maging sa mga adhikain at aral ng Katipunan ang estrukturang ito. Mahalagang malaman ng mga Pilipino ang kabayanihan at pagmamahal sa bayang masasalamatin sa monumento sa paglipas ng panahon. Gayunpaman, nakalulungkot isiping tila naging isang pangkaraniwang daanan na lamang at nagsisilbing lugar na pangkomersyo ang monumento. Hindi maikakailang marami na ang nakalimot sa tunay na kabuluhan nito sa kasaysayan at maging sa mga naging ambag nito sa paglago ng kabuhayan sa Caloocan. Bunsod ng mga nasabing kadahilanan, ginawa ang pag-aaral na ito ng may dalawang pangkalahatang layunin: Una, upang maipakita ang kahalagahan ng bantayog ni Bonifacio sa pamamagitan ng pag-ugat ng pinagmulan nito sa kasaysayan ng Caloocan. Pangalawa, upang maipakita ang mga naging pagbabago sa Monumento bilang lugar pangkomersyo sa paglipas ng panahon.

Sa pamamagitan ng pananaliksik na ito, inaasahang maimumulat ang kamalayan hindi lamang ng mga mamamayan ng Caloocan kundi lahat ng mga magagawi at makakikita sa bantayog hinggil sa kahalagahan ng Monumento, Pati na rin sa mga prinsipyong ipinaglaban ni Andres Bonifacio sampu ng kanyang mga kasamahan sa KKK. Sa pamamagitan nito, inaasahang maipauunawa lalo na sa mga kabataan na bagamat matagal nang patay si Bonifacio, may saysay pa rin ang kanyang mga ipinaglaban sa kasalukuyan lalo na't nahaharap na naman ang bansa sa mga problemang panlipunan.

Mga using salita: Monumento, Bonifacio, Caloocan, kasaysayan, ekonomiya

Ang papel ng Monumento sa kasaysayan at ekonomiya ng Caloocan

Ramon Rafael M. Quiroz, Rhinalou Cervantes-Salamat, at
Gerald A. Dizon

Panimula

TAONG 1896 NANG umusbong ang himagsikan sa bansa laban sa mga mananakop na Kastila. Matapos ang mahigit na tatlong siglo ng pagkaalipin, nagsimula nang mag-alab ang damdaming makabayan ng bawat Pilipino kontra sa di-makatarungang pamamahala ng mga Kastila. Ang pagkakabunyag ng lihim ng samahang itinatag ni Andres Bonifacio ang naging pasimula ng harapang paghamon at pakikidigma ng mga Pilipino laban sa kapangyarihang kolonyal. Laganap ang kaisipang mapagpalaya noong panahong iyon, maraming umanib sa Katipunan at buong tapang na nakipaglaban para sa kalayaan. Ngunit may ilan din namang mga nangagsitakot. Gayunpaman, sa puso't isip nila'y naroon ang pagnanais na makamtan ng bansa ang matagal na nitong inaasam na kasarinlan. Dahil sa mataas na diwa ng pagkamakabayan nang panahong iyon, di-kalauna'y nakamit din ng mga Pilipino ang kanilang pinakamimithing tagumpay. Kahit na

may mga kapangyarihang kolonyal na pumalit matapos ang maikling panahon ng paglaya, di pa rin pinanghinaan ng loob ang mga Pilipino hanggang sa tuluyan nang makamit ang ganap na kasarinlan at magsimulang pamahalaan ang sariling lupa.

Sa paglipas ng panahon, mas naging payapa ang ugnayan ng bawat lahi. Nailihis ang atensyon ng bansa mula sa pagpapalakas ng mga sandatang pandigma tungo sa lalong pagpapalibay ng ekonomiya ng bawat isa. Nawala na ang panahon ng pagnanais na makasakop at magkaroon ng kapangyarihang imperyal at napalitan ito ng masidhing kagustuhang magtamasa ng kasaganahan sa larangang pang-ekonomiya. Naging pandaigdigan ang ganitong saloobin. At di naging ligtas sa ganitong pangmalas ang mga Pilipino. Tuluyang lumipas na nga ang pagkakaroon ng saloobing makabayan sa bansa. Namatay na ang minsang pagkakaroon ng maalab na pusong handang makipaglaban para sa kasarinlan ng mga mamamayan at natuon ito sa pagpapalago ng pansariling kabuhayan.

Maraming bahagi ng bansa ang nagsisilbing alaala sa bawat Pilipino ng kabayanihan at kagitingang minsang ipinamalas ng mga bayani ng bansa. Gayunpaman, dahil sa pag-usad ng panahon at pag-usbong na rin ng mga makabagong teknolohiya, tuluyan na ngang nabaon sa limot ang mga ito.

Isa sa mga tanda ng kabayanihang nabanggit ang bantayog ni Bonifacio sa Caloocan o mas kilala sa tawag na Monumento. Ang bantayog na ito ay isang larawan ng mga pagpapakasakit na dinanas ng ating mga kababayan laban sa mga mananakop at kung paanong buong tapang na nilabanan ng ating mga ninuno ang mga ito maging kapalit man ang kanilang sariling buhay.

Sa kasalukuyan, napalilibutan ang Monumento ng mga naglalakihang gusaling pangkomersyong dinaraan ng mga pampublikong sasakyan. Ang kinalalagyan nito ang nagdurugtong sa mga pangunahing daanan sa bansa tulad ng McArthur Highway, EDSA, Samson Road at Rizal Avenue. Makikita ring malapit sa bantayog ang puwesto ng mga nagsulputang mangangalakal at manininda.

Kung tatanungin ang mga nagtitinda at iba pang dumaraan sa lugar, hindi himlayan ng isang eskulturang sumasalamim sa nakaraan ang Monumento bagkus isang pangkaraniwang daanan lamang ng

mga pampasaherong sasakyan at kakikitaan ng sari-saring tindahan.

Bunsod ng ganitong saloobin ng makabagong Pilipino sa bantayog ng isa sa pinakamagiting na bayani ng bansa, layunin ng pag-aaral na ito na magbalik-tanaw sa pinagmulan ng Monumento, sariwain ang mga paghihirap ng mga sinaunang Pilipino upang maitayo ito at maiugnay ang kahalagahan nito sa pagpapayabong ng kasaysayan sa lungsod ng Caloocan at maging sa naging mga pagbabago sa aspetong pang-ekonomiya ng mga lugar na nakapaligid dito.

Ang Caloocan at si Bonifacio

Kilala sa tawag na Aromahan o Espina ang Caloocan, isang maliit na baryo sa Tondo, noong panahon ng mga Kastila. Pangunahing pinagkakitaan ng mga mamamayan dito ang mga gawaing pang-agrikultura at pangingisda. Isang produktibong pamumuhay ang kanilang nasimulan ngunit di sila naging ligtas sa mapaniil na pamamahala ng mga Kastila. Ang kalupitang ipinaranas sa kanila ng mga banyaga, ang hustisyang may kinikilingan, mga oportunidad na sa kanila'y ipinagkait, mga walang humpay na pang-aabuso, ang naging hudyat ng pagkakamulat ng kanilang himbing kamalayang makabayan.

Ang Caloocan ang naging kanlungan ng mga mapagpalayang ideya na naging sandata ng mga Pilipino tungo sa pagpapalaya sa bayang ginapos ng mga banyaga sa mahabang panahon. Sumibol dito ang nagkakaisang mga Pilipinong nagnanais ng pagbabago sa ilalim ng pamumuno ni Andres Bonifacio. Itinatag nila ang KKK sa layuning tuluyan nang wakasan ang mapang-abusong pamumuno ng mga Kanluraning mananakop. Siya ang nagpasimula ng harapang pakikipaglaban sa mga dayuhang mapanupil. Hindi matatawaran ang kabayanhang kanyang ipinamalas sa pahina ng kasaysayan ng bansa. Ang kanyang mga naging simulain ang naging sandigan sa pagpapatuloy ng mga sumunod pang adhikaing mapagbuti ang kalagayan ng bansa. Bilang pagbibigay-pugay sa kanyang ipinakitang kadakilaan, itinatag ang Monumento ni Bonifacio. Matatagpuan sa makasaysayang Lungsod ng Caloocan. Larawan ito ng kabayanhang ginawa niya na gumising sa kamalayan ng mga Pilipino upang magkaisang tapusin ang banyagang pamamahala ng mga Kastila.

Monumento bilang bahagi ng kasaysayan

Pagsusumikap na magtatag ng Monumento

Kasabay ng pag-unlad ng Lungsod ng Caloocan ang pag-usbong ng isa sa pinakatanyag na atraksyon nito - ang Monumento ni Bonifacio. Tulad ng mga pasakit na naranasan ni Bonifacio sa kanyang panahon, hindi din naman naging madali ang pagkakatatag ng kanyang bantayog sa Caloocan. Matapos maitayo ang bantayog ni Rizal noong 1913 sa Luneta, natuon naman ang pansin ng mga mamamayan sa paggawa ng monumento para kay Bonifacio. Nagsimula ang pagnanais na magtayo ng bantayog ni Bonifacio sa pagsusumikap ng grupong Hermanos de Bonifacio na gunitain ang kagitingan at kabayanihang ipinamalas ni Gat Andres Bonifacio. Pinamumunuan ni Guillermo Masangkay ang pangkat kasama sina Ladislao Diwa, Isaac del Carmen, Pio H. Santos, Aurelio Tolentino at Lorenzo Martinez. Ika-15 ng Mayo 1916 nang imungkahi ni Masangkay sa noo'y Tagapagsalita ng Pambansang Asembleya na si Don Sergio Osmena ang pagnanais ng grupo na magtayo ng bantayog bilang paggunita kay Bonifacio.

Kaagad namang pinakiusapan ni Osmena si Teodoro Kalaw na gumawa ng batas upang hingin ang tulong ng mga tanggapan ng pamahalaan lalo na ang mga pampublikong paaralan upang makalikom ng perang panustos sa pagtatayo ng nasabing bantayog. Inabot ng halos dalawang taon bago ito maisabatas at noon ngang ika-23 ng Pebrero 1918, naipasa na ang Batas Bilang 2760 na naglalayong magtayo ng bantayog bilang pagbibigay-pugay sa kabayanihan ni Andres Bonifacio at upang mangalap ng pondo para dito. Kaagad namang ipinatupad ang batas at nakalikom ito ng halagang 25,000.00 piso. Gayumpaman, hindi ito naging sapat kaya naglunsad ng ikalawang pagsusumikap upang maipatayo ang monumento ni Bonifacio. Sa pagkakataong ito, naging mas masigasig sa pangangalap ng boluntaryong kontribusyon sa buong bansa ang mga kasapi ng adhikaing ito. Kasama sa mga nag-ambag ang mga Mangyan, Negrito, Igorot, at Muslim. Dahil dito, malaki ang nakalap na salapi at nakalikom ng halagang 26,041.56 piso. Bagama't mas naging matagumpay ang paglikom ng pondo, di pa rin ito naging sapat para maipatayo ang inaasam na bantayog.

Dahil sa masidhing pagnanais ng grupo ni Masangkay na maparangalan ang kabayanihan ni Bonifacio, lumapit siya sa noo'y tagapanguna ng Senado na si Manuel Luis Quezon. Pinayuhan ni Quezon si Masangkay na hingin ang tulong ni Gobernador General Dwight F. Davis. Sa kabutihang-palad, naging matagumpay naman ito. Matapos makalikom ng sapat na pera, napagkasunduan ng grupo ni Masangkay, Osmena at Quezon na magdaos ng patimpalak upang malaman ang angkop na disenyo para sa binabalak na monumento. Nagsimula ang pagtanggap ng mga disenyo noong ika-30 ng Nobyembre 1929 at nagtapos noong ika-15 ng Hulyo 1930. Pinamunuan ng mga kilalang alagad ng sining tulad nina Arch. Andres Luna de San Pedro, iskultor na si Vicente Francisco, Direktor ng Paaralan ng Sining ng Unibersidad ng Pilipinas na si Fabian De La Rosa at Arch. Tomas Mapua, ang pagpili ng pinakamaganda at angkop na disenyo para sa monumento.

Si Arch. Andres Luna de San Pedro ang nagsilbing tagapanguna ng grupo. Kalaunan nama'y nagbitiw si Fabian de la Rosa bilang hurado ng patimpalak nang mapag-alamang isa sa kanyang mga kasamahan sa Unibersidad ng Pilipinas ang sumali sa nasabing kumpetisyon. Labingtatlóng disenyo ang lumahok sa nasabing patimpalak: *Valor, Fuerza y Triunfo, K.K.K, El Heroe Plebeyo, Amarillo, Pro Patria Morir, Los Ocho Rayos de Nuestra Bandera, Lakandola, Al Fundador del K, Del Sufrimiento Popular Nace el Heroe, Pugad Lawin, The People, Credo, at Batang Elias*. Nagkaroon ng pagpupulong ang mga hukom sa kumpetisyon noong ika-27 ng Agosto 1930 para sa unang eliminasyon.

Napagkasunduan ng grupong tanggalin ang mga obrang *Valor, Fuerza y Triunfo, K.K.K, El Heroe Plebeyo, Amarillo, Pro Patria Mori* at *Los Ocho Rayos de Nuestra Bandera* sa kumpetisyon. Natira ang mga obrang *Lakandola, Al Fundador del K, Del Sufrimiento Popular Nace el Heroe, Pugad Lawin, The People, Credo* at *Batang Elias*. Ika-29 ng Agosto 1930 nang idaos naman ang pagpili sa dalawang pinakamahusay na disensyo mula sa mga natirang kalahok. Itinanghal na ikalawang pinakamagandang disenyo ang *Pugad Lawin* nina Juan Nakpil at Ambrosio Garcia. Noong ika-30 ng Nobyembre 1929, ipinatupad ang Batas Bilang 3602 na naglaan ng 97,000.00 piso para sa bantayog ni Bonifacio.

Pagpili ng disenyo at angkop na lugar para sa Monumento

Anak nina Julio Nakpil at Gregoria de Jesus, dating asawa ni Bonifacio, si Juan Nakpil. Nag-uwi sila ng halagang dalawang libong piso. Ayon sa lupon ng mga hurado, nagtataglay ang *Pugad Lawin* ng pinakaorihinal na disensyo sa aspeto ng makabagong sining. Samantala, ang obrang *Batang Elias* naman ni Guillermo Tolentino ang nagwagi ng unang gantimpala na nagkakahalagang tatlong libong piso. Ang obra ni Tolentino ayon sa mga hurado ang nagtataglay sa kabuuan ng angkop na disenyo upang bigyang-puri ang kabayanihan ni Bonifacio. Bilang nagkamit ng pinakamataas na parangal, ang disenyo ni Tolentino ang ginamit sa paggawa ng bantayog ni Bonifacio. Inatasan si Tolentino sa tulong ng mga payo ni Masangkay ang Italyanong alagad ng sining na si Ricardo Monti at Arkitektong si Serafin de Lara na isagawa ang nagwaging disenyo.

Bago ipadala sa Italya upang iukit sa tanso, ipanakita muna ni Tolentino katulong si Monti, kay Masangkay ang kanilang nagawa. Nagustuhan naman ito ni Masangkay kaya kaagad na ipinadala ito sa Italya. Nang makabalik sa bansa mula Italya, pinarangalan sina Tolentino at Monti para sa kanilang natatanging kontribusyon sa paghubog ng monumento. Inatasan naman si Rafael Palma, pangulo ng Unibersidad ng Pilipinas, na manguna sa pagpili ng lugar kung saan ilalagak ang obra yamang sabik na ang lahat na masilayan ito. Matapos ang masusing paghahanap, napagpasyahang sa Caloocan ito itayo bilang pag-alala sa naging mahalagang papel ng lungsod noong panahon ng himagsikan gayong dito malimit na isinasagawa ang mga pagpupulong ng mga Katipunero. Karagdagan pa, malapit ito sa lugar na pinagganapan ng Unang Sigaw sa Balintawak na naging hudyat ng pagsisimula ng himagsikan laban sa banyagang pamamahala sa bansa. Ang kasalukuyang lokasyon ng Monumento ang kadalasang dinaraan ng mga nais magtungo sa Maynila kaya malimit itong nasisilayan ng mga taong nagdaraan at siya namang nagbibigay-daan upang mas maikintal sa kaisipan ng mga mamamayan ang kabayanihan ni Bonifacio. Ayon naman sa isang artikulong sinulat ni Ambeth Ocampo, dating pagmamay-ari ng Arkidayosis ng Maynila ang nasabing lupang kinalalagakan ng bantayog: ang Grace Park.

Disenyo at simbolismo

Magpipitong taong gulang pa lamang noon si Guillermo Tolentino nang mamatay si Bonifacio kaya di pa malinaw sa alagad ng sining ang imahe ni Bonifacio. Gayunpaman, nais ni Tolentinong gumawa ng obrang sasalamin sa mga pangyayari sa kasaysayan nang may katumpakan. Sa aklat na *Tolentino* ni Florina Capistrano (1976), inilahad ng magiting na alagad ng sining kung paano niyang binuo ang konsepto ng bantayog ni Bonifacio. Ayon mismo sa kanya, halaw sa isinagawang paglalahad ng kapatid ni Bonifacio na si Espiridiona (nang kanapanayamin niya ito) ang kanyang likha. Binasa din niya ang aklat tungkol sa kasaysayan ng bansang isinulat ni Artemio Ricarte upang makagawa ng tiyak na paglalarawan sa mga pangyayari noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ayon kay Toletino, gumawa siya ng limang patiuang disenyo halaw sa kanyang isinagawang pananaliksik at doo'y napili niya ang pinakaangkop na isali sa patimpalak. Kapansin-pansin ang pagiging mabusisi ni Tolentino sa paggawa ng kanyang obra. Hindi lamang siya basta naglilok. Bagkus, naglahad siya ng mga pangyayari nang may katumpakan. Patunay lamang na isang larawan ng mga pangyayari sa kasaysayan ang obrang bantayog ni Tolentino. Hindi lang maituturing itong likha ng sining. Hitik ito sa simbolismo ng mga pasakit at paghihirap na naranasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga mananakop.

Napalilibutan ng apat na barangay at apat na pangunahing lansangan ang kinalalagyan ng Monumento ni Bonifacio. Kabilang dito ang Barangay 78, Barangay 81, Barangay 86, Barangay 76 at mga pangunahing lansangan tulad ng McArthur Highway, EDSA, Rizal Avenue, at Samson Road. May taas na 45 talampakan at korteng obelisk ang obra ni Tolentino. Binubuo ng limang bahagi ang obelisk na kumakatawan sa bawat titik ng pangalan ng samahan, ang K.K.K.N.B o Kataastaasan, Kagalang-galangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan. May walong sulok ang pundasyon nitong kakikitaan ng walong sikat ng araw ng bandilang sumasagisag sa unang walong lalawigang nagpasimula ng paghihimagsik laban sa pamahalaang Kastila: ang Maynila, Kawit (Cavite), Laguna, Batangas, Tarlac, Pampanga, Nueva Ecija, at Bulacan. May tatlong bahagdang pataas ang

pundasyon nitong sumasagisag naman sa bawat siglo ng pananakop ng mga Kastila. Napalilibutan ang bantayog ng tubig na siya namang kumakatawan sa katangian ng mga Pilipino. Sa kanyang akdang *El Filibustersimo*, inihalintulad ni Rizal sa tubig ang mga Pilipino. Aniya: “Napakatamis ng tubig at naiinom, bagaman lumulunod sa alak at serbesa at pumapatay sa apoy. Nagiging singaw ito kapag pinainitan; kapag naligalig, nagiging karagatan na minsan nang pumuksa sa sangkatauhan at yumanig sa dibdib ng mundo.” Sa katulad na paraan, maaaring maihalintulad ang tubig sa katangiang mapagparaya ng mga Pilipino na hangga’t makakaya, titiisin ang mga pasakit ngunit kapag napuno na bunga ng sobrang paniniil at pang-aalipusta, handa namang lumaban hanggang kamatayan. Ang katangian ding ito ang ipinamalas ng bayaning si Bonifacio at ng mga kasapi ng Katipunan na siya namang masasalamain sa ginawang obra ni Tolentino.

Binubuo ang obra ng 23 katao at isang tila anghel na imahe sa pinakataas nito. Nahahati sa iba’t ibang tema ang nasabing bantayog. Makikita dito ang naging pagkilos ng Katipunan, pagsapi ng mga mamamayan sa samahan, paglisan ng mga Katipunero sa kanilang mga mahal sa buhay upang sumapi sa Katipunan, mga pagpapahirap na dinanas ng mga Pilipino at ang sinapit na kamatayan ng karamihan sa mga nakipaglaban.

Sa gawing Timog patungong Rizal Avenue, makikita ang imahe ni Bonifacio. Ayon kay Ambeth Ocampo (1999), halaw sa istruktura ng buto ng kanyang kapatid na si Espiridiona Bonifacio ang hugis ng pangangatawan ng nililok na imahe ng bayani samantalang batay sa nag-iisang larawang naiwan naman niya ang mukha. Karagdagan pa aniya, sumangguni umano si Tolentino sa mga espiritista upang magkaroon ng mas malinaw na imahe ng hitsura at pangangatawan ni Bonifacio. May hawak na bolo sa kanang kamay at rebolber sa kaliwa ang bantayog ni Bonifacio. Datapwat mas kilala si Bonifacio na may hawak na bolo kaysa sa baril. Ayon sa historyador na si Ambeth Ocampo, kadalasa’y baril ang dala ng mga Katipunero kaysa sa bolo dahil kung minsang’y nagsusuot pambabae sila upang hindi pagdudahan ng mga Kastila. Dahil mas kapansin-pansin ang bolo kaysa sa baril mas minabuti ng mga Katipunero, pati na rin ni Bonifacio, na magdala ng baril dahil mas madali itong maitago. (Chua 2007)

Upang ilarawan nang may katumpakan ang mga sandatang ginamit ni Bonifacio, minabuti ni Tolentinong kapwa ilagay ang parehong armas na ginamit ng nasabing bayani. Dinamitan naman ng Barong Tagalog ang Supremo ng Katipunan, gayong pangkaraniwan lamang ang kinagawiang pagsusuot nito noong kanyang panahon. Kapansin-pansin ang natatanging kasuotan ni Bonifacio sa obrang ito. Mas detalyadong inukit ni Tolentino ang imahe ni Bonifacio magmula sa barong nitong may nakaburdang palamuti hanggang sa kanyang lalagyan ng rebolber na may nakaukit na KKK. Isang kasuotan at paglalarawan na angkop lamang para sa isang pinuno. Gayunpaman, makikita pa rin ang kanyang kapakumbabaan dahil katulad din ng damit ng karamihan ang kanyang suot.

Di tulad ng ibang imahen sa Monumentong kinakikitaan ng poot, paghihinagpis o pasakit, kapansin-pansing tanging si Bonifacio lamang ang di-kinakitaan ng mga nasabing emosyon. Kalmado at nakatingin lamang siya sa kanyang harapan habang matikas na nakatayo. Pagpapakita lamang ito ng isang magandang katangian ng isang pinunong kalmado, palaisip, mahinahon at laging handa sa anumang pagsubok na darating. Sa gawing kanan ni Bonifacio'y makikita ang imahe naman ng kanyang pinagkakatiwalaang tagapayo na si Emilio Jacinto - nakagayak din ng pakikipagdigma. Kadalasang maririnig ang pangalan ni Jacinto sa tuwing mapag-uusapan si Bonifacio at ang KKK, yamang ang samahan ng dalawa'y itinuturing na epektibo sa pamamahala ng Katipunan.

Sa gawing kaliwa naman makikita ang Katipunerong may dalang bandilang naglalarawan ng simbolo ng ipinaglalaman ng samahan at ang pagnanais ng Katipunan na makilala bilang opisyal na pamahalaan ng bansa. Makikita din ang dalawang Katipunerong may dalang bolo sa magkabilang sulok. Nasa anyong pasugod na nagpapakita ng tapang at lakas ng loob ng mga Katipunero na ipaglaban ang paniniwala ng samahan ang isa. Nakatingin sa kanyang likuran na nagpapamalas ng pag-anyaya sa mga mamamayang makiisa sa layunin ng Katipunan ang isa pa. Makikita din ang isang Katipunerong tumutulong sa kapwa Katipunerong sugatan. Pagpapakita lamang ito ng pagdadamayang ng mga miyembro ng samahan sa panahon ng kagipitang siya mismong bahagi ng prinsipyong nasusulat sa Kartilya ng Katipunan. Ang

Kartilya ang nagsilbing batayan ng gawi ng mga kasapi ng Katipunan noong panahong yaon.

Sa gawing Silangan patungong EDSA, makikita ang isang Katipunerong nagpapaalam sa kanyang kasisilang na anak upang sumali sa kilusan habang tumatangis naman ang kanyang asawa't anak na babae dahil sa kanyang paglisan. Sa kanyang likuran nama'y nakahawak ang isa pa niyang anak na tila pinipigilan ang kanyang paglisan. Pagpapakita ito nang kung gaano kasakit at kalungkot para sa isang amang lisanin ang kanyang mag-anak upang sumapi sa Katipunan. Masasalamon din dito ang pagdadalamhati ng isang pamilya dahil na rin sa pangambang maaaring di na makauwi nang buhay ang haligi ng tahanan dulot ng digmaan. Mapapansin din ang lalaking nakahandusay na tila wala ng buhay. Nais ipamalas ng obrang ito ang kadalasang masalimuot na kinahihinatnan ng mga anak ng bayan sa pakikipaglaban para sa bansa.

Sa gawing hilaga patungong McArthur Highway, masisilayan ang tatlong paring martir na sina Burgos, Gomez at Zamora. Makikita ang imahe ni Zamorang nasa garote samantalang si Burgos at Gomez nama'y nakahandusay at walang buhay. Napakahalagang papel ang ginampanan ng tatlong paring martir sa pagkamulat ng mga Pilipino sa mga di-makatarungang palakad ng mga Kastila. Isa sila sa mga naging inspirasyon ng Kilusang Propaganda bago pa man itatag ang Katipunan. Masasalamon sa obra ni Tolentino ang pait ng kamatayang sinapit ng tatlong paring martir matapos mapagbintangang silang kasapi ng kilusang sekularisasyon na nagsusulong ng reporma sa simbahan at nakikiisa sa mga sundalong nag-aklas sa Cavite laban sa pamahalaang Kastila. Naglalayon ang sekularisasyong pahintulutan ang mga paring sekular na pamahalaan ang mga lokal na simbahan na siyang naaayon sa Council of Trent. Gayunpaman, tutol dito ang mga prayle yamang itinuturing na isa sa pinakamaimpluwensyang posisyon sa lipunan ang pagiging pari noong panahong iyon sapagkat nagagawa nilang diktahan at kontrolin ang kaisipan at bawat aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.

Sa gawing Kanluran patungong Samson Road naman, makikita ang imahe ng isang lalaking nakikipagsandugo upang umanib sa Katipunan habang minamasdan naman siya ng isa pang lalaking

nakaupo. Kadalasang ginagawa ang pagsasandugo sa mga nais sumapi sa kilusan bilang patunay ng kanilang katapangan at kahandaan na harapin ang mga pagsubok na kanilang susuungin. Mapapansin din ang isang amang labis ang paghihinagpis dahil sa pagkamatay ng kanyang kabiyak habang sa tabi niya’y makikita ang kanyang dalawang anak na parehas ding nangungulila sa pagkamatay ng kanilang ina. Pagpapakita lamang ito ng di-makatarungang pananamantala at pang-aabuso sa mga kababaihang isa ring kadahilanan ng pag-alab ng pusong mapanghimagsik ng mga Pilipino.

Ayon sa manunulat na si Arturo Ma. Misa (1958), maaaring kumakatawan sa tauhan ng Noli Me Tangere ang imahe ng lalaking may kasamang nakahandusay at tila wala nang buhay na babae. Si Sisa ang nakahimlay na babae samantalang sina Crispin at Basilio ang dalawang anak na lalaki. Si Pilosopong Tasyo ang lalaki namang kadalasang napagkakamalang wala rin sa sariling kaisipan ngunit sa katotohana’y nagtataglay ng kahanga-hangang karunungan. Sa magkatulad na paraan, ipinapamalas lamang ng mga imaheng ito ang mga di-makatarungang pang-aabuso ng Pamahalaang Kastila sa mga pangkaraniwang mamamayan. Si Sisa, ang kanyang dalawang anak at si Pilosopong Tasyo ang mga naging biktima ng kanser ng lipunang dulot ng tiwaling pamamalakad ng pamahalaang Kastila. Tumutukoy sa mga suliraning panlipunan ang kanser na tila bagang isang sakit na unti unting sumisira sa bansa.

Sa gawing ibaba ng nililok na imahe ni Bonifacio, makikita ang isang plakang nakalimbag ang isang mensaheng na nakasulat gamit ang kodigo ng Katipunan. Karaniwan nang gumagamit ng sikretong kodigo ang mga kasapi ng Katipunan upang maiwasan ang pagkalantad ng kanilang mga layunin. Isinalin ni Christian Bernard Melendez (2013) sa kanyang artikulong may pamagat na “*A Moment for the Monument: A Closer Look at the Bonifacio Monument in Caloocan City*” ang kodigo ng nabanggit. Ganito ang sinasabi ng mensahe sa kanyang salin:

Mga maginoong namumununo, kasapi at mga kapatid,

Sa inyong lahat ipinatutungkol ang pahayag na ito.
Totoong kinakailangan na sa lalong madaling panahon

ay putulin natin ang walang pangalang pang-lulupig na ginagawa sa mga anak ng bayan na ngayo'y nagtitiis ng mabibigat na parusa at pahirap sa mga bilanguan na sa dahilang ito'y mangyaring ipatanto ninyo sa lahat ng mga kapatid na sa araw ng sabado, ika 29 ng kasalukuyan, ay puputok ang panghihimagsik na pinagkasunduan natin, kaya't kina-kailangang sabaysabay na kumilos ang mga bayanbayan at sabaysabay na salakayin ang Maynila. Ang sino pa mang humadlang sa banal na adhikang ito ng bayan ay ipalalagay na taksil at kalaban maliban na nga lamang kung may sakit na dinaramdam o ang katawa'y may sama at sila'y paguusigin alinsunod sa palatuntunang ating pinaiiiral.

Bundok ng kalaayan, ika-28 ng Agosto ng 1896.

May Pagasa (Par. 10)

Ang panawagang ito ay ang mismong mensaheng nais ipaabot ni Bonifacio sa mga mamamayan noong panahong iyon. Nais niyang hikayatin ang bawat Pilipinong may kakayahang makipagbaka na ipaglaban ang kanilang kalayaan laban sa mga mananakop. Ngunit sa kasamaang-palad hindi ito naging matagumpay bunga na rin ng kakulangan ng mga kagamitang pandigma, pagiging handa ng puwersang Kastila at ang hindi pagsipot ng mga taga-Cavite sa pamumuno ni Hen. Fernandez (Salazar 2013). Gayunpama'y maituturing itong isang tanda ng kanyang katapangan at labis na pagnanais na makamit ang inaasam na kalayaan. Ang panawagang ito ni Bonifacio ang naging inspirasyon upang maipagpatuloy ang himagsikan na nagbigay-daan rin naman upang tuluyang makalaya ang bansa laban sa mga mananakop.

Sa pinakatuktok ng bantayog ay makikita naman ang inukit na imahe ng tila isang anghel. Ayon kay Michael Charleston Chua (2007) ang imahe ay may malaking pagkakahalintulad sa *Winged Victory of Samothrace*. Maaaring naging inspirasyon nga ito ni Tolentino sa paggawa ng kanyang obra yamang ang batikang iskultor ay nag-aral ng klasikong sining sa ibang bansa. Ang *Winged Victory of Samothrace* ay isang sinaunang iskulturang Griyego na sinasabing nililok noong

ika-dalawang siglo B.C., upang parangalan ang Griyegong diyosa na si Nike. Kadalasang kumakatawan ito sa pagsasaya dulot ng tinamong tagumpay. Sa katulad na paraan, ang imahe ng anghel sa pinakatuktok ng bantayog ay lumalarawan sa nakamit na tagumpay bunga ng mga sakripisyo at hirap ni Bonifacio at ng Katipunan. Hindi man natupad ang pinangarap ni Bonifacio at ng samahan na maitatag at mamuno sa lahat ng isla sa Pilipinas ang Pamahalaan ng Bayang Katagalugan, naging matagumpay naman ito sa pagmumulat sa natutulong at natatakot na kaisipan at damdamin ng mga Pilipino laban sa mga dimakatarungang pamamahala ng mga mananakop.

Pagpapasinaya ng Monumento ni Bonifacio

Noong ika-30 ng Nobyembre, 1933 sa harapan ng mga sabik na mga mamamayang nais masilayan ang monumento ay pinangunahan ni Aurora Quezon kasama ang tatlong naggagandahang dilag bilang kinatawan ng Luzon, Visayas at Mindanao at walong magagandang binibini na kumatawan naman sa walong lalawigan na unang nag-aklas sa mga Kastila, ang pagpapakita sa madla ng Monumento ni Bonifacio. Nagbigay ng kanyang talumpati ang noong tagapagsalita ng Kongreso na si Osmena. Tinawag niyang “Ama ng Demokrasya” si Bonifacio kasabay ang kanyang paghimok sa mga kabataan na gayahin ang pagmamahal na ipinakita ni Gat. Andres Bonifacio sa kanyang bayan.

Mula noon nga’y naging bahagi na ang Monumento ni Andres Bonifacio sa pag-unlad at pagsulong ng Lungsod ng Caloocan bilang isa sa mga kinilalang lungsod sa Kalakhang Maynila. Ang Monumento ni Bonifacio ay isang buhay na larawan ng kanyang kabayanihang ipinamalas sa ating kasaysayan, sampu ng kanyang mga kasama. Ito ay testimonya ng kanilang dinanas na kaapihan sa kamay ng mga mananakop. Kwento ito ng kanilang paghihimagsik at pakikibaka tungo sa inaasam na pagbabago para sa bansa. Ito ay isang pagkakilanlan nating mga Pilipino – nangangahulugang pagkilala sa lahing ating pinagmulan. Pagpapaalala ang Monumento kung gaano kapalad ang makabagong henerasyon at biniyayaan sila ng mga dakilang bayaning nagbuwis ng buhay upang ipagkaloob ang isang malayang kinabukasan sa kasakuluyang panahon.

Naging malaking bahagi ang Monumento sa pagyabong ng kasaysayan at ekonomiya ng lungsod ng Caloocan. Katibayan nito ang paggawad ng Suriang Pangkasaysayan sa Monumento ni Bonifacio bilang isang Pambansang Bantayog noong ika-14 ng Agosto 2002. Muli itong pinarangalan ng Pambansang Museo bilang Yamang Pangkalinangan noong ika-30 ng Nobyembre 2009. Di- matatawaran ang naging ambag ng Monumento ni Bonifacio sa mayamang kasaysayan ng Caloocan. Gayunpaman, mapapansin ang malaking pagbabago nito sa paglipas ng panahon. Mula sa isang estrukturang pangkasaysayan, unti-unti itong nakilala bilang isang sikat na estrukturang pangkalakalan.

Monumento bilang sentro ng kalakalan

Kasaysayang pang-ekonomiya ng Caloocan

Bahagi pa noon ng lalawigan ng Rizal nang maitatag ang Monumento sa Caloocan. Nagtagal ito hanggang sa maging lungsod ang Caloocan noong 16 Pebrero 1962. Bilang bahagi ng Rizal, masasabing malaki ang naiambag ng Caloocan sa pag-unlad sa aspetong pang-ekonomiya ng nasabing lalawigan. Tinagurian itong “Manila’s gateway” dahil ito ang pangunahing daanan ng mga taga-Hilagang nagnanais magtungo sa Maynila.

Malaki ang naiambag ng pagkakatatag ng Manila-Dagupan Railway noong 23 Nobyembre 1892 sa ekonomiya ng Caloocan. Sa pagbubukas nito, mas naging madali ang kalakalan sa hilagang bahagi ng bansa at sa Maynila. Ang Caloocan ang nagsilbing bagsakan ng mga produktong nais ibenta sa Maynila. Di-kalaunan, naging pangunahing pook ito ng mga nagtitipong maliliit at malalaking mangangalakal. Dahil dito, unti-unting umusbong ang mangilan-ngilang negosyo. Sa mahabang panahon, naging maunlad ang kalakalan sa nasabing munisipalidad. Naging magandang pagkakataon ito para sa mga mamamayan ng Caloocan na magkaroon ng hanapbuhay at karagdang kita buhat sa pagnenegosyo. Dito na rin nagsimula ang pag-usbong ng Caloocan bilang pangunahing munisipalidad ng Rizal pagdating sa larangan ng kaunlarang pang-ekonomiya.

Panahon ng pakikibaka (1930s-1940s)

Gayunpaman, nang sumapit ang 1930 hanggang 1940, nag-iba ang kulay ng kaunlarang pang-ekonomiya ng Caloocan. Naging madilim ang pagtahak ng naturang munisipalidad sa landas ng kasaganaang pangkabuhayan. Ito’y bunga na rin ng magulong sistemang pulitikal ng munisipalidad. Napuno ng takot at pangamba ang mga tao. Nawalan ng kasiguraduhan ang mga bagay-bagay. Samantalang nagmistulang nakalimot naman ang mga nasa posisyon hinggil sa mga karapatang-pantao. Ayon kay Luis de Leon (1971) maihahalintulad sa “dodge city” o lungsod ng mga gawaing ilegal ang Caloocan ng mga panahong iyon. Karagdagan pa rito ang pagkawala ng mga pangunahing teritoryo ng Caloocan na malaking potensyal sa larangang pang-ekonomiya. Kadalasang walang suplay ng kuryente, tubig at malayo sa mga pangunahing lansangan ang mga lugar na naiwan bilang bahagi ng Caloocan. Hindi naging madali ang naging lakbayin ng Caloocan upang makasabay sa aktibong takbo ng ekonomiya ng mga karatig-lugar nito.

Sa panahon ring ito, mapapansing napalilibutan lamang ng pawang bukirin ang Monumento ni Bonifacio. Wala pang mga gusaling pangalakal na nakatayo malapit dito. Ayon sa isinagawang panayam sa mga may gulang na matagal ng naninirahan sa Caloocan, nakatatakot puntahan ang bantayog yamang walang gaanong taong nagagawi sa lugar at kadalasan pa’y madilim sa nasabing pook pagsapit ng gabi. Karagdagan pa ayon kay Tatay Antonio Ramirez (Panayam, Pebrero 15, 2013), isa sa mga kasapi ng Senior Citizens’ Association, dating bayabasan. mula Monumento hanggang sa Balintawak. Tanging daan lamang ang makikita rito. Ang daang ito ang nag-uugnay sa Maynila at Bulacan sa pamamagitan ng North Diversion Road.

Ginintuang panahon ng Caloocan (1950s – 1980s)

Naging alkalde si Asistio ng Caloocan sa loob ng limang magkakasunod na termino. Tinatayang ito ang pinakamahaba sa kasaysayan ng lungsod na nagtagal ng halos dalawang dekada mula 1952 hanggang 1971. Itinaguyod ni Asistio ang pagiging lungsod

ng Caloocan. Ayon kay Agapito M. Joaquin (1971), ibinalik niya ang kapayapaan sa lugar at kasabay nito, ang muling pagtitiwala sa pamahalaan ng mga taong kanyang nasasakupan. Kaya nga't tinagurian ni Joaquin ang kanyang panunungkulan bilang *Ginintuang Panahon ng Caloocan*.

Sa mga panahon ding ito, kinilala ang Caloocan bilang sentro ng industriya at komersyo. Umusbong ang maraming uri ng negosyo partikular na sa Timog-Caloocan kung saan matatagpuan ang Monumento ni Bonifacio. Dahil na rin ito sa magandang lokasyon ng lugar. Malapit at nakapalibot dito ang iba't ibang lungsod sa kalakhang Maynila tulad ng Lungsod ng Maynila, Quezon, Valenzuela, Navotas at Malabon. Naging sentro ito ng iba't ibang mga gawaing-pangkabuhayan.

Pagsapit ng dekada 60 nagsimulang umusbong ang mga katibayan ng pagbabagong pang-ekonomiya sa Caloocan. Sa katunayan, nagsimula nang magsulputan ang mga paaralan, ilang gusali at ang mga himpilan ng mga iba't ibang sasakyang pampubliko tulad na lamang ng bus, dyip at iba pa. Naging sentro ang lugar na ito ng kalakalan sapagkat pangunahing daanan ito ng mga iba't ibang pampublikong sasakyan. Ito ang siyang nagdurugtong sa mga pangunahing daanan sa bansa tulad ng McArthur Highway, Samson Road, EDSA at ang Rizal Avenue. Ito ang nagsilbing pangganyak sa mga mangangalakal upang dito magnegosyo. Ito ang naging bagsakan ng mga produkto mula sa mga lalawigan sa hilaga. Pangunahing daanan din ito ng mga biyaheong nanggagaling sa iba't ibang bahagi ng kalakhang Maynila. Ayon kay Dr. Linda Santiago, (Panayam, 25 Abril 2013) Chancellor ng Pamantasan ng Silangan sa Maynila, lumaki sa Caloocan: “Walang diretsong biyahe noong araw, kaya naman lahat halos ng mga biyahe ay nagagawi sa lugar na ito dahil narito ang mga terminal ng dyip at mga bus.” “Bagamat kilala ang Rizal Avenue noong araw bilang daanang pang-komersyo,” dagdag ng chancellor, “ang Monumento naman ang nagsisilbing daan upang makarating sila sa kanilang pupuntahan.” Dito sila bumababa at muling sasakay patungo sa kung saan man ang kanilang destinasyon.

Ang magandang kapaligirang nalikha nang mahusay na pamamalakad ni Asistio ang nagganyak sa maraming uri ng mga

mangangalakal upang dito magtatag ng kanilang mga negosyo. Ito ang naghudyat ng pagiging sentro ng kalakalan ng Caloocan.

Sa pagsasalungsod ng Caloocan noong 16 Pebrero 1962, natunghayan ang tuluyang transpormasyon nito sa aspetong pang-ekonomiya. Ilang taon ang nakalipas, nagsulputan ang maraming uri ng mga negosyong malapit sa Monumento. Ayon sa panayam kay Architect Jonathan Himala (24 Abril 2013) ng City Planning Divison ng Caloocan, naunang umusbong ang mga paaralang nakapaligid sa Monumento gaya ng Araneta University Extension, ang Paaralang Elementarya ng Cecilio Apostol na dating Paaralang Elementarya ng Kalaanan at Manila Central University. Ang mga paaralang ito ang nagganyak sa mga taong mas dayuhin ang Monumento. Kaya nga't di na kataka-taka ang biglang pagdami ng mga tao at ng mga maliliit na manininda sa paligid ng Monumento. Ayon pa sa arkitekto, ang lugar na kinaroroonan ngayon ng Victory Mall, mula sa pagiging bakanteng lupa, ay nagkaroon din ng mga maliliit na tindahan ng mga panahon iyon. Dahil sa pagdami ng mga mamimili sa lungsod, itinayo naman malapit sa Manila Central University ang Bonifacio Market Trading Center, isang kilalang palengke sa Caloocan.

Ayon sa panayam kay Tatay Martin Franciso (9 Mayo 2013), dating nagtitinda sa loob ng nasabing pamilihan, itinatag ito noong 1968. Tatlong beses umano itong nasunog ngunit lagi pa ring itinatayo dahil na rin sa patuloy na pagtangkilik ng mga mamimili. Masigla ang kalakalan sa nasabing lugar, maganda ang palengke at hindi pinapayagang dumaan ang mga bus noong panahong yaon.

Tinatayang 1975 naman nang maitatag ang sangay ng Ever Emporium sa Caloocan. Ito ang tinuturing na kauna-unahang shopping center sa lungsod. Ito rin ang pinakamalaking mall sa lugar noong mga panahong iyon. Sinasabing malaki ang naging ambag ng pagkakatatag ng pamilihing ito sa lungsod ng Caloocan dahil sa kadalasan itong dinarayo ng mga mamamayan sa kalakhang Maynila upang mamili. Kaya kasabay nang pagdating nito ang lalong pag-usbong ng iba't ibang uri ng negosyo sa mga karatig lugar. Dahil dito, higit na naging abala ang lungsod sa pang-ekonomiyang larangan nito.

Higit pang naging aktibo ang sistemang pangkabuhayan sa Caloocan nang pumasok ang mga mangangalakal na Intsik. Nagtayo

sila ng mga pagawaan ng makina, tela, torso, kainan at iba pang mga kalakal sa lungsod. Ilan sa mga ito ang Glory Lumber, Pines Restaurant, Silver Crown at iba pang uri ng komersyong matatagpuan malapit sa Monumento.

Taong 1984 naman nang maitatag ang istasyon ng LRT sa Caloocan. Dahil dito, higit na dinayo ang lungsod ng mga taong buhat sa mga bayan ng Bulacan, Valenzuela, Malabon at Navotas na nagtatrabaho o dili kaya'y nag-aaral sa Maynila o Makati gayong mas mabilis puntahan ang mga nasabing lugar gamit ang tren. Naging mas marami ang mga taong naglabas-masok sa Caloocan kaalinsabay ang pagdami ng mga maliliit na mangangalakal sa paligid.

Sinundan pa ito ng pagkakatatag ng Ever Gotesco Grand Central noong 1988. Pinalitan nito ang Paaralang Elementarya ng Cecilio Apostol na inilipat naman sa Maynila. Hindi na nga napigilan ang Caloocan sa tuluyang pagiging sentro nito sa larangan ng pakikipagkalakalan ng produkto't serbisyo.

Ang Grace Park sa lungsod ng Caloocan ang naging pinakaaktibo sa mga gawaing-pangkomersyo ng mga panahong ito. ay dating bahagi ng teritoryong sakop ng Grace Park. Ito ang naging pangunahing sentro ng kalakalan sa Caloocan. Bahagi ng nasasakupan ng kinalalagyan ng Monumento ni Bonifacio ang mga lugar na matatagpuan malapit sa Rizal Avenue. Matatagpuan sa Grace Park ang Ever Gotesco Grand Central. Nasa bahagi ring ito ang pagawaang Ang Tibay Shoes na isa sa mga kilalang pagawaan ng sapatos. Ilang mga bangko rin gaya ng Banco Filipino at Allied Bank ang naitatag sa lugar na ito. Dahil sa malawak na sakop ng Grace Park at kaangkupan nito bilang lokasyong pangkomersyo, naging mabilis ang pagdami ng mga mangangalakal na nagtitipon at nagtatatag ng kanilang negosyo rito. Kaya di-kalaunan, napalibutan ng mga gusaling pangalakal ang nasabing lugar partikular na ang paligid ng Monumento.

Ang Monumento sa Caloocan sa makabagong panahon (1990s – 2000s)

Pagsapit ng dekada 90 nagpatuloy ang masiglang gawaing-pangkabuhayan sa Caloocan lalong higit sa paligid ng Monumento. Nagpatuloy sa paglago ang mga pamilihan. Naging pangunahing

atraksyon ang Ever Gotesco Grand Central at Ever Emporium na karaniwang dinarayo ng mga mamimili mula sa Caloocan, Malabon, Navotas, Valenzuela pati na rin ng mga taga-Bulacan, gayong ito ang mga tanyag na shopping center sa lugar ng mga panahong iyon. Dahil sa tagumpay na tinamasa ng pagkakatatag ng mga nasabing establisimyento, naengganyo ang ilan pang mga negosyanteng magtayo ng kani-kanilang sariling shopping center. Ito ang nagbunsod sa pagkakatatag ng Uniwide Warehouse Club malapit sa bantayog ni Bonifacio. Naging matunog rin ang pangalan ng nasabing pamilihan sa mga mamimili at naging isa sa mga dinarayong Shopping Center din ng lungsod.

Umusbong rin ang mga bahay-sanglaan sa bahagi ng LDC building na matatagpuan sa may gilid ng Monumento gaya ng Tambunting Pawnshop at Villarica Pawnshop. Sa panahon ding ito nagsimulang dumami at nakilala ang Caloocan sa mga bahay-aliwan tulad ng Pink Panther at 316 beerhouse, gayundin ang mga economy-class hotel. Ayon sa mga dokumentong nakalap sa silid-aklatan ng Unibersidad ng Pilipinas na may kinalaman sa Caloocan (1993), ang pagkakatatag ng mga establisimyento tulad ng mga bahay-aliwan at motel ang naging daan upang maging pugad ng prostitusyon ang Caloocan. At dahil sa pagdami ng mga nabanggit, naging isa sa mga pangunahing suliranin ng lungsod ang prostitusyong nagbunsod sa pagdami ng kaso ng mga nahahawa sa mga sakit sanhi ng pakikipagtalik.

Sa pagpasok ng ika-21 siglo, nagpatuloy ang pag-usbong ng mga shopping center sa Caloocan. Ginawa na ring shopping center at nakilala bilang Araneta Square ang dating Araneta University na pagmamay-ari ni Don Salvador Araneta. Ayon kay Gng. Irmira Buensuseco (Panayam, 8 Mayo 2013), dating empleyado ng Araneta University, ipinasara ang nasabing paaralaan dahil sa desisyong gawing gusaling pangkomersyal ang nasabing lugar. Nakita umano ng mga may-ari ang potensyal ng pagtatatag ng gusaling pamilihan doon na umunlad sa aspetong pangkomersyo, dagdag pa rito ang maganda nitong lokasyon kung saan buhay na buhay ang kalakalan. Nagtayo rin ng shopping center ang Victory Liner Transit sa tabi ng terminal nito. Kalauna'y nakilala ito bilang Victory Mall. Lumipat ang Uniwide Warehouse Club sa kalapit na lugar at napalitan naman ito ng

panibagong pamilihan, ang Novo. Kapansin-pansing lalong dumami ang mga economy class hotel sa paligid ng Monumento tulad na lamang ng Nice Hotel, Hotel Sogo, Astrotel at Asia Novotel. Lumago rin ang industriya ng pagbabangkong nakapalibot sa Monumento. Ilan sa mga ito ang BPI, PNB at PS Bank. Nagpatuloy ang industriya ng mga bahay-sanglaan tulad ng Villarica Pawnshop, Fidelity Pawnshop, M Lhuillier at Cebuana Lhuillier. Sa tala ng City Planning Division ng Pamahalaang Panglusod ng Caloocan noong 2010, tinatayang mayroong 11, 781 negosyo ang nakatayo ngayon sa Caloocan. Matatagpuan sa timog-bahagi ng Caloocan ang karamihan dito kung saan makikita din ang Monumento ni Bonifacio. Ang Timog na bahagi ng Caloocan ang itinuturing na sentro ng mga gawaing-pangkabuhayan ng lungsod yamang dito matatagpuan ang mga pangunahing daanan na nagdudugtong sa hilagang bahagi ng bansa tungo sa Maynila. Patunay dito ang pagdami ng shopping malls, supermarket, fastfoods at himpilan ng LRT sa nasabing bahagi ng lungsod.

Gayunman, sa paglipas ng panahon, napabayaan na ang ilan sa mga gusaling pangkomersyong minsang naging sandata ng Caloocan sa pagpapaunlad ng kanyang ekonomiya. Di nabigyan ng kaukulang pansing pagandahin at ayusin ang ilan sa mga kinikilalang sikat na establisyemento noong araw na kalauna'y humantong sa tuluyang pagsasara ng mga ito. Isa sa mga nabanggit ang sikat na Ever Emporium na nagsara noong unang bahagi ng taong 2000. Matapos ang isang dekada, nawala na rin ang kinang ng kapatid na kumpanya nitong Ever Gotesco Grand Central na kalauna'y tinupok ng sunog. Napabayaan din ang mga maliliit na pamilihan sa may LDC Building at gayundin ang Bonifacio Market. Datapwat nawala ang ilan sa mga sikat na gusaling-pangkomersyo ng Caloocan. Napalitan naman ito ng mga bagong pangalang tiyak na magpapatuloy sa pagpapaunlad sa lungsod tulad na lamang ng SM Hypermarket na humalili sa Ever Emporium. Sa kasalukuyan, inaayos na rin ang kinalalagyan ng nasunog na Ever Gotesco Grand Central.

Sa patuloy na pag-unlad ng ekonomiya ng Caloocan, muntik namang maging biktima ng pag-asenso ang bantayog ni Bonifacio. Taong 2002, imungkahi ng noo'y alkalde ng Caloocan na si Reynaldo O. Malonzo, ang pagpapalipat sa Monumento ni Bonifacio mula sa

sentro ng gawaing-pangkabuhayan nito sa Timog Caloocan patungong Tala sa Hilagang bahagi ng Caloocan. Layunin nitong bigyang daan ang pagpapatayo ng karagdagang istasyong magdurugtong sa LRT1 sa Caloocan patungong MRT sa Quezon City. Sa tulong na rin ng pamahalaan at pribadong sektor ng lipunan, napigilan ito sa pamamagitan ng pagtatalaga ng National Historical Institute noong ika-14 ng Agosto, 2002, sa bantayog bilang isa sa mga pambansang yaman ng Pilipinas na marapat lamang ingatan.

Sa kasalukuyan, napalilibutan pa rin ng mga iba't ibang uri ng gusaling pangalakal ang kinaroroonan ng Monumento ni Bonifacio. Sa gawing timog-kaunlaran nito matatagpuan ang Araneta Square, North West Plaza at Puregold. Sa bahaging hilagang-kanluran naman makikita ang SM Hypermarket na dating Ever Gotesco at Astrotel. Sa gawing hilagang-silangan makikita ang LDC Building kung saan matatagpuan ang Fidelity Pawnshop, Cebuana Lhuillier, Monumento Pawnshop, Villarica Pawnshop, at iba pang mga maliliit na negosyante. Sa bahaging timog-silangan ng estruktura naman masisilayan ang Mercury Drug, Tropical Hut at RJ Express.

Sa ginawang panayam sa mga nagtitinda, mamimili at dumaraan sa Monumento (2013) hinggil sa naging pagbabago sa nasabing bantayog at sa mga katabing gusaling nakapaligid dito sa paglipas ng panahon, halos magkakatugma ang kanilang nabanggit: Nagkakaisa ang mga ito sa ideyang mahalaga sa ating kasaysayan sa kasalukuyan nitong kinalalagyan ang Monumento bagaman hindi masasabing ito lamang ang pangunahing dahilan ng pagyabong ng ekonomiya sa lungsod. Naging sentro ng kalakalan ang Monumento dahil napaliligiran ito ng mga pangunahing daanan at hindi dahil dito matatagpuan ang bantayog ng bayaning si Andres Bonifacio. Masasabing ang mga malalaking pamilihing naitayo malapit sa Monumento ang nag-udyok sa iba pang mga negosyanteng mamuhunan sa nasabing lugar. Hindi maituturing na ang pagkakatag ng Monumento ang naging daan sa pag-usbong ng masiglang ekonomiya sa paligid nito. Ayon nga kay Dr. Linda Santiago (Panayam, 25 Abril 2013), “kahit anong gusali o tower ang ilagay mo dyan sa kinaroroonan ng Monumento, patuloy pa ring darami ang mga gusaling-pangkomersyo sa paligid nito dahil ito ang isang pangunahing daanan ng mga tao.”

Buod at kongklusyon

Ang papel ng Monumento sa kasaysayan at ekonomiya ng Caloocan

Isang tanyag na bantayog na matatagpuan sa makasaysayang Lungsod ng Caloocan ang Monumento. Ito ang nagsilbing pagkakilanlan ng lungsod para sa karamihan, partikular na sa mga taong naninirahan sa Caloocan maging ng mga karating lungsod nito. Bagamat, sa paglipas ng panahon, nagbabago na rin ang pakiwari ng mga taong may kinalaman sa kahalagahan ng pagkakatatag ng bantayog sa lugar.

Ang papel ng Monumento sa kasaysayan ng Lungsod ng Caloocan

Isang yamang-pangkalinangan ang Monumento ni Bonifacio para sa mga mamamayan ng lungsod. Ilan lamang sa iba pang mahahalagang papel na ginampanan at patuloy na ginagampanan ng Monumento sa Lungsod ng Caloocan ang mga sumusunod.

Nagsisilbing kanlungan ng kabayanihan ang Monumento. Sa lugar na ito sumibol ang damdaming mapagpalaya at ang intensyong tuluyang supilin ang paghahari ng mga Kanluranin sa bansa. Dito ipinanganak ang mga magigiting na Katipunerong sina Gregoria De Jesus, Melchora Aquino, Apolonio Samson, Emilio Jacinto, Andres Bato, Lorenzong Lupa, Andres Bolinao, Mariano Maglilong, Silverio Baltazar, Mariano Galler, Victorio Lanuza at Candido Galauran at iba pa. Naging kaisa sila ng Ama ng Himagsikang si Gat Andres Bonifacio sa pagtataguyod ng mga layunin ng kanilang samahan. Ipinamalas nila ang kanilang kahandaang magbuwis ng buhay alang-alang sa karangalan ng bansa. Dito rin sumibol ang KKK na pinaniniwalaang naging pugad ng mga gawain nito.

Nagsisilbing isang pagkakakilanlan ang Monumento. Ang Monumento ay ang mga Pilipino. Ang katapangan at kahandaang magbuwis ng buhay para sa kalayaan ay isa lamang sa mga katangiang ipinagmamalaki ng mga Pilipino sa ibang mga lahi. Kung susubukang isa-isahin ang mga taong nakaukit sa bantayog, makikita ditong sa

bawat taong masisilayan sa likha ni Tolentino, isang pagkilala ito sa mga mahahalagang katangian ng mga Pilipino. Mula sa pagiging inang handang magsakripisyo para sa kabutihan ng kanyang mga supling hanggang sa kahandaan ng amang lumayo at makipaglaban upang tiyakin ang kaligtasan ng kanyang pamilya; sila rin ang mga Pilipinong naging biktima ng isang huwad na hustisya; at mga Pilipinong kinatawan ng mga bayaning handang ialay ang kanilang mga buhay para sa kapakanan ng higit na nakararami.

Isang pagsasalarawan sa napakahalagang yugto ng kasaysayan ng bansa ang Monumento. Ang Monumento ay isang buhay na larawan ng mga kaapihan at pasakit na napagtagumpayan ng mga Pilipino sa ilalim ng mapang-aping pamumuno ng mga banyagang mananakop. Ito ang Pilipinas sa ilalim ng Espanya. Ito ang yugto ng kasaysayan kung saan naroon ang pagkamulat ng kanilang kamalayan na sinabayan ng tuluyang pagbangon mula sa 333 taon ng mapanupil na pagsakop.

Isang buhay na larawan ng kabayanihan at kagitingan ng mga bayani ang Monumento. Isa itong estrukturang sumasalamin sa mga bayaning nagbuwis ng kanilang mga buhay upang matamasa ng mga susunod na henerasyon ang kinabukasang malaya.

Pagpapakita ng tunay na pagmamahal at pagpapahalaga sa konsepto ng kalayaan ang Monumento. Masasalamin sa estrukturang ito ang masidhing pagnanais ng mga Pilipinong makamtan ang tunay na kalayaan at mapagtagumpayang palaganapin ang demokrasya sa bansa.

Ang papel ng Monumento sa ekonomiya ng Lungsod ng Caloocan

Kilala ang Caloocan pagdating sa iba't-ibang gawaing-pangkabuhayan. Sa naging takbo ng kasaysayan nito, naging sentro ito ng kalakalan. Malaking salik dito ang estratehikong lokasyon nito. “Manila’s gateway” kung tawagin ito. Nagsilbing daanan ito hindi lamang ng mga tao mula sa hilaga kundi kasama na rin ng kanilang mga produktong pangkalakal.

Dating sakop ng Grace Park ang bahaging kinaroroonan ng Monumento, pinakaaktibo sa larangan ng kalakalan sa Caloocan. Hindi naging balakid ang pagkakatayo nito sa pagsigla ng kalakalan sa lugar, bagkus, higit pang naging mas aktibo.

Hindi maikakaila ang kahalagahang pangkasaysayan ng bantayog ni Bonifacio sa Caloocan. Sa katunayan, nagsisilbi itong pagkakilanlan ng lungsod. Larawan ito ng isa sa mga mahahalagang pangyayari sa bansa. Ngunit kalauna'y unti-unting nakikilala bilang isang estrukturang pang-ekonomiya ang dating estrukturang pangkasaysayan.

Sa paglipas ng panahon, tila бага patuloy na dumaraan sa isang transpormasyon ang monumentong kumikilala sa kabayanihan ni Andres Bonifacio. Sa kasakuluyan, higit na kilala ng nakakarami ang Monumento bilang isang lugar pangkomersiyo sa Lungsod ng Caloocan.

Matatagpuan sa isang estratehikong lokasyon ang Monumento.

Sa kagandahan ng lokasyong kinaroroonan nito, hindi malayong magpatuloy ang masiglang palitan ng mga kalakal dito mula sa iba't ibang bahagi ng kalakhang Maynila at maging sa mga karatig-pook nito.

Isang palatandaan ang Monumento. Sa kasalukuyan, tila isa na lamang estrukturang nagsisilbing palatandaan para sa mga mamimili at mga negosyante ito. Isang pook-tagpuan ito para sa kanila. Para sa mga mangangalakal naman, isang mabuting pook ito upang magtayo ng isang negosyo dahil maraming tao ang nagtutungo rito. Para sa mga mamimili, angkop itong lugar upang isagawa ang kanilang pamimili sa dami ng mga tindahan upang makapamili.

Nasa isang sangandaan ang Monumento ni Bonifacio.

Matatagpuan ito sa pagitan ng mga pangunahing daanan tulad ng McArthur Highway sa gawing Hilaga nito, EDSA sa Silangang bahagi, Samson Road sa Kanluran at ang Rizal Avenue sa Timog. Sadyang nakagaganyak para sa mga mangangalakal ito gayundin naman sa mga mamimili ang kinaroroonan nito.

Magandang pagkakataon para sa mga gawaing-pangkabuhayan ang lokasyon. Subalit, pinaniniwalaang tanging ang lokasyon lamang nito ang patuloy na humuhubog sa magandang daloy ng ekonomiya ng lungsod at hindi mismo ang Monumento ni Bonifacio. Sinabi din ito ni Chancellor Linda Santiago (panayam, 25 Abril 2013). Anya, kahit ano pang uri ng estruktura ang itatag sa parehong lugar kung saan naroroon ang bantayog ni Bonifacio, mananatili pa rin ang maganda at masiglang kalakalan sa lugar. Hindi ang Monumento ni Bonifacio ang nagganyak sa mga mangangalakal at mga mamimili upang doon magtagpo, bagkus, sa kasaysayan pa lamang ng lungsod, bago pa man ang pagkakatag ng estruktura, sentro na ito ng industriya at komersiyo.

Mga sanggunian

- Agoncillo, Teodoro A. at Fe Mangahas. 2010. *Philippine history*, expanded and updated edition. Quezon City: C&E Publisihng, Inc.
- Anonymous. 1993. Ang pag unlad mula 1985 hanggang kasalukuyan. Nakasinop sa Sinupan ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman.
- Cube, E. 1985. A brief history of Caloocan City. Unpublished.
- Fast, Jonathan at Jim Richardson. 1979. *Roots of dependency: Political and economic revolution in 19th century Philippines*. Quezon City: Foundation for Nationalist Studies.
- Joaquin, A. and L. Serrano. 1968. *A brief history of the city of Caloocan*. Quezon City: University of the Philippines Filipiniana Section Library.
- National Historical Institute. 2008. *Mga Pilipino ng kasaysayan*. Maynila: National Historical Institute.
- Paras-Perez, Rodolfo. 1976. *Tolentino*. Manila: National Art Foundation of Malolos.
- “The Katipunan Supremo: A self-taught revolutionary,” sa *Filway’s Philippine Almanac Centennial Edition*, inedit ni Virgilio S. Almario, 1998. Makati: Filway Marketing.
- Ventura, S. 2001. *Supremo: The story of Andres Bonifacio*. Manila: Tahanan Books for Young Readers.

A. DYORNAL, MAGASIN, AT PAHAYAGAN

- Alcazaren, Paulo. 2002. Wait a monument. *Philippine Star*, 9 Marso, ML2.
- Almario, Manuel F. 2012. Rizal planted seed of revolution; Bonifacio watered it. *Philippine Daily Inquirer*, 31 December.
- Aning, J. 2002. Katipuneros kin oppose transfer of Bonifacio Monument. *Philippine Daily Inquirer*, 13 Marso, 25-6.
- Balana, C. D. 2002. Moving Bonifacio Monument not right, says Ople. *Philippine Daily Inquirer*, 10 Marso, 25-6.
- Cabie, H. 2012. Bonifacio Monument in Caloocan City: A historical treasure. *Balita*, 4 Setyembre.
- Catapat, W. L. 2003. Bonifacio Monument declared National History Landmark. *Manila Bulletin*, 27 Enero, M2.
- Cruz, Neal H. 2003. Who will save the Bonifacio Monument? *Philippine Daily Inquirer*, 7 Pebrero, A8.
- David, Randy. 2010. Araw ni Bonifacio. *Philippine Daily Inquirer*, 28 Nobyembre.
- De Viana, Augusto V. 2006. Bonifacio Monument, an icon of freedom. *Manila Times*, 30 Nobyembre, A5.
- Doloricon, Neil. 2002. Bonifacio Monument shouldn't be a victim of progress. *Philippine Daily Inquirer*, 23 Marso, A8.
- Dula, Rod. 2002. A monumental mistake. *Malaya*, 11 Marso, 5.
- Dumogho, T. C. 1996. Historically, Caloocan is spelled with a c. *Dateline: Caloocan*, 15-30 Abril, 2-3.
- Editorial. 2002. NHI explains status of Bonifacio Monument. *Manila Bulletin*, 13 Marso, 9.
- _____. 2005. The Andres Bonifacio Monument in Caloocan City. *Manila Bulletin*, 25 Nobyembre, 11.
- Guerrero, Milagros. 2013. Katipunan at Haring Bayang Katagalugan. Papel na binasa sa Pambansang Sampaksaan: Ang Supremo Andres Bonifacio at ang Himagsikan ng mga Anak ng Bayan, 18 Pebrero, 5-7.
- _____. Pagtanaw sa kasaysayan, paghahanda sa himagsikan: Mga ideya ng Katipunan, 1892-1897. *Kasarinlan*, 14, no. 1, 1998.
- Fider, A. A. 1977. Kalookan - a historical perspective. In *Kalookan*

- '77: A commitment to the City of Man, souvenir program.
- Lao, J. 2012. Higit sa lahat, pag-ibig sa Bayan. *Pilipino Mirror*, 30 Nobyembre.
- Misa, A. 1958. The story of the revolution. *Philippine Free Press*, 29 Nobyembre, 26-7.
- Martin, D. 1950. History in bronze. *This Week*, 26 Nobyembre, 9-11, 30.
- Ocampo, Ambeth R. 1999. Bonifacio Monument: A tale of nationalism. *Philippine Daily Inquirer*, 2 Oktubre, 1.
- Padua, B. 2013. Like father like son. *Remate*, 5 Abril.
- Reodique, L. P. W.P. The story of the Bonifacio Monument. Sinupan ng Pamahalaang Lungsod ng Caloocan.
- Roces, Al. 2005. Roses and thorns. *Philippine Star*, 5 Abril.
- Salazar, Zeus. 2013. Ang pagsalakay sa Maynila: Si Andres Bonifacio bilang istrategikong utak militar. Papel na binasa sa Pambansang Sampakaan: Ang Supremo Andres Bonifacio at ang Himagsikan ng mga Anak ng Bayan, 18 Pebrero, 2-5.
- Santos, S. 2002. Malonzo mulls transfer of Boni Shrine. *Metro*, 13 Pebrero, 12.
- Santos, T. 2003. NHI: Nobody can touch Bonifacio at Monumento. *Philippine Daily Inquirer*, 27 Enero, 25.
- Tubeza, Philip C. 2002. Bonifacio Monument can move to Mehan or Luneta, says mayor. *Philippine Daily Inquirer*, 25 Pebrero, 25-6.
- Vicente, J. 2002. Bonifacio Monument searches for new home. *Manila Times*, 1 Marso, 3A.

Online Resources

- Billones, M. 2013. Malapitan vows to full promises. *Metro*, 17 Mayo. Mula sa <http://www.journal.com.ph/index.php/news/metro/50476-malapitan-vows-to-fulfill-promises>.
- Children's Communication Center. 1981. *Andres Bonifacio: Ang dakilang supremo*. Mula sa www.seasite.niu.edu/tagalog/translation_project/cynthia%27s%20txt%20files%20bonifacio: Binista, 14 Abril 2013.
- Cayabyab, Marc Jayson. 2012. Revisiting the Supremo's monument:

A historian's daily routine. Mula sa <http://www.gmanetwork.com/news/story/284525/news/nation/revisiting-the-supremo-s-monument-a-historian-s-daily-routine>

Chua, Michael Charleston B. 2007. Shouting in bronze: The lasting relevance of Andres Bonifacio and his monument in Caloocan. 4 Hunyo. Mula sa www.artesdelasfilipinas.com/archives/52/shouting-in-bronze-the-lasting-relevance-of-andres-bonifacio-and-his-monument-in-caloocan

Donor, Danilo. 2011. Katagalugan: Ang kasaysayan ni Andres Bonifacio. Mula sa danilodonor.blogspot.com

FHL Research Team. 2003. Bonifacio Monument: Hail to the chief! 12 November. Mula sa www.libraylink.org.ph/featarticle.asp?articleid=50.

Melendez, Christian B. (w.p.). A moment for the monument: A closer look at the Bonifacio Monument in Caloocan. Mula sa http://www.nhcp.gov.ph/index.php?option=com_content&task=view&id=810&Itemid=3

National Historical Commission of the Philippines (n.d.). Andres Bonifacio: Rethinking History. Mula sa http://www.nhcp.gov.ph/index.php?option=com_content&task=view&id=811&Itemid=3

Paraiso, Bryan. (w.p.). Bonifacio reveals fervor through his writings. Mula sa http://www.nhcp.gov.ph/index.php?option=com_content&task=view&id=812&Itemid=3

Uckung, Peter Jaynul (w.p.). Bonifacio's undead legacy. Mula sa http://www.nhcp.gov.ph/index.php?option=com_content&task=view&id=732&Itemid=3

B. PANAYAM

Buensuseco, Irmina, 8 Mayo 2013.

Francisco, Martin, 9 Mayo 2013.

Himala, Jonathan, 24 Abril 2013

Ramirez, Antonio, 15 Pebrero 2013.

Santiago, Linda, 25 Abril 2013.

Yson, Reymar, 21 Pebrero 2013.

C. LARAWAN

Dumindin, Arnaldo, mula sa websayt na *Philippine-American War, 1899-1902*, <http://philippineamericanwar.webs.com/battleofcaloocan.htm>

Pamahalaang Panglunsod ng Caloocan. 2012. *Caloocan mula 1930 hanggang 2012*. Caloocan: Caloocan City Hall.

Abstrak

“Isang kasaysayan (ng pagsusulat) ng kasaysayang pampook ng Pasig”
ni Wensley M. Reyes

Tumutukoy ang kasaysayang pampook sa “maliliit na pag-aaral ng kasaysayan na kaiba sa mas malalaking pag-aaral tulad ng pambansa at pandaigdig” (Veneracion 1992, 124-125). Parehong dumaraan sa metodo at kaparaanang pangkasaysayan ang pananaliksik at pagsusulat bagaman mas maliit ang saklaw nito. Natatapos ang mga kasaysayang pampook sa isang naratibong mahusay na nagpapaliwanag sa karanasan ng isang lugar. Maaring kumatha ng sariling kasaysayan ang lahat ng pook ngunit may sariling kasaysayan rin ang ‘pagsusulat ng isang kasaysayang pampook.’

Ayon kay Marcelino Foronda, Jr. (1991), isang historyador, hindi na bago ang pagsusulat ng kasaysayang lokal ngunit hindi pa rin ito nabibigyan ng kaukulang pag-aaral magkagayunpaman. Kanyang inilahad na sa huling bahagi lamang ng ika-16 na dantaon nagtala ang mga prayleng Espanyol ng mga gawaing misyonero kasabay ng pagsisimula ng erecciones ng mga pueblo at pagtatatag ng kolonyal na kapangyarihan.

Sa pagsisimula ng ika-17 na dantaon, naisama na rin ang pagsusulat ng mga pangyayari tungkol sa mga bayan. Hindi na lamang ito nakatuon sa mga gawaing misyonero ng mga prayle. Kabilang na rin sa mga naisulat ang tungkol sa sinaunang relihiyon, mga kagawian, at kultura. Ilan lamang ang mga kronika nina Padre Juan de la Concepción, OAR, Pedro Chirino, SJ, at Francisco Colin, SJ sa mga ito. Ngunit nanatili pa rin sa kamay ng mga banyaga ang pagsusulat hinggil dito. Makikita ang pagsusulat ng isang Pilipino ng aklat sa larangan ng kasaysayang lokal sa huling bahagi na lamang ng okupasyong Espanyol. Ito ang Historia de Ilocos ni Isabelo delos Reyes, kinilalang kauna-unahang Pilipinong sumulat ng kasaysayang pampook (Ubaldo 2012, 13). Ilang akda pa tungkol sa kasaysayang lokal ang naisulat bago ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Bunga ito ng muling pagbuhay sa nasyonalismong Pilipino.

Para sa papel na ito, ibabahagi ko ang karanasan na dinaanan sa pagsusulat ng kasaysayang pampook ng Pasig.

Mga using salita: kasaysayang pampook, Pasig, historyograpiya, urbanisasyon

Isang kasaysayan (ng pagsusulat) ng kasaysayang pampook ng Pasig

Wensley M. Reyes

Isang maikling kasaysayan ng Pasig

Matatagpuan ang Lungsod ng Pasig sa timog-silangang duluhang bahagi ng Ilog Pasig. Matatagpuan ang mga sumusunod na bayan at siyudad sa mga hangganan nito - sa Hilaga nito ang Lungsod ng Quezon at Marikina; sa Silangang bahagi ang Cainta at Taytay; sa Kanluran ang Mandaluyong; at sa Timog ang Pateros, Taguig at Makati. (www.tourism.gov.ph)

Isa ang Pasig sa pinakamatatandang umiiral na bayan sa Pilipinas. Mapapatunayan ito ng mga kasangkapang batong natagpuan noong dekada 20. Sa pagdating ng mga misyonerong Espanyol sa Pilipinas, isa ito sa mga unang bayang itinatag ng mga Agustino sa pangunguna ni Muy Reverendo Padre Fray Alonso de Alvarado, OSA noong 1572 (NHI 1937). Nakiisa ang bayan ng Pasig dito sa panahon ng Himagsikang Pilipino. Isang mahalagang pangyayaring kaugnay nito ang pagdaraos ng *Asamblea Magna* (Dakilang Pulong) ng Katipunan sa bahay ni Hen. Valentin Cruz. Sa Pasig din naganap ang *Nagsabado*

sa Pasig, isa sa unang tagumpay ng Himagsikang Pilipino (Santiago at Tech 1980). Isinama at ginawang kapitolyo ang Pasig nang buuin at itinatag ang probinsya ng Rizal sa panahon ng mga Amerikano sa bisa ng Philippine Commission Act No. 137 noong 1901. Binuo ang Metropolitan Manila Commission at inihwalay ang Pasig sa probinsya ng Rizal noong 1975. Matapos lagdaan ni dating Pangulong Fidel V. Ramos ang Republic Act 7829 (*An Act Converting the Municipality of Pasig into a highly urbanized city to be known as the City of Pasig*) noong 1994, pinagtibay sa pamamagitan ng isang plebisito noong Enero 21, 1995 (Reyes 2010; 2012, 293-94) ang pagiging lungsod nito.

Ang pagsulat ng kasaysayang pampook ng Pasig

Maituturing na incidental lamang ang mga unang pagsusulat tungkol sa Pasig. Bunga ito ng mga paglalakbay ng mga banyaga sa Pilipinas kasabay ng paglalarawan ng kanilang karanasan. Isa na rito ang salaysay ni Jean Mallat (1846), isang manlalakbay na Pranses ang naglaan ng ilang tala upang ilarawan ang Pasig: *“The town of Pasig is noted for its beautiful church and a small convent for young girls. One of its districts contains a very remarkable population. Everything seems to indicate that it is foreign to the country; it lives isolated and communicates very rarely with the rest of the inhabitants: the color of the skin is the only trait which resembles the Indios.”* (20)

Inilarawan din ang katangian ng Pasig ni Fray Joaquin Martinez de Zuniga, OSA sa kanyang *Estadismo de las Islas Filipinas* (Madrid, 1893) bilang isang malaking bayan na may 2,400 binubuwisan at magandang ekonomiya. (*“Pasig is a big and wealthy town with a contingent of 2,400 taxpayers (or about 12,000 persons). It maintains sufficient trade relations with Manila, Laguna province and other towns of the region. It has extensive farms, many coconut trees, betel nuts, some black pepper, coffee, cocoas, and fruits, all of which provide the natives with good income.”*)

Naisulat din ang Pasig ngunit hindi bilang paksang pangkasaysayan kundi isang inspirasyon sa literatura. Nagsulat tungkol sa Pasig maging si Rizal. Isinulat niya ang sarswelang *Junto al Pasig* (Sa Tabi ng Pasig) na itinanghal ng mga mag-aaral ng Ateneo Municipal noong ika-8 ng Disyembre 1880. Samantalang tampok naman ang mga alamat tungkol

at mula sa Pasig sa Kabanata 3 ng *El Filibusterismo* (1891). Ilan sa mga alamat na isinalaysay ang Malapad na Bato, si San Nicolas at ang Buwaya, at ang kwento ni Dona Jeronima. Bagaman maituturing na fictional ang nobela, nagawang ingatan ni Rizal ang mga kwentong bayan sa pamamagitan ng pagsusulat nito.

Kaugnay pa rin nito, itinuturing ang akda ni Miguel Randa de Fauzo na *Festival of our Lady of Good Counsel in the College of the Augustinian Sisters of Pasig* na kauna-unahang salaysay tungkol sa kasaysayang pampook ng Pasig noong 1914 (Santiago at Tech 1980).

Noong dekada 50 hanggang 70, maraming mga pag-aaral at akda rin ang naisusulat ngunit hindi ito patungkol sa Kasaysayang Pampook. Kapansin-pansing nakatuon sa edukasyon, kultura at lipunan ang ilan sa mga naisulat na may kaugnayan sa Pasig. Halimbawa rito ang pag-aaral nina Ursua (1968), Raymundo (1972), Ferrer (1972) at Talavera (1984). Gayunpaman, magiging ambag pa rin ang mga ito sa mas malalim na pag-unawa sa Kasaysayang Pampook ng Pasig.

Isang tesis masterado sa Unibersidad ng Sto. Tomas tungkol sa kultural na aspekto ng Pasig ang isinulat ni Carlos Tech (1954), tinaguriang historyador ng Pasig. May titulo itong *An Inquiry Into the Folkloric Materials in the Region Around Rosario and Maybunga of Pasig*. Tumuon sa mga kaalamang bayang umiiral sa bahagi ng Rosario at Maybunga, Pasig ang pag-aaral ni Tech.

Sa kabila ng mga pang-akademikong pag-aaral, naging lunsaran rin ng paglalalahad ng kasaysayang pampook ang mga souvenir program. Isa rito ang artikulong *Pasig: A Brief History of Its History and Political Life* ni Nena Ramos Ilagan na nailathala sa *Minerva Souvenir Program* (1968). Tinalakay ng artikulong ito ang kasaysayan ng Pasig nang may pagbanggit sa “Kingdom of Pasig” na pinamumunuan ni Gat Lontok at Dayang Kalangitan (Ilagan 1968, wp). Magkagayunpaman, naging dahilan ito upang patuloy na makapaglimbag ng artikulo tungkol sa Pasig ang pagdiriwang ng *Pista ng Bayan*. Ngunit nakatali ito sa karanasan ng simbahan at hindi sa pangkabuuang kasaysayan ng Pasig.

Naging lunsaran rin ang mga souvenir program upang mailathala ang mga artikulong may kaugnayan sa karanasang bayan. Isa sa mga ito ang *Pista ng Pasig Souvenir Program*. Bagaman nakasentro ito sa pagdiriwang ng simbahan, paminsan-minsang nagtataglay rin ito

ng lathalaing hindi pangsimbahan. Halimbawa nito ang artikulong *Open, Wide and Free: Proposed Improvements on Plaza Rizal and other Landmarks of Pasig ni Cenon Rivera* (Rivera, 1987, wp), *Pasig Historical Vignettes* ni Carlos Tech at isang artikulo tungkol sa *Pasig Library and Museum* (1978).

Sa ating bansa, madalas nakakahon sa mga *souvenir programs* na ginagamit sa mga anibersaryo at kapistahan ang pagsusulat tungkol sa kasaysayan pampook. May hilig lamang sa kasaysayan at walang sapat na kaparaanan sa pagsusulat ang madalas na nagsusulat ng kasaysayan. Hindi kaila ang ganitong uri ng pagsusulat sa di mabilang na mga kapistahan at mga katulad na pagdiriwang na karaniwang naglalaman ng maikling tala tungkol sa kasaysayan ng mga bayang iyon. Isang kalungkut-lungkot na sitwasyong binanggit ng isang historyador ang ganito: “*Local history has not merited the attention—not to say the dedication and efforts—of our more notable historians, relegated as it was to souvenir programs of town fiestas and athletic meets, or to volumes commemorating the anniversaries of some city, town or province*” (Foronda 1991, 4).

Pansamantalang nanamlay ang pagsusulat ng kasaysayang pampook ng Pasig kasabay ng industriyalisasyon at urbanisasyon nito. Muling nanumbalik ang sigla ng pagsusulat nito noong dekada 90. Nailimbag ang artikulo ni Ruperto Santos (1993) na *The Town and the Church of Pasig: A Historical View* sa isang kilalang journal. Tinalakay dito ang pagbabagong naganap sa Pasig mula sa mga gawain ng misyonerong Agustino at paglago nito mula sa pagiging *misyon* patungo sa pagiging bayan. Naglahad din si Santos ng mga tala tungkol sa Pasig mula ika-16 hanggang ika-20 na siglo kaugnay sa mga gawaing pangsimbahan. Maituturing na akademiko at pag-aaral pang-relihiyon ang dahilan ng limbag na akda. Gayundin, kapanabayan nito ang ilang mga salik na nag-ambag sa muling pagsulong ng pananaliksik at pagsusulat ng kasaysayang pampook na maiuugnay sa mga pangyayaring sosyopulitikal. Sa panahong ito, umiral ang pagnanasang magtakda at magdiwang ng Araw ng Pasig. Ito ang naging susing salik upang manumbalik ang interes sa Kasaysayang Pampook. Ipinaliwanag ni Josefina Alvarez (1994) ang kasaysayan ng pagtatakda ng Araw ng Pasig. Ilan sa mga mahahalagang bahagi ng artikulo ito:

“WHY ARAW NG PASIG '94?”

Mayor Vicente P. Eusebio started it all. When he came back from an official trip with several councilors in Japan, he posed questions to his staff about the municipal logo. It seems that when they were giving their presents to their Japanese official counterparts, they were asked about the significance of the mermaid on the municipal logo. While they were able to give the appropriate answers, they themselves wondered about it too.

The questions about the logo led to other questions about the history of Pasig. Mayor Eusebio sent for Dean Carlos Tech, a Pasig historian of note, who informed him that Pasig is one of the oldest settlements established by the Spanish colonizers and its foundation day could be verified from existing records. Subsequently, Mayor Eusebio issued Executive Order No. 19-93 on June 30, 1993 Series of 1993 creating a Research Committee to determine the Araw ng Pasig and appointed Dean Tech as Chairman.

The Committee submitted its report on August 27, 1993. Mayor Eusebio then scheduled a meeting with civic leaders and educators on August 30, 1993 to discuss an Araw ng Pasig celebration.

He informed the group about the findings of the Research Committee and they were unanimous in endorsing the 1st celebration of the 421st anniversary of the founding of Pasig. Mayor Eusebio appointed Anastacio de los Reyes as chairman of the Araw ng Pasig Committee with Justo E. Manalo and Diana C. Santos as co-chairman.

The Municipal Council passed Ordinance No. 49, Series of 1993, on September 13, 1993, “Proclaiming July 2 Every Year as Araw ng Pasig and Making Said Date a Special Public Holiday for the Municipality of Pasig, Metro Manila.”

The ordinance was signed by Mayor Eusebio and the

councilors in appropriate ceremonies on September 15 in the presence of the Committee members and the media.

Committees were quickly organized and these went into full gear by September 1993. Various activities were proposed like the Mutya Quest, Search for Outstanding Pasigueños, Tiangge and Big Discounts, Palarong Pinoy, Parade, Literary, Drama, Dance, Art and Choral Competition and the Publication of a Commemorative Book. The Committee adopted the theme “Pasig Noon, Ngayon at Bukas” for the celebration, which focused on the progress Pasig has made all these years(Santiago at Tech 1994).”

Unang ipinagdiwang ang Araw ng Pasig noong ika-2 Hulyo ng 1994 at mas lalo itong napaigting nang maging lungsod ang Pasig noong Disyembre 1994. Nagbunsod ang mga naturang pangyayari sa pagkakalimbag ng *Araw ng Pasig* taun-taon. Tungkol sa kasaysayan, kultura at lipunan ng Pasig ang karamihan sa mga artikulo. Ito ang pamagat ng mga Araw ng Pasig Souvenir Book/Program:

- *Pasig noon, ngayon at bukas* (1994)
- *Lungsod ng Pasig: Ang bagong kabanata ng kaunlaran* (1995)
- *Sulong, magiting na Pasigueno* (1996)
- *Pasig: Lungsod ng kapayapaan at kaunlaran* (1997)
- *Lungsod ng Pasig: Pinanggalingan, paroroonan* (1998)
- *Lungsod Pasig: Pagbabagong anyo sa ikatlong milenyo* (1999)
- *Pasigueno: Harapin mo ang hamon ng bagong milenyo* (2000)
- *Pasig: Ang nakaraan sandigan ng kinabukasan* (2001)
- *Lungsod ng Pasig: Daluyan ng sining at kultura* (2002)
- *Pamilyang Pasigueno: buhay ng progreso* (2003)
- *Pasig City: Pacesetter for peace, progress and prosperity* (2005)

Maituturing na kauna-unahang aklat na pangkalahatang tumalakay sa kasaysayan ng Pasig ang *Pasig noon, ngayon at bukas* na pinamatnugutan nina Santiago at Tech (1994). Masinop nitong natipon ang mga akdang pangkasaysayan at kultural bagaman produkto

ito ng pagdiriwang ng Araw ng Pasig. Nilaman nito ang mga artikulo patungkol sa sosyo-pulitikal-kultural na karanasan ng Pasig. Bagaman may mga artikulo pa rin tungkol sa simbahan ng Pasig (“The Founding and Christianization of Pasig, 1571-75” ni Luciano Santiago at “Four Centuries of Marian Tradition” ni Fr. Ruperto Santos), hindi lamang kaugnay sa kasaysayan ng simbahan ng Pasig ang nabigyan ng diin. Kasama sa aklat ang pagsarbey sa karanasan ng bayan (“Pasig Through the Ages” ni Carlos Tech); ang mga kasaysayan ng 30 barangay ng Pasig, ng edukasyon at komersyo sa bayan; mga leyenda at kwentong bayan (“Pasig in Legend and History” ni Federico Lici Espino Jr); mga alaala ng mga prominenteng anak ng bayan gaya nina Rene Saguisag (“Memories of Pasig”) at Jovito Salonga (“Bakit Mahal Ko ang Bayang Pasig”).

Tinipon naman sa “Pasig Milestones Through the Centuries: ni Dr. Luciano Santiago at Elizabeth Lolarga) na nailimbag sa *Pasig: Ang nakaraan sandigan ng kinabukasan* (2001) ang mahusay na paglalahad ng kronolohiya ng mga mahahalagang pangyayari ng Pasig mula ika-15 hanggang ika-20 siglo.

Dalawang *coffeetable book* naman ang nailimbag. Isinulat ni Manuel Duldulao na may pamagat na *Pasig City: Portrait of a New Metropolis* (2000) ang isa sa mga ito. Nagbigay ng paglalarawan sa lungsod ang aklat na ito. Maraming lumang larawan at impormasyong inilahad ang aklat ngunit kapansin-pansin ang kakulangan ng paglalahad sa mga batis. Walang bibliograpiya, talababa o talahuli man lang ang makikita. Gayundin ang kaso ng isa pang coffee table book na pinamatnugutan ni Alfredo Yuson (2010); ang kaiba lamang, mas binigyan diin nito ang aspekto ng ‘pag-unlad’ ng Pasig.

Muling nagkaroon ng mga pag-aaral tungkol sa kasaysayan at kultura ng Pasig. Sa isang undergraduate tesis, pinagtuuan ni Lilimay Manalo (2001) ang mga pagbabagong naganap sa pisikal na katangian ng simbahan ng Pasig at ang mahalagang papel na ginampanan ng lipunan sa mga pagbabagong ito: “Reading Church Architecture: How the Changes in Society Affect and Alter the Architectural Structure of the Immaculate Conception Church.” Bagaman kasaysayan ng simbahan ang tinalakay niya, makikitang halos binaybayan na rin nito ang kasaysayan ng Pasig. Samantalang sa gradwadong tesis ni Wensley

M. Reyes na Pasig, 1901-1994 (2010), muling binalikan ang mga batis pangkasaysayan at tinukoy ang mga pagbabagong naganap sa Pasig mula sa pagiging payak na bayan patungo sa pagiging urbanisado nito.

Kongklusyon

Maraming salik ang nagbibigay-ambag upang humubog ng isang kasaysayang pampook - mula sa personal na hangaring magsulat ng kasaysayan hanggang sa patakarang pampamahalaan. Gayunpaman, may ilang obserbasyon sa pagtahak sa kasaysayan ng pagsusulat ng kasaysayang pampook, partikular sa kaso ng Pasig:

1. Mangilan-ngilan lamang ang nagsusulat ng kasaysayang pampook
2. Karamihan pa rin sa paksang pampook ay ang kasaysayan ng simbahan
3. Madalas sa mga souvenir program pa rin ang kinasasadlakan ng mga artikulo kaugnay ng kasaysayang pampook
4. Malaking tulak sa pagsusulat ng kasaysayang pampook ang pagkakaroon ng malalaking pangyayari (i.e. Pista ng Bayan, Araw ng Pasig) lalo't may suporta ng pamahalaang lokal
5. Maituturing na isang akademikong paksa ang kasaysayang pampook

Napag-iiwanan ang pananaliksik sa mga pamayanan at lokalidad dahil globlisasyon ang tuon sa kasalukuyan. Bilang tugon sa malaking hamon na ito ng ating panahon, naglista ako ng limang mungkahing gawain kung papaano itataguyod ang pananaliksik at pagsusulat tungkol sa kasaysayang pampook. Ang mga mungkahing ito ay magagamit maging ng kahit na sinong indibidwal o grupo na nais isulong ang kamalayang pangkasaysayan sa kanilang pook.

1. Pukawin ang interes ng kabataan sa kasaysayan sa pamamagitan ng pagtuturo ng kasaysayang pampook sa mga paaralan.
2. Aktibong makibahagi ang mga kasapi ng pamayanan sa pangangalap at pag-iingat ng mga primaryang batis.

3. Sama-samang magtaguyod ng pananaliksik at ng mga pag-aaral tungkol sa inyong lugar. Kabilang dito ang pagbibigay-pagkakataon sa mga panayam at discussion groups. Maaaring magbigay ng kopya/sipi ng inyong pananaliksik sa mga silid aklatan upang maingatan at mapagsama-sama ito.
4. Ituloy ang mga naunang pananaliksik (maging indibidwal o institusyunal man). Maaring ihayag ang resulta nito sa isang seminar o kumperensyang pararaanin sa mga lokal na pamantasan at paaralan.
5. Gumawa ang pamahalaang lokal ng malinaw na programang magsusulong ng mga pananaliksik sa kanilang pook. Paglaanan ito ng pondo.

Bilang pangwakas, umaasa akong sa pamamagitan ng ambag na ito, marami ang magkakaroon ng interes sa pag-aaral at pagsusulat ng kasaysayang pampook. Sa pagsusulat nito mahalagang maisama ang maraming boses na nakiisa, kabilang at naging bahagi ng kasaysayan ng pook. Naniniwala akong kritikal at makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan ang mga susing salik tungo sa mas malalim na pag-unawa sa sariling bayan. Ang mga karunungan mula sa pag-unawang ito, kaagapay ng paggamit ng mga kaalaman sa iba pang disiplina, ang daan tungo sa isang lipunang maunlad, maginhawa at makatwiran.

Mga sanggunian

- Alvarez, Josefina. 1994. "Why Araw ng Pasig '94?" Nasa *Ang Pasig: Noon, Ngayon at Bukas*, Santiago, Luciano at Carlos Tech (mga patnugot). Pasig: Araw ng Pasig Foundation.
- Castro, Judy at Celia Reynes- Salazar. 1976. "The Labor Force Participation Rate of Married Women in Pasig" Quezon City: Institute of Economic Development and Research, School of Economics, UP.
- Dimanlig, Nemesio Jr. (patnugot) 1978. "Pasig Library and Museum" Pista ng Bayan '78
- Duldulao, Manuel. 2000. *Pasig City: Portrait of a New Metropolis*. Makati City: Japuzinni Publishing Division.

- Ferrer, Angelina J. 1972. Terms and expressions, beliefs and practices on different occasions of the Tagalogs of Pasig, Baras, and Morong, Rizal. Seminar Paper. MA in Teaching, University of the Philippines.
- Foronda, Marcelino, Jr. 1991. *Kasaysayan: Studies on Local and Oral History*. Manila: Dela Salle University Press.
- Gatchilian, Concepcion. 1971. An analysis of modification structures used in oral and written compositions of grade six pupils of Pasig Elementary School in 1970-1971. Special Problem, Masters in Education, University of the Philippines.
- Ilagan, Nena Ramos. 1968. Pasig: A Brief History of Its History and Political Life. *Nasa Minerva '68* (Souvenir Book). Minerva Association, Inc.
- Mallat, Jean. 1846/1983. *The Philippines: History, geography, customs, agriculture, industry and commerce of the Spanish colonies in Oceania*. Salin mula sa Pranses. Manila: National Historical Institute.
- Manalo, Lilimay. 2001. Reading Church Architecture: How the Changes in Society Affect and Alter the Architectural Structure of the Immaculate Conception Church. Undergraduate Thesis, BA Arts Studies, University of the Philippines.
- National Capital Region (NCR) Pasig City. Brief Description. Geography. www.tourism.gov.ph (nakuha, 27 Marso 2015)
- National Historical Institute. 1937. Church of Pasig Historical Marker. Pasig 1573-2001 Ang Nakaraan: Sandigan ng Kinabukasan. Pasig City: Araw ng Pasig, 2001
- Raymundo, Vivencio. 1972. Isang hambingang pagsusuri ng mga kaugalian sa pag-aasawa sa Pangasinan (Sentral) at katagalugan (Marikina, Pasig, at Pateros, Rizal). Seminar Paper, MA in Teaching-Filipino, University of the Philippines.
- Reyes, Wensley. 2010. Pasig, 1901-1994. Tesis Masterado. Unibersidad ng Pilipinas-Diliman.
- _____. 2012. Ilang Tala sa Kasaysayan ng Pasig Mula 1925 hanggang 1945. Sa *Kasaysayang pampook: Pananaw, pananaliksik, pagtuturo*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro at Ma. Florina Orillos-Juan, 293-306. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Rivera, Cenon. 1987. Open, wide and free: Proposed improvements

on Plaza Rizal and other landmarks of Pasig. Sa Pista ng Bayan, 1987.

- Santiago, Luciano at Carlos Tech (mga patnugot). 1994. *Ang Pasig: Noon, ngayon at bukas*. Pasig: Araw ng Pasig Foundation.
- Talavera, Wilfredo C. 1984. Communication approaches used by leaders of BBC prayer meetings of the Immaculate Conception Parish, Pasig, Metro Manila: An Evaluation. M.A. Thesis, University of the Philippines.
- Tech, Carlos. 1954. An inquiry into the folkloric materials in the region around Rosario and Maybunga of Pasig. M.A. Thesis, University of Santo Tomas.
- _____. 1980. Pasig historical vignettes. Sa 1571 Pasig 1980 (Pista ng Bayan)
- Santos, Ruperto C. 1993. The town and the church of Pasig: A historical view. *Philippiniana Sacra*. vol. XXVIII, no. 83, 337-51.
- Ubaldo, Lars Raymund. 2012. Historia de Ilocos (1890) ni Isabelo de los Reyes bilang maagang halimbawa ng kasaysayang pampook. Sa *Kasaysayang pampook: pananaw, pananaliksik, pagtuturo*, pinamatnugutan nina Atoy Navarro at Ma. Florina Orillos-Juan, 9-31. Quezon City: Limbagang Pangkasaysayan.
- Ursua, Rosalinda. 1968. Decision-making of college students in a suburban small Catholic college—Pasig Catholic College” M.A. Thesis, University of the Philippines.
- Veneracion, Jaime. 1992. Kasaysayang pampook: Ilang paglilinaw. Sa *Paksa, paraan, at pananaw sa kasaysayan*, pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar, 124-31. Lungsod ng Quezon: UP Departamento ng Kasaysayan, UP Lipunang Pangkasaysayan, at Bahay Saliksikan sa Kasaysayan.
- Yuson, Alfredo. 2010. *Pasig: Profile of progress*. Reyes Publishing, Inc.

Abstract

“Archival research in the writing of the history of Vigan”

by Estrellita T. Muhi

The lack of materials dealing with local history is one of the difficulties in the writing of the history of one’s hometown. It is heartening to note, through, that several local histories have been written. However, these accounts seem to be inadequate to give us a complete picture of Philippine history. Besides, these local narratives were never published for general dissemination.

It has been repeatedly said that if one is to understand and appreciate Philippine history, tradition and culture of his own town. It is important that one should know the history, tradition and culture of his own town. It is to help achieve a fuller understanding of the people of Vigan and hopefully of the Philippines that this research embarked on the research and writing of the history of Vigan. Also, I wanted to contribute to the much larger body of Philippine social, Culture, political and historical knowledge. This is based on my belief that history does not seem to enjoy a secure place in school curriculum.

The conception of history as education for patriotism became the primary reason for including history in the school curriculum. However, it is the spirit of free inquiry that contributes most to effective citizenship by aiding us to develop knowledge, intellectual skills and value system necessary to independent thinking. In an open society like us, history enables us to understand how our country evolved into its present form. This should commence in the study and research of the history of our hometown.

Keywords: Vigan, archival research, historiography, local history

Archival research in the writing of the history of Vigan

Estrellita T. Muhi, Ph. D.

Introduction

VIGAN, THE CAPITAL of Ilocos Sur, became the seat of the Diocese of Nueva Segovia which originally covered the whole Northern Luzon and some parts of Central Luzon. It is also the birth place of many heroes and prominent leaders notably Fr. Jose Burgos of the secularization movement, the poetess Leona Florentino, Isabelo de los Reyes of labor movement and President Elpidio Quirino, to name a few.

The three centuries of Spanish rule have impelled her indigenous culture to confront Hispanic culture in the in the People's peculiar way. Vigan is one of the few places in the country that possesses historic reminders of the Castillian heritage. All these years, Vigan has stood proudly, fiercely clinging to her history. At present, the city of Vigan is campaigning for its inclusion in the most prestigious world heritage site. In spite of this heritage, no comprehensive study has been undertaken to trace the historical evolution of Vigan. Moreover,

Vigan is hardly referred to in Philippine history textbook and Vigan deserves a better treatment. It is for these reasons that this researcher who was born, raised and initially educated in Vigan, chose this town as a subject of her masteral thesis.

The task was to uncover the beginnings of the people in Vigan, and to trace their development during the Spanish regime. It contains mainly the aspects of life of the natives and how these were affected by the arrival of the Spaniards.

The study, however, covers only the pre-colonial era to the end of the Spanish regime, the end of the Spanish regime was chose as a terminal date because distinct changes in the town's life and institution as a result of her contract with another culture, the Americans, and this could very well constitute a separate work.

The historical method

The historical method was used in this study. Gottschalk defines this method as the "process of critically examining and analyzing the records and survival of the past." The researcher's study methodology was followed by readings of general reference on history and other related studies. In the search for materials on Vigan, the bare essentials of historiography were kept in mind: 1) the collection of the surviving objects as well as written and oral materials that maybe relevant; 2) the exclusion of those materials or parts thereof that are not authentic; 3) the extraction from the authentic material of testimony that is credible; 4) the organization of that reliable testimony into a meaningful narrative or exposition.

The task is difficult. To begin with, this research conducted a library research on methodology to review and assure herself with reference to various research techniques in the field of history. The review on local histories provided perspectives that guided me in designing my methodology and determining the scope of the study. Several trips to Vigan revealed very meager documents. The reason given by people who take charge of the church was that documents and materials were burned, destroyed or lost during the War. It was somewhat discouraging to preserve in this tremendous task due to

the lack of primary sources which could possibly throw light on the history of Vigan. There were no primary records before coming of the Spaniards. There are few sources giving the natives' point of view and therefore I had to rely on religious sources. Nevertheless, this handicap confronting this work was accepted as a challenge to an interesting undertaking with the hope that determination and patience would yield the completion of this study.

Guide and review of related literature

Handbook for provincial and historical committee. The handbook, a 20-page manual prepared by the National Historical Commission in 1973, served as a guide in the organization of the historical data for Vigan. A revised edition dated 1995 is now available in the National Historical Commission of the Philippines under the leadership of Ms. Emelita V. Almosara the immediate past Executive Director of the National Commission on Culture and the Arts (NCCA).

Book consulted. The earliest book-length regional historical written by a Filipino seems to be the *Historia de Ilocos* written by Isabelo de los Reyes in 1890. The book gives a wealth of information regarding the early practices and beliefs of the early Ilocanos. Marcelino Foronda Jr. wrote *Santa Maria: The First 200 years* in 1969. Foronda wrote a 12 page highlights of the town's history. Among the highlights were the origin of the people of Santa Maria, the rate of the increase of the population and the construction of the church and the convent during Spanish regime. I reviewed about 12 books and 10 masteral theses on local history.

The earliest accounts of Philippines local history were written by the early missionaries. These accounts provided me not only the labors of the Augustinians, Franciscans, and Dominicans but also valuable ethnographic materials and records on the establishment of missionary center towns within their order's jurisdiction. Antonio Morga book on Philippine History annotated by Dr. Jose Rizal was also reviewed. This book gives a good picture of the practices of the early Filipinos including the Ilocanos of the north.

Archival materials. The documents found in the Philippine National Archives encompass the entire Spanish period 1565-1898. In terms of quantity, the collection is the richest in documents of the late eighteenth century and the nineteenth century. This researcher came across various documents bundled and classified according to provinces. What made it difficult then was, although most of the documents pertaining to other provinces were already photocopied and catalogued, the documents pertaining to Ilocos were still bundles and remained uncatalogued. I had to squat on the floor to gather documents pertaining to Vigan.

The following archival documents proved to be very useful in this study. 1) *Erecciones de Pueblos* which record the establishment of towns, barrios and sitios throughout the Ilocos by royal decrees, 2) *Alcaldia Mayor* which contains documents on the establishment of new towns and applications for minor provincial and town posts, 3) *Memorias* which were published periodically by governors describing the geographical features of a province, its ports and rivers its outstanding ecological characteristics, a brief description of each town including the population, the main products and local events of each, agricultural statistics, the state of public building, social practices, and the administrative organization of the province, 4) *Obras Publicas* which contain information of public works project in each town of the provinces; 5) *Gobernadorcillos* which contain elections and results thereof including the names of the candidates; 6) *Patronatos* which contain the circular from the ecclesiastical officials for the temporary appointment of parish priest, reports of *cabeza de barangay*, the establishment of new missions and cases raised by one group against another.

Data from the archives of the University of Santo Tomas furnished insights into conditions and situations the prevailing during the Spanish Period from which this researcher drew important information and direction for this study.

The Archives of the Archdiocese of Manila is also rich depository of the documents concerning the secular administration of dioceses in the Philippines. Their microfilmed documents were accessible and very useful. I had to ask permission of the late Cardinal Sin.

Other collections. Blair and Robertson's *The Philippine Islands* was definitely of great help for it provided information regarding significant events and the translation of some documents written by Spanish chronicles like Aduarte, Colin and Juan Gonzales Mendoza, to name a few.

The materials and data for the revolutionary period (1896-1898) were taken principally from memoirs written by participants during the Revolution. The *Unpublished Chronicle of the Filipino-American War in the Northern Luzon* written by Juan Villamor, then a lieutenant colonel of the revolutionary army, And Joaquin Natividad's "Si Hen. Tito at and Makulay Niyang Kampanya" published in Biographies provided the insights into the events in Vigan during the revolutionary period. John Taylor's *The Philippine Insurrection Against the United States* is also a rich collection of accounts of events during the Philippine Revolution.

For the technical terms, assistance from colleagues in the department of Spanish University, University of the East was sought. I also had the opportunity of meeting the editor of the Ilocos review during visits to the Archives of the Archdiocese of Manila. Fr. Fredrick Scharph, S.V.D who was doing a research on the diocese of Nueva Segovia. There were exchanges of correspondence and shared documents and reference.

The archival documents and most of the printed sources were written in Spanish. At the beginning, I wanted to give up because I could not decipher the manuscripts. But I persisted and got to read them after many visits to the archives of the Archdiocese of Manila.

It also helped if your school gives moral support. This work was accomplished to meet the requirements of a master's degree major in History while I was a faculty member of the University of the East, Department of History. UE gave me half-day teaching schedule to enable me to do this work.

Reference

Muhi, Estrellita. 1986. *The history of Vigan from Pre-colonial to the end of the Spanish regime*. Thesis, University of the East.

Abstrak

**“Pananaliksik pangkasaysayan sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas:
Ang kaso ng petsa ng pagkatatag lalawigan ng Pampanga”
ni Ian Christopher B. Alfonso**

Alinsunod sa Kabanata 7, Seksyon 26-28 ng Administrative Code of the Philippines of 1986, tungkulin ng Tanggapan ng Pangulo ang maglabas ng proklamasyon para maideklarang pista opisyal ang mga pagdiriwang lokal na tinatawag na Local Special Days. Bilang ahensya ng Tanggapan ng Pangulo, ipinasusuri muna sa Pambansang Komisyon Pangkasaysayan ng Pilipinas ang lahat ng proklamasyon ng pista opisyal na may kinalaman sa kasaysayan.

Tatalakayin ng papel na ito ang proseso ng pagdedeklara ng mga lokal na pista opisyal at ang pananaliksik na kailangan, lalo na kung tungkol sa pagkatatag ng mga bayan, lungsod, at lalawigan. Magandang kaso ang petsa ng pagkatatag ng Lalawigan ng Pampanga para masundan ang proseso ng proklamasyon ng Disyembre 11 ng bawat taon bilang “Araw ng Pampanga,” alinsunod sa Presidential Proclamation No. 2226 ni dating pangulong Ferdinand Marcos (27 Hulyo 1982) at ano-ano ang posibleng batayang historikal nito.

Mga using salita: Pampanga, provincia, alcaldia, encomienda, foundation day

Pananaliksik pangkasaysayan sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas: Ang kaso ng petsa ng pagkatatag lalawigan ng Pampanga

Ian Christopher B. Alfonso

Kung bakit lokal din ang Pambansang Komisyong Pangkasaysayan

HINIHIMOK NG LOCAL Government Code of 1991 ang mga pamahalaang lokal na ipakilala at payabungin ang kanilang lokal na kultura at kasaysayan. Ito ang batayan ng mga bayan, lungsod, at lalawigan sa paglalaan ng pondo para magsagawa ng mga pagdiriwang, tulad ng *festival* at *foundation day*, na uso ngayon.

Tulad ng mga pambansang pagdiriwang na makasaysayan, i.e. Araw ng Kalayaan (Hunyo 12) at Araw ni Rizal (Disyembre 30), kadalasan ay pista opisyal (*holiday*) ang mga lokal na pagdiriwang o *Local Special Days*. Halos buwan-buwan nakakatanggap ang Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (National Historical Commission of the Philippines o NHCP) ng *indorsement letter* mula sa Tanggapan ng

Pangulo ng Pilipinas (Office of the President o OP) upang hanapan ng batayan at kontekstong historikal ang mga pista opisyal, na siya namang pagbabatayan ng OP upang maglabas ng proklamasyon (pirmado ng *Executive Secretary*). Tungkulin ito ng OP, alinsunod sa Kabanata 7, Seksyon 26-28 ng Administrative Code of the Philippines of 1986.

Itinatadhana ng Seksyon 13(b) at 13(h) ng Batas Republika Blg. 10086 o *charter* ng NHCP na tungkulin nitong magpayo sa Pangulo at sa Kongreso ng Pilipinas hinggil sa usaping pangkasaysayan, at gampanan ang mga iatas ng OP. Sa Seksyon 7(p) ng naturang batas, nilinaw na bahagi rin ng gampanin ng NHCP ang pagsusuri sa mga isyung historikal para sa pagdedeklara ng makasaysayang petsa bilang pista opisyal. Kaya't liban sa paghahanda ng *complete staff work* (CSW) o *position paper* para sa mga panandang pangkasaysayan (*historical markers*), isa ang pagtutunton sa batayan ng pagkatatag ng bayan, lungsod o lalawigan sa regular na pananaliksik ng NHCP. Kinakailangan ito ng Tagapangulo ng NHCP upang masagot ang *indorsement letter* mula sa OP para makagpagdeklara ng pista opisyal. Sa pamamagitan ng CSW, nabibigyan pansin ng NHCP ang kasaysayang lokal.

Marapat ding malaman na ang nasabing batas ang nagtaas sa NHCP bilang isang komisyon mula sa pagiging Pambansang Suriang Pangkasaysayan (National Historical Institute o NHI). Nasa ilalim na ng OP ang NHCP mula nang ayusin ni dating Pangulong Joseph Ejercito Estrada ang mga tanggapang kultural na hawak ng OP at ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports (Department of Education, Culture and Sports o DECS) sa bisa ng Executive Order No. 80 noong 9 Marso 1999. Nasa DECS dati ang NHI mula 1972, kasama ng The National Library (TNL, ngayo'y National Library of the Philippines o NLP) at Records Management and Archives Office (RMAO, ngayo'y National Archives of the Philippines o NAP). Sa bisa ng naturang kautusan ni Estrada, ipinailalim sa National Commission for Culture and the Arts (NCCA) ang tanggapang kultural ng DECS (NHI, TNL, at RMAO) at ang iba pang tanggapang kultural ng OP (National Museum o NM, Cultural Center of the Philippines o CCP, at Komisyon sa Wikang Filipino o KWF). Nasa ilalim naman ng OP ang NCCA mula pa noong 1989 at nananatili pa rin ito sa ilalim ng OP hanggang ngayon.

Pagtunton sa mga batayan ng “Araw ng Pampanga”

Noong 24 Setyembre 1972, tatlong araw makaraang ideklara ang Batas Militar, isa ang NHI sa mga nireorganisang tanggapan ng pamahalaan. Ipinailalim ni dating pangulong Ferdinand Marcos ang NHI sa Department of Education and Culture (na naging Ministry of Education, Culture and Sports o MECS). Dahil pangkalahatang reorganisasyon sa pamahalaan ang proklamasyon (Integrated Reorganization Plan of 1972), hindi detalyado ang gampanin ng NHI, tulad ng pananaliksik sa petsa ng pagkatatag ng mga bayan, lungsod o lalawigan. Gayumpaman, nasa kapangyarihan pa rin ng pangulo ang pagpoproklama ng pista opisyal, mapapambansa o lokal man.

Walang makitang anumang pananaliksik sa sinupan (Records Office) ng NHCP kung dumaan sa noo’y NHI ang Presidential Proclamation No. 2226 ni Marcos, petsa 27 Hulyo 1982, na nagtatakda sa Disyembre 11 ng bawat taon bilang “Araw ng Pampanga.” ‘Di tulad ng ibang pamahalaang lokal na kahit may proklamasyon nang inilabas ang mga nagdaang pangulo para sa kanilang mga pista opisyal, hindi na sumusulat ang Pamahalaang Panlalawigan ng Pampanga sa OP para ideklarang pista opisyal sa partikular na taon ang Disyembre 11. Kung nagkataon, dadaan sa pagsusuri ng NHCP ang batayang historikal ng *11 Disyembre 1571*, na ‘di umano’y petsa ng pagkatatag ng Lalawigan ng Pampanga.

Hindi isyu noon sa pananaliksik tungkol sa Pampanga ang petsa ng pagkatatag nito. Napansin lamang ito nang ilabas ni Marcos noong 11 Enero 1978 ang Presidential Proclamation No. 1702 na nagtatakda sa Pebrero 13 ng bawat taon bilang “Araw ng Pampanga.” Ibinatay ito sa 13 Pebrero 1901, na petsa kung kailan nireorganisa ng Pamahalaang Amerikano ang pamahalaang panlalawigan ng Pampanga (Census Office of the Philippine Islands 1920, 1:231). Mababasa sa proklamasyon ni Marcos ang mga sumusunod na kataga:

...a civil government was established in the Province of Pampanga on February 13, 1901 with Bacolor, Pampanga, as capital of the Philippines and Governor Ceferino Joven as its first Civil Governor...

(Hindi malinaw kung ano ang nais iparating ng proklamasyon sa “Bacolor, Pampanga, as capital of the Philippines.” Maaaring ang tinutukoy sa proklamasyong ito ay *naging* kabesera ng Pilipinas ang Bacolor nang sakupin ng Inglatera ang Maynila mula 1762-1764.)

Samantala, tila may mga nais iatras pa ang *kaarawan* ng Pampanga pabalik sa panahon ng mga Espanyol, dahil may Pampanga *na* nga naman bago dumating ang mga Amerikano. Dahil dito, naglabas ng bagong proklamasyon si Marcos, at ito na nga ang Presidential Proclamation No. 2226, na nagdedeklara sa Disyembre 11 ng bawat taon bilang “Araw ng Pampanga.” Ayon sa proklamasyon:

...historical records show that after the Spanish conquest of Pampanga on May 24, 1571 and its pacification or “reduccion” in the last months of the same year, the Spaniards inaugurated the Province of Pampanga as the first province of Luzon on or about December 11, 1571...
(akin ang mga diin)

Ang problema, hindi tiyak ang petsa ng pagkatatag ng Pampanga (“on or about December 11, 1571”). Ano-ano kaya ang mga sinasabing “historical records” sa naturang proklamasyon?

Taong 1571 nang maging lalawigan umano ang Pampanga

Wala pang natatagpuang primaryang datos na malinaw na nagsasaad sa pagtatatag sa Pampanga bilang lalawigan. May isang dokumento sa National Archives of the Philippines (NAP), petsa 5 Marso 1886, na nagbanggit na itinatag ang Pampanga noong 1571: («*Esta provincia es de forma bastante regular se creó en 1571*»). Ito ay ang *Memoria Pampanga* o balutan (*bundle*) ng mga ulat ng mga *alcalde mayor* (gobernador) ng Pampanga sa Gobernador-Heneral (NAP *Memoria Pampanga* 1890). Ang sumunod na batis na magbabanggit sa 1571 bilang taon ng pagkatatag ng Pampanga ay ang *Census of the Philippine Islands* noong 1918 (Census Office of the Philippine Islands 1920, 231). Ang problema, hindi mga primaryang batis ang mga ito at masyado nang malayo sa 1571 para maging matatag na batayan.

Samantala, ang pinakamaagang pagbanggit sa Pampanga bilang *provincia* (lalawigan) ay noong 20 Abril 1572, bilang *Capampangan* na [1] “may matataong pampanga,” [2] may teknolohiya ng paggawa ng mga kanyon na sinasabing natutunan ng mga taga-rito sa dalawa nilang bihag na Espanyol (isang taga-Fleming at isang taga-Vizcaya, Espanya), at [3] may paladigmang katutubo at ayaw makipagkaibigan sa mga Espanyol (Anonima 1572, sa Blair at Robertson 1903-1909, 3:137, 140, 142). Ngunit tila ang konteksto ng pagkakabanggit sa terminong Espanyol na “provincia” sa ulat na ito noong 1572 ay hindi bilang isang administratibong yunit-politikal (na may gobernador o sistema ng pamahalaang lokal) *kundi* bilang rehiyon o teritoryo ng isang etnisidad o pangkat ng tao. Ganito rin, marahil, ang ibig sabihin ni Gob. Hen. Miguel Lopez de Legazpi sa ulat nito sa Viceroy ng Nueva España (Mexico) noong 11 Agosto 1572 sa pagturing nito sa Macabibi (sic, Macabebe) bilang “provincia” na pinanggalingan ng isang “general” na may 2,000 mandirigmang Muslim na naghamon ng digmaan sa mga Espanyol sa Look ng Maynila noong 3 Hunyo 1571 (cf. Legazpi 1572, sa Retana 1905, 4:43-7; Rodriguez 1978, 14:117-31).

Ang pinakamaagang pagbanggit sa Pampanga bilang *provincia* na may *alcalde mayor* (tagapangasiwa ng hustisya, na katumbas ng punong lalawigan) ay noong 4 Hunyo 1576 bilang “lalawigan ng Pampanga at Batan (sic, Bataan) at ng mga repartimiento ng Macabebe at Calumpit;” habang isang Sancho Diaz de Ceballos ang *alcalde mayor* nito (AGI 1576).

Sa isang dokumentong isinulat noong 1582, inilarawan ang Pampanga bilang “isa sa tatlong importanteng lalawigan” ng Luzon, kasama ng La Laguna de Bai at ng Bombon, Balaian y Mindoro (“Report,” sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:196). Sa ulat ni Obispo Domingo de Salazar, OP, ang unang obispo ng Maynila, kay Haring Felipe II noong 25 Hunyo 1588, kasama ang Pampanga sa pitong lalawigan na mayroon ang Luzon, kabilang ng Pangasinan, Ylocos, Cagayan, Camarines, La Laguna, at Bonbon y Balayan (Salazar, sa Blair at Robertson 1903-1909, 7:31). Nang sumunod na taon, nagpadala rin ng ulat si Gob. Gen. Santiago de Vera na may petsang 13 Hulyo 1589 sa kaniyang hari, at ibinilang niya ang Pampanga na isa sa pitong pangunahing lalawigan sa Pilipinas, kasama ang Oton (na magiging

Iloilo), Cebu, Camarines, Ylocos, Cagayan, at Bonbon (na magiging Batangas) (Vera, sa Blair and Robertson 1903-1909, 7:85).

Malinaw na isa ang Pampanga sa mga unang lalawigan na nireorganisa ng mga Espanyol sa Pilipinas, at lumalabas na ito ang pinakamatanda sa Gitnang Luzon.

Ang pagtatag sa Pampanga

Gayong salat sa mga sanggunian kung paano itinatag ang Pampanga, may mga dokumento pa rin na inilarawan ang mga pangyayari sa loob ng Pampanga matapos itindig ng mga Espanyol ang pamahalaang kolonyal ng mga ito sa Maynila noong 1571.

May isang ulat sa hari ng Espanya si Gob. Hen. Gomez Perez Dasmariñas na may petsang 20 Hunyo 1591 tungkol sa mga *encomienda* o teritoryong ipinagkatiwala ng hari sa mga sundalong Espanyol sa Pilipinas. Isa ang Pampanga sa sampung lalawigang iniulat niya, kasama ang Tondo, Pangasinan, Ylocos, Cagayan, La Laguna, Camarines, Masbate, Balayan, at Calilaya (Quezon ngayon). Mayroong 15 *encomienda* ang Pampanga ayon kay Dasmariñas: Bataan, Bitis (Betis) y Lubao, Macabebe, Candava (Candaba), Apali (Apalit), Capalangan, Cabangbangan, La Castilla, Calompit (Calumpit), Malolos, Binto (Plaridel ngayon), Guinguinto (Guinguinto), Caluya (Balagtas ngayon), Bulacan, at Mecabayan (Meycauayan) (Dasmariñas, sa Blair and Robertson 1903-1909, 8:95-8). Kung ilalatag sa mapa ang mga lugar na ito, mapapansing halos sakop pala ng kasalukuyang Bulacan ang Pampanga noon.

ng nakakagulat sa ulat ni Dasmariñas, may limang gobernador ang Pampanga: Mayroon itong isang *corregidor* o pinuno ng teritoryong hindi pa napapayapa o lubusang narereorganisa, at apat na *alcalde mayor* o pinuno ng mga teritoryong napayapa na. Sa dalawang ito, ang *alcalde mayor* ang siyang tawag sa regular na gobernador ng mga lalawigan noon, bagaman magkalebel ang *corregidor*. Matatagpuan ang mga *alcadia* at *corregimiento* o tanggapan ng mga *alcalde mayor* at *corregidor* sa mga *encomienda* ng Bataan, Betis y Lubao, Candaba, Calumpit, at Bulacan. Hawak ng *alcalde mayor* ng Bataan ang mismong Bataan, at kung bakit may isla ng *Corregidor* ay malamang dito nakadestino ang

corregidor ng distritong ito ng Pampanga. Hawak ng alcalde mayor ng Betis y Lubao ang mga encomienda ng Betis, Lubao, at Macabebe. Ang Candaba naman ay ang encomienda ng Candaba mismo at ang pamayanan ng Araya (Arayat). Hawak naman ng Calumpit ang mga encomienda ng Calumpit at Hagonoy. Pinagsaluhan naman ng mga alcalde mayor ng Candaba at Calumpit ang mga encomienda ng Apalit, Cabangbangan, La Castilla, at Capalangan. Habang hawak ng alcade mayor ng Bulacan ang mga encomienda ng Bulacan, Malolos, Binto, Guiguinto, Caluya, at Meycauayan. Meycauayan ang pinakamalayong sakop ng Pampanga sa timog-silangan (noo'y binubuo ng mga bayan ng Meycauayan, Marilao, Bocaue, Pandi, Sta. Maria, San Jose del Monte, Obando, at Valenzuela), at ayon sa ulat ni Obispo Salazar, hawak ito ng mga misyonerong Pransiskano (Salazar, sa Blair at Robertson 1903-1909, 7:30). (Hawak ng mga misyonerong Agustino ang buong Pampanga, liban sa Bataan na hawak ng mga misyonerong Dominikano.)

Hindi nabanggit ni Dasmariñas ang Bacolor at Mexico sa hindi maipaliwanag na kadahilanan, gayong itinatag na ang mga ito bilang *pueblos* (bayan) noong 1576 at 1580 (Font 1892, 36). Imposible namang mabanggit sa mga panahong ito ang San Fernando, Sta. Rita, at Angeles dahil parte pa ang mga ito ng Bacolor at Mexico. Ganito rin ang kaso ng Masantol at Minalin na parte pa rin ng Macabebe; ang Guagua, Sasmuan, at Floridablanca ng Betis y Lubao; at ang Sta. Ana at San Luis ng Candaba.

Hindi pa rin itinatag sa mga panahong iyon ang Porac, Mabalacat, Magalang, at maging ang buong lalawigan ng Tarlac, dahil bahagi pa ang mga ito ng kasukalan ng Gitnang Luzon na hindi pa nagagalugad ng mga Espanyol. Ang bahaging ito ang inilalarawan ni Obispo Salazar na teritoryo sa pagitan ng Pampanga at Pangasinan na hindi pa napapasok dahil may mga 'di masakop-sakop na paladigmang mga katutubo (Salazar, sa Blair at Robertson 1903-1909, 7:ibid.). Ang paladigmang mga katutubong ito ay madalas tawaging *Çanbales* (Zambales) o Sambal sa mga ulat ng mga Espanyol. Naging pangkalahatang pantawag ito sa mga Aeta at iba pang katutubong ayaw magpailalim sa mga Espanyol na nakatira sa kabundukan at interyor ng Gitnang Luzon. Marapat lamang na tandaan na ibang pangkat etnolinggwistiko ang mga Sambal

sa mga Aeta. Pagdating ng 1706, napasok na ng mga misyonerong Rekoleta ang kabundukan at interyor ng Pampanga sa pangunguna ni Padre Antolín de Alzaga at tinawag nilang mga Italones, Ituriés, at Abacas ang iba pang paladigmang katutubo sa hulo (*headwater*) ng Ilog Pampanga sa mga kabundukan ng Caraballo at Sierra Madre (Diaz, sa Blair at Robertson 1903-1909, 42:255). Sa mga misyong ito itinatag ang mga pueblo sa *Alta Pampanga* o itaas na parte ng Pampanga. Ito ang naging Nueva Ecija noong 1801.

Maaari ring itanong kung bakit nagkaroon ng limang gobernador ang Pampanga. Masasagot ito ng ulat ni Miguel de Loarca sa hari ng Espanya noong Hunyo 1582 tungkol sa mga encomienda, nauna ng siyam na taon sa ulat ni Dasmariñas. Dito, binanggit din ni Loarca ang mga encomienda ng Pampanga na nasa ulat ni Dasmariñas, *ngunit* hindi bilang parte ng “Pampanga,” bagkus ng mga alcaldia at corregimiento ng Lubao, Candaba, Calumpit, Bulacan, at Bataan. Gayumpaman, banggit ni Loarca, iisa lang dati ang alcade mayor na namumuno sa mga ito (Loarca, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:80). Hindi man direkta ang pagbanggit, alcade mayor ng Pampanga ang tinutukoy ni Loarca dahil sabi niya “iba ang wikang sinasalita” rito, kumpara sa wika ng Maynila (Tagalog) (p. 82). Ayon pa kay Loarca, itinatag ang alcaldia at corregimiento ng Lubao, Candaba, Calumpit, Bulacan, at Bataan nang dumating sa Pilipinas ang isang nagnangalang “Don Gonzalo” (p. 80). Ang “Don Gonzalo” na ito ay walang iba kundi si Gob. Hen. Gonzalo Ronquillo de Peñalosa na dumating sa Pilipinas noong 1580. Samakatuwid, 1580 nang magkaroon ng limang gobernador ang Pampanga.

May pagkakaiba lamang sa baybay ng mga pangalan ang mga encomienda sa ulat ni Loarca kumpara kay Dasmariñas: Tinawag na *Lubao* ang Betis y Lubao, *Pale* ang Apalit, at sa halip na Meycauayan, *Catangalan* ang binanggit (barangay ng Meycauayan na naging Obando at Valenzuela balang araw). Naitala rin ni Loarca na dating parte ng Alcaldia ng Calumpit ang Macabebe (na kay Dasmariñas ay hawak ng Betis y Lubao). Binanggit naman ni Loarca ang Bulacan hindi bilang encomienda kundi bilang alcaldía (kaya hindi maiwasang mapagkamalang “lalawigan” na ang Bulacan sa mga panahong ito).

Kung hindi maingat ang isang mananaliksik sa paggamit ng ulat ni

Loarca, mapagkakamalang hiwalay na lalawigan ang Lubao, Candaba, Calumpit, Bulacan, at Bataan sa Pampanga. Kailangang sabay gamitin ang mga ulat nina Loarca at Dasmariñas.

Kung bakit alaala ng kaapihan ang “Provincia de la Pampanga”

Si Gonzalo Ronquillo de Peñalosa ang ika-4 na gobernador-heneral ng Pilipinas. Tulad ni Gob. Hen. Miguel Lopez de Legazpi, idineklara siya ni Haring Felipe II na gobernador-heneral habambuhay sa kondisyong palalawakin niya ang teritoryo ng Espanya sa Asya at sasakupin ang Ternate (sa Indonesia ngayon) (Morga 1609/2008, 17). Kaya’t nang dumating si Peñalosa, lalo niyang pinalakas ang *repartimiento* o paghahati sa populasyon ng mga katutubo upang mapakinabangan (Peñalosa, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:23-33). Dahil hawak ng mga encomendero ang repartimiento, kinailangan ni Peñalosa na lumikha ng dagdag na opisina ng mamamahala sa repartimiento. Ipinaubaya niya ito sa mga alcalde mayor, na sila ring sumiguro na umiral ang hustisya sa mapang-abusong sistema ng encomienda.

Tulad ng ibang lalawigan, ipinailalim ni Peñalosa ang mga katutubo ng Pampanga sa apat na alcalde mayor at isang corregidor. Sa loob ng tatlong taong pagiging gobernador ni Peñalosa hanggang 1583 (kung kailan siya namatay), ang dating tatlong lalawigan sa Pilipinas ay naging 16 na; pawang mga kamag-anak at kaibigan ni Peñalosa ang mga nakaupong opisyal sa mga teritoryong ito (Salazar, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:217). Sa halip na masagot ang problemang dala ng encomienda, naakusahan ng malawakang eksploytasyon at pang-aabuso sa mga katutubo, nepotismo, at kurapsyon ang mga alcalde mayor ni Peñalosa.

Noong 1583, inirekomenda nina Gabriel de Rivera (sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:208) at Obispo Salazar (sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:211-7) sa hari na bawasan ang bilang ng mga alcalde mayor. Giit ni Rivera, hindi kapanipaniwala ang kaapilang dinaranas ng mga katutubo sa kamay ng mga alcalde mayor ni Peñalosa (Rivera, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:200-2).

Samantala, naging sentro naman ng ulat ni Obispo Salazar sa hari ang pang-aabuso sa Pampanga. Maraming kalalakihan dito ang iniwan

ang pagsasaka dahil sa kautusan ng mga alcalde mayor na magmina ang mga ito ng ginto sa Ilocos. Nagresulta ito ng kagutuman at pagkamatay ng maraming Kapampangan at pagbagsak ng agrikultura sa Pampanga (Salazar, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:204). Sa Lubao na lamang, libo ang namatay. Tuloy, sa panahon ng anihan, walang halos maani ang mga Kapampangan. Kung may maani man, kulang ang suplay at halos hindi rin napakikinabangan ng mga Kapampangan. Alam ng mga opisyal na kulang ang suplay ngunit binibili pa rin nila ito sa mga Kapampangan sa murang halaga. Ang masaklap, hindi nagtitira ang mga kolektor ng mga alcalde mayor ng anuman para sa mga Kapampangan para may makain. Dumating pa sa punto na kamote at saging na lang ang araw-araw na kinakain ng mga Kapampangan (p. 207-8). Importante ang Pampanga, lalo na ang Lubao, dahil ito ang nagsuplay ng bigas at manok sa Maynila at sa kapuluan ayon sa obispo.

Dagdag pa ni Obispo Salazar, pinagbawalan na ni Peñalosa na makipagkalakalan ang mga Kapampangan (p. 206). Sapilitan ding hinuli ang mga lalaking Kapampangan at inagaw sa kani-kanilang pamilya para maging tagasagwan (p. 207). Ikinulong sila na parang mga alipin sa mga rehas ng mga barko at hindi pinakakai't pinasusweldo ng maayos. Pinatawan din ng pagkamahal-mahal na tributo ang mga Kapampangan, at kung walang pambayad ay aagawin ang anumang maibigan ng kolektor. Ito ang mapang-abusong repartimiento.

Nang pumanaw si Peñalosa, ginawan agad ng paraan ng mga sumunod na gobernador-heneral ang mga problemang kanyang sinimulan. Hanggang sa noong 1599, sumulat at nag-ulat ang Ingat Yaman ng pamahalaan na si Hieronimo de Salazar y Salcedo sa hari ukol sa suliraning idinulot ng pagdami ng mga alcalde mayor. Iminungkahi niyang limitahan lamang sa Laguna, Camarines, Cagayan, Ylocos, Pangasinan, Tondo, at Pampanga ang mga lalawigan (Salazar y Salcedo, sa Blair at Robertson 1903-1909, 11:89-91). Iminungkahi rin ni Salazar na isanib na lamang muli ang Bulacan sa Pampanga.

Ang pagbabago ng espasyo ng Pampanga

Mahalagang alam ng isang iskolar ng kasaysayan ang espasyo ng panahong pinag-aaralan. Malayong-malayo ang espayong mayroon ang

Pampanga ngayon kumpara sa espasyong mayroon ito noong ika-16 na siglo.

Walang salitang *Pampanga* sa bokabularyong Kapampangan. Kurapsyon ito ng pangalang *Capangpañgan*, na lumitaw pa sa ilang matatandang ulat ng mga Espanyol. Ginamit din ni Loarca ang baybay na “Capanpanga” sa kanyang ulat noong 1582, bagaman bilang pangalan ng isang ilog (Ilog Pampanga) (Loarca, sa Blair at Robertson 1903-1909, 5:102).

Makikita sa pangalang *Capangpañgan* ang espasyong mayroon ang Pampanga noong dumating ang mga Espanyol: Pansinin ang salitang ugat na *pampang*. Noong 1903, ipinanukala ni H. J. P. Sanger na ang *Capangpañgan* ay ang matandang pangalan ng Pampanga:

The Pampangan occupy the rich central valley of Luzón, the flood plain of the Río Grande de la Pampanga. *The ancient form of this name is Capangpangan*, which is composed of the word pangan [sic], “bank of the rivers,” the prefix *ca* or *ka*, signifying a place, and the suffix *an*, which means multitude, the whole meaning “where there are a great many river banks,” a natural designation for this region when we consider the innumerable esteros and river mouths which cross the lower part of this province facing the north of Manila bay. (Sanger 1905, 1:450)

Ito rin ang mungkahi ni Padre Miguel Bernad, SJ, at ayon sa kanya, ang Pampanga ay kurapsyon ng pangalang “*Capangpañgan*” (1972, 111-2).

Suportado naman ang mga ito ni Padre Diego Bergaño, OSA, mayakda ng *Vocabulario de la lengua Pampanga en Romance*, noong 1732. Ayon sa kanya, *Capangpañgan* ang tawag sa lalawigan ng Pampanga dahil nakatira ang mga katutubo sa mga *pampang* ng ilog (1732/2007, 264). Hindi na nakapagtataka kung bakit sa mga ulat nina Loarca at Dasmariñas halos matatagpuan sa mga *pampang* ang mga *encomienda* ng Pampanga.

Noong 1589, isinulat ng nagngangalang Fernando Malang Balagtas ang isang huling habilin na nagpapasa-pasa sa mga *principalia*

(naghaharing uri) ng Pampanga, Bulacan, at Nueva Ecija. Nakakaagaw ng atensyon ang dokumentong ito dahil ginamit niya ang pangalang *Capangpañgan* bilang rehiyon ng mga pamayanang malapit sa mga pampang ng ilog. May mga pamayanan ito na kung babakasin sa mapa, pawang mga parte na ng kasalukuyang Pampanga at Bulacan.

Maraming iskolar ang pinagdudahan ang dokumentong ito. Isa sa kaduda-dudang detalye ay ang deklarasyon ni Balagtas na ipinanganak siya sa “Tabuñgao, Provincia de Calumpit” (“Curiosísimos Documentos Ineditos,” *Luther Parker Collection*, 7). Maaaring sabihing mali ito dahil hindi naman lalawigan ang Calumpit. Ngunit kung babasahin ang mga ulat nina Loarca at Dasmariñas, maaaring may kabuluhan ang pahayag na ito ni Balagtas. *Malalalawigan* ang Calumpit mula 1580 hanggang 1591 dahil may sarili itong alcalde mayor.

Maaaring makalusot ang pagiging lalawigan ng Calumpit, ngunit saang parte naman ng Calumpit matatagpuan ang Tabuñgao?

Sa NAP makikita ang testamento ni Fernando Pañganiban ng Hagonoy, Bulacan na sinulat noong 1826. Idineklara nito na nuno niya si Fernando Malang Balagtas, na *maguino* (tawag sa principalía bago dumating ang mga Espanyol) ng Tabungao, Minalin, Pampanga (“Escritorio de convenio,” *Varias Provincias-Bulacan*, 1806-1899, NAP). Kung babalikan ang ulat ni Loarca, dating hawak ng alcalde mayor ng Calumpit ang encomienda ng Macabebe. Sakop ng Macabebe ang Minalin hanggang 1614, samakatuwid maging ang Tabungao. Nanatiling hawak ng alcalde mayor ng Calumpit ang Macabebe hanggang bandang 1591, dahil ayon sa ulat ni Dasmariñas, hawak na ito ng alcalde mayor ng Betis y Lubao.

Sa ulat ng opisyal ng Espanya sa Maynila na si Gaspar de Ayala kay Haring Felipe II noong 15 Hulyo 1589, nabanggit ang tatlo sa limang alcaldia at corregimiento ng Pampanga:

Lubao : Don Gaspar de Ysla bilang punong mahistrado
 Calonpite : Don Cristoval de Leon bilang alcalde mayor at Don Joan (Juan) Cantero bilang punong mahistrado
 Bulacan : Don Bartlome Pacheco bilang alcalde mayor

(Ayala, sa Blair at Robertson 1903-1909, 7:133-4)

Sa ulat naman ni Juan de Alcega tungkol sa Pampanga noong 1591, hiwalay na yunit politikal ang Candaba at Calumpit sa Pampanga (Alcega, sa Blair at Robertson 1903-1909, 8:94).

Nang mag-ulat si Salazar y Salcedo noong 1599, hindi na nabanggit pa ang mga alcadia at corregimiento ng Pampanga, liban sa Bulacan. Sa isang dokumento noong 1618, binaggit ang Bulacan at Calumpit bilang mga alcadia ng Pampanga (“Description,” sa Blair at Robertson 1903-1909, 18:97). Sa ulat ni Gob. Hen. Juan Niño de Tavora kay Haring Felipe IV noong 2 Agosto 1628, isa na ang Bulacan sa 12 lalawigan ng Luzon (Tavora, sa Blair at Robertson 1903-1909, 22:203-31). Hindi na nabanggit ang Calumpit, ngunit maaaring sabihing pinagsama na ang Bulacan at Calumpit upang maging hiwalay na lalawigan sa Pampanga, at ito’y kailangan pang saliksikin kung kailan naging lalawigan ang Bulacan.

Kongklusyon

Tila uso ngayon sa mga pamahalaang lokal na ipagdiwang ang mga foundation day ng kani-kanilang mga bayan, lungsod, at lalawigan; animo’y taong kailangang ipag-*birthday* at gugulan ng panahon at salapi. Maganda ang layunin ng mga pamahalaang lokal dahil pagpapaalala ito sa mga nasasakupan na may kasaysayan tayong dapat bigyan ng pansin kahit isang beses sa isang taon.

Sa kaso ng Pampanga, kailangang muling tingnan ang pagdiriwang ng “foundation day.” Tila ang ipinagdiriwang tuwing Disyembre 11 ay ang tagumpay ng mga Espanyol laban sa mga ninuno nilang Kapampangan, at ikalawa, parang pinalalabas nila na noon lamang 1571 nagkaroon ng Pampanga. Paunawa lamang: hindi nito ibig sabihin na binabalewala na natin ang pagkatatag ng Pampanga, kung ito man ay noong 1571; nararapat itong mabanggit sa kasaysayang lokal ng Pampanga—ngunit ang ipagdiwang pa ito ay kalabisan. Tandaan na bago itatag ang Pampanga, sumuong sa malaking labanan sa Look ng Maynila noong 3 Hunyo 1571 ang mga Kapampangan sa layong palayasin sa Luzon ang mga Espanyol. Pinangunahan ito ng

isang ‘di napangalanang matapang na batang pinuno mula Macabebe, na sa kasamaang palad ay napatay ng mga Espanyol, kasama ang 300 pang martir ng kalayaan. Bukod sa kanila, ilang Kapampangan pa ang namatay nang ipag-utos ni Legazpi na pasukin ang Macabebe at sakupin ang mga karatig pamayanan nito. Hinarap ng mga Espanyol ang mga mandirigma ng Betis. Noong 10 Setyembre 1571, dumaong sa Lubao ang ikalawang grupo ng mga Espanyol para pabagsakin ang mga Moro ng Betis. Natalo ang mga Kapampangan at tuluyang nasakop ang mga teritoryo sa hilagang Maynila. Hindi naman kaya ang petsang ito ang “on or about December 11, 1571” sa proklamasyon ni Marcos noong 1982?

Sa halip na ipagdiwang ang araw kung kailan natalo ang mga ninuno natin, bakit hindi itakda bilang natatanging araw ng isang bayan, lungsod o lalawigan ang mga tagumpay sa kasaysayan na mapagkukunan ng inspirasyon at dignidad ng mga Pilipino. Hindi naman kailangang tawaging “foundation day” ang mga *Special Local Days* na ito; maaaring magkaroon ng isang “Pampanga Day,” tanghal-tanghal ang 3 Hulyo 1571 upang gunitain ang kabayanihan ng kanilang mga ninuno sa Maynila bilang mga unang katutubo ng Luzon na naghamon ng digmaan sa mga Espanyol.

Kung ang Pilipinas mismo, hindi kinikilala ang petsa kung kailan itinatag ni Legazpi ang pamahalaang Espanyol sa Cebu noong 1565, bagkus ay ang petsa kung kailan isinagaw sa buong mundo na malaya na tayo, ang 12 Hunyo 1898.

Imposibleng walang makitang problema ang NHCP sa mga “foundation date” ng mga pamahalaang lokal, lalo na kung matandang bayan o lalawigan ang kaso, na kadalasa’y walang aktuwal na petsa at hindi magkakasundo ang mga datos (na pawang hindi mga primarya). Sa kabila nito, kailangang ipagpatuloy ang panananalik at pag-aaral. Ang mga problemang ito sa kasaysayan ang siyang nagbibigay kulay at kapanabikan sa isang estudyante at iskolar.

Mga sanggunian

Archivo General de Indias, Sevilla, Espanya

AGI. 1576. Carta de Dia de Ceballos el virrey sobre Limajon. *Filipinas* 34, no. 18.

National Archives of the Philippines

“Escritorio de convenio formalizada por todos los descendientes del Abolengo infiel Gatbondoc sobre partición de tierras, ante el Alcalde de segunda Elección Don Francisco de Legaspi del pueblo de Hagonoy, Partido de Bulacan en 1805.” *Varias Provincias-Bulacan, 1806-1899*.

“Memoria de la Provincia de la Pampanga referente al año de 1890 que eleca el Gobernador que suscribe al Excmo. Sr. Gobernador General de Filipinas con arreglo a lo que preceptúa la R. O. de 5 de Marzo de 1886.” *Memoria Pampanga*, Folio 114.

University of the Philippines Main Library Filipiniana Special Collection

“Curiosísimos Documentos Ineditos,” *Luther Parker Collection*, Box No. 7, Folder No. 186, Document No. 643.

Aklat

Description of the Philippines islands, Manila, 1618. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 18, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 93-106. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Alcega, Juan de. 1591. Ordinance forbidding the Indians to wear Chinese stuffs. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 8, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 78-95. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Anonima. 1572. Relation of conquest of island of Luzon, Manila 20

- April. In *The Philippine Islands 1493-1898*, vol. 3, ed. Emma Helen Blair and James Alexander Robertson, 73-104. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Ayala, Gabriel de. 1589. Letter from Gaspar de Ayala to Felipe II, Manila, 17 July." Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 7, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 112-36. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Bergaño, Diego. 1732/2007. *Vocabulario de Pampango en Romance, y Diccionario de Romance en Pampango*, translated in English by Fr. Venancio Q. Samson. Angeles City: Holy Angel University Press.
- Bernad, Miguel A. 1972. *The Christianization of the Philippines: Problem and perspectives*. Manila: The Filipiniana Book Guild.
- Census Office of the Philippine Islands. 1920. *Census of the Philippine Islands, 1918*, volume 1. Manila: Bureau of Printing.
- Dasmariñas, Gomez Perez. 1591. Account of the encomiendas in the Philipinas islands, 31 May. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 8, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 96-141. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Diaz, Casimiro. 1718. Conquistas de las Islas Philipinas. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 42, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 117-312. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Font, Salvador. 1892. *Memoria acerca de las misiones de los PP. Agustinos Calzados en las islas Filipinas*. Madrid: Imprenta de Don Luis Aguado.
- Galang, Ricardo A. 1940. *Ethnographic study of the Pampangos*. Unpublished, Natural History Museum Division, Department of Agriculture and Commerce.
- Henson, Mariano A. 1962. *The province of Pampanga and its towns (A.D. 1300-1955)*. Angeles, Pampanga: Mariano A. Henson,.
- Larkin, John Alan. 2004. Luther Parker. *Singsing*, tomo 2, bilang 3, 41.
- Legazpi, Miguel Lopez de. 1572. Copia carta que el general miguel lope de legazpi scrive al virrey de la nueva spaña, decha en la ciudad de manila a XI de agosto de. In *Historia de la Provincia Agustiniiana del Smo. Nombre de Jesus de Filipinas*, vol. 14, ed. Fr. Isacio Rodriguez, O.S.A., 117-31. Manila: Convento de San Agustin.

- Loarca, Miguel de. 1582. Relacion de las yslas Filipinas, June.” Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 5, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 34-187. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Morga, Antonio de. 1609/2008. *Historical events of the Philippine islands*, annotated by Dr. Jose Rizal, 1890. Manila: National Historical Institute.
- Ocampo, Ambeth R. 2010. “Historical agencies: National hysterical institute.” *Historical Bulletin*, tomo 44, 250-6.
- Peñalosa, Gonzalo Ronquillo de. 1582. Letter from Peñalosa to Felipe II, 16 June. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 5, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 23-33. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Relation of the conquest of the island of Luzon, 20 April 1572. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 3, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 141-72. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Report on the offices saleable in the Philippines, ca. 1582. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 5, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 202-4. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Retana, Wenceslao Emilio. 1905. *Archivo del bibliofilo Filipino*, volume 5. Madrid: Imprenta de la viuda de M. Minuesa de los Rios.
- Ribera, Gabriel de. 1583. Complaints against Peñalosa. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 5, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 207-9. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Salazar, Domingo de. 1583. Affairs in the Philipinas Islands, Manila. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 5, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 210-255. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- _____. 1588. Relation of the Philipinas Islands, 25 June. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 7, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 29-51. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.
- Salazar y Salcedo, Hieronimo. 1599. Letters from the Royal Fiscal to

the King, Manila, 21 July. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 11, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 86-119. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Sanger, J. P. 1905. *Census of the Philippine islands, 1903*, volume 1. Washington, DC: United States Bureau of the Census.

Tavora, Juan Niño de. 1628. Report of appointments made by Governor Tavora, 2 August. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 22, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 217-45. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Vera, Santiago de. 1589. Letter to Felipe II, Manila, 13 July. Sa *The Philippine Islands 1493-1898*, tomo 7, inedit nina Emma H. Blair at James A. Robertson, 1903-9, 83-94. Cleveland, Ohio: The Arthur H. Clark Company.

Abstract

**“Your story, my story, our story: Transforming minds and hearts”
by Evelyn A. Songco**

History and social sciences teachers in all levels of the learning journey of the students are sources of knowledge and facilitators of learning. As sources of knowledge, teachers provide raw and organized facts and information. As facilitators of learning, teachers apply strategies, methods and techniques that develop the acquisition of knowledge, development of feelings, and honing of mental and operational skills. In all of these, stories play a great role as launching pads and as a learning experience.

Keywords: history teaching, nationalism, transformative learning

Your story, my story, our story: Transforming minds and hearts

Evelyn A. Songco, Ph. D.

Introduction

WHEN I WAS young I told my parents that I want to be a teacher. The initial reaction was, “Bakit mo gusto maging teacher? Dalawa isang pera n’yan. But I insisted to be a teacher. After convincing them that I really want to be a teacher, they finally agreed to allow me to enroll in UST. In 1973, I finally graduated from UST and became a teacher. But my first assignment was not in the Department of History. I first taught Math. After two years, I was finally given the assignment to teach history.

When I became a teacher of history, many of my students said they started to like and appreciate history. I know that for many of them, history was not their favorite subject. But at least, they started paying attention to it. I was glad.

Since the time I taught history, I have been finding ways by which I can make learning and appreciating history better. With the start of the emphasis in inquiry approach and conceptual approach by

the then Ministry of Education, I became part of the Regional Staff Development Center under the Ministry's initiative that conducted continuing development program for history teachers in Region 4 and 5 and NCR. My passion for searching for better ways to teach did not end with the closure of the Staff development Center. For me the search for a better ways of teaching history and social sciences continue to be a work in progress.

Today, I keep on concentrating in the use of transformative approach. I believe that the use of transformative approach will help us, teachers of history and social sciences achieve our general basis of teaching history, that, I think are:

1. Nationalism;
2. Love of country;
3. Developing the life skills of the students: learning to know, learning to be, learning to live with others


Tranfotmative learning

Transformative approach, we know, was born out of Jack Mezirow's theory of transformative learning. It was first applied among the adult learners in the community and was seen as an approach that could change the perspective of people. The application of this theory expanded from 1900s to 2000s. The evolution of the theory includes seeing the perspective of others, seeing one's role, priorities and beliefs, and making a decision as to whether or not one will translate into action what one reflects on.

Literature tells us nationalism refers to the feeling of belongingness to a group of people who share in a common culture: language, belief, behavior, heritage, history, etc. Love of country means a strong feeling for the land and the people that one belongs to.

Both love of country and nationalism are strong feelings. They are both affective in nature. The third refers to skills.

In other words, our end in mind as history teachers is to develop skills and affection even as we teach facts and figures.



The facts and figures should be translated into feelings and skills. In other words, the knowledge obtained by the students should be translated into feelings that will move students into action and into development of life skills.


This can be effectively done using transformative approach to learning. The theory of transformative learning asserts that to educate is to bring about change; that, to educate is to transform the student's perspectives, feelings, and skills.'

From obtaining the understanding of the chronological developments of events; from knowing the dates, persons and places that are connected with these events, the student's perspectives and feelings will change through the process of reflection. This is the process of transformation.

In other words, the contents that we teach among our students are the stepping stones to the transformation of their perspective and feelings. These changes should move the students into action. That is the very essence of transformative approach.

Tranfotmative education and story telling

A technique which is now considered as an effective means of achieving transformation is storytelling. It can bring about change in perspective and change of heart (Taylor). Storytelling can be the narrative storytelling or it can be an exchange of stories. In Filipino, storytelling can use very precise words. Narrative storytelling is **pagkukwento**; while exchange of stories is **kwentuhan**. In transformative learning, we use both as both have the power to lead to transformation.



The story of the Moth is a powerful narrative that can transform the student's perspective and feelings. Reflection can lead the students to see the message of the story of the moth from the point of view of obedience, from the point of view of pursuing one's dream, of being careless, or of lacking in prudence; at the same time, students can reflect on their life.

In my class in Rizal Course, I asked my students to reflect on the story of the moth. I find the reflections of my students interesting. Many raised the value of obedience. Some looked at the story from the point of view of someone who is passionate about pursuing his or her dream just like Dr. Jose Rizal. Of course, they emphasized the need to be careful in pursuing one's dream.

Constant practice of asking students write their reflections help students train their minds to focus, to organize information, to develop insights. Reflective thinking leads students to be logical and to be creative in expressing their thoughts.

The subject of history is basically about stories - stories of great men and women who changed the landscape of the world; stories of those who dedicated their lives to pursue a noble dream for the country; stories of towns; cities, nations; town folks; origin of things, etc. Without stories, there will be no history. And since stories can transform; history can transform. Whether we use *pagkukwento* or *kwentuhan*, we will be able to provide our student/pupils with opportunities to transform.

When we concern ourselves with the study of history, we become storytellers. Because we can never know the past directly but must construct it by interpreting evidence, exploring history is more of a creative enterprise than it is an objective pursuit. All historians are storytellers." (Davis 2011, 50)

Arendt argued that

human essence . . . the essence of who somebody is—can come into being only when life departs, leaving behind nothing but a story. . . . Even Achilles . . . remains dependent upon the storyteller, poet, or historian, without whom everything he did remains futile.” It’s this after-the-factness that historians are charged with providing; the stories they tell can make the difference between immortality and oblivion.

In Benjamin’s conception, the historian-storyteller is part of a chain of storytellers, an intermediary, perhaps a midwife, who understands that she is bringing forth something that did not originate with her. “Storytelling,” he writes, “is always the art of repeating stories.”

Yet not all histories are the same. True, most adhere to some form of narrative presentation—chronology provides a ready format. And they are based on information gathered from at least some narrative sources: memoirs, diaries, letters, and the like. But this information is typically used in the service of historians’ stories, the ones they have constructed on the basis of the evidence at hand” (ibid.).

How to tell a story

Cassady defines storytelling as “an oral art form for preserving and transmitting ideas, images, motives and emotions which everyone can identify” (Cassady 1994, 12-5). Cassidy believes that stories are meant to learn about the past. As a matter of fact, storytelling is as old as the ancient times. Odysseus came back to tell the story of his journey. The troubadours and minstrels went around singing stories. Jesus told stories. In the 17th century Rizal was a storyteller. In our contemporary time, Yoyoy Villame sang the story of the discovery of the Philippines. In our classrooms, we tell stories. Everyone loves stories and, therefore, our students love stories. It is a great way by which we can transform the minds and hearts of our students.

There are only two ways by which we tell stories. It can be visual or auditory. Using visual Baker and Greene emphasizes the use of well - arranged pictures. They advise that in using auditory, the storyteller much be conscious of the sound and arrangements of the words. In history teaching, we can make use of folktales to understanding local history and the culture of the people (Baker and Greene 1997, 40-1). The story of Bernardo Carpio ng San Mateo, Rizal; Mariang Makiling ng Laguna; Maria Sinukuan ng Arayat, Pampanga; Biag ni Lam-ang ng Ilocos are among the beautiful stories that could animate discussions of local history classes in basic education. These folktales together with legends and epics are powerful means to help students develop reflective thinking.

Local communities are rich with stories of individuals, group of people, families, institutions, leaders who significantly influenced the growth of the community. These stories help students appreciate their community. Davis provides us with some tips as to how we can tell stories effectively:

Read the story from the beginning to the end several times.

Read the story aloud and time it.

Master the style of the story.

Observe the sentence structure, phrases, unusual words and expressions.

Make your story your own.

Timing is important in telling stories.

Pause before any change of ideas or any significant words.

Emphasize words that carry meaning.

Imaginative phrases should be delivered slowly.

Build toward the climax.

The speed of the conversations should be appropriate to the nature of the character.

Take note that the pause and the dropped voice can be more powerful than the shout.

Practice in front of the mirror.

The tone of the voice shows the emotions.

Breathing is important. It should come from the middle of the chest. (Davies 2007, 27-33)

All these techniques are dependent on the teacher's personality. There are teachers who can tell stories as part of their nature. They are able to engage students into reflective thinking while they tell stories. There are those who need to develop the art of storytelling. As the saying goes, practice makes perfect. Use more of the storytelling techniques to animate your history and social studies classes. Stories can be used to launch a lesson and it can be the lesson by itself. The stories of WWII in the community, of the veterans of WWII, of people who participated in the EDSA Revolution, of the landmarks in the community are powerful means lead students to reflection.

Reflection is necessary in changing the hearts and minds of the students. History and social science classes where the teachers emphasize recall of facts and information will find it hard to transform the minds and hearts of the students. Teachers of these kinds of classes will find it hard to make the students feel – feel nationalism, love for country and develop competitive skills. The growth of the students along these lines will make history relevant to the present demand for outcome – based learning. The practice of reflection will easily move students create activities that will address the issues and concerns of the community and of the country. Their sense of nationalism will come alive in these actions facilitated by the teacher. In short, the teacher serves as the guide throughout the learning journey of the students in history and social science classes. He or she chooses subject matters and learning experiences that will facilitate the development of nationalism, love of country and competitive skills among the students.

Conclusion

History and social sciences teachers in all levels of the learning journey of the students are sources of knowledge and facilitators of learning. As sources of knowledge, teachers provide raw and

organized facts and information. As facilitators of learning, teachers apply strategies, methods and techniques that develop the acquisition of knowledge, development of feelings, and honing of mental and operational skills. In all of these, stories play a great role as launching pads and as a learning experience.

I always say, the teacher of history must touch the hearts of the students through the facts and information that have been translated to beautiful inspiring stories. It is only then that the subject in the curriculum called History will become timeless and timely.

Bibliography

- Baker, Augusta and Ellin Greene. 1977. *Storytelling: Art and technique*. New York: R.R. Bowker Company.
- Cassady, Marsh. *The art of storytelling*. Colorado: Meriwether Publishing Limited.
- Davies, Alison. 2007. *Storytelling in the sllassroom*. London: Paul Chapman Publishing.
- Eishner, Will. 1996. *Graphic storytelling*. New Jersey: Poorhouse Press.
- Grove, Nicola. 2013. *Using storytelling to support children and adults with special needs*. New York: Routledge.
- Mason, Harriet. 1996. *The power of storytelling*. California: Corwin Press, Inc.

Abstrak

“Kampanya sa pag-aaral ng kasaysayang lokal: Karanasan ng Cavite Studies Center sa De La Salle University-Dasmariñas, Cavite”
ni Emmanuel F. Calairo

Ang pagsulat ng kasaysayang lokal ng mga bayan at lalawigan sa ngayon ay halos laganap na sa mga unibersidad, organisasyong pangkasaysayan at mga institusyon at pamahalaan. Ang dami at lawak ng mga pagtalakay sa mga bayan at lalawigan ay senyales lamang na mulat na ang mga mag-aaral, guro at mananaliksik na mahalaga ang nagagawa nito sa pagbuo ng pambansang kasaysayan. Wika nga, nararapat bigyan ng lohika ang pagbibigay ng konklusyon sa kasaysayang pambansa sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga detalye ng mga karanasan ng mga bayan at lalawigan nakapaloob dito. Noong mga nakaraang taon ay pormal ding binigyang pansin ito ni Dr. Samuel Tan, ngayo’y tagapangulo ng National Historical Institute. Ayon sa kanya’y “kinakailangang sumulat ang mga grupo ng tao ng kanilang kasaysayan sa kahit anong paraan upang magamit ito at makapagpaliwanag sa susunod pang henerasyon.” Dahil sa ganitong paliwanag kung kaya mababasa na natin sa ngayon ang kasaysayang panlalawigan ng Kabite ni Medina, Bulakan ni Veneracion, La Union ni Meimban, Laguna ni Gotianco at iba pa.

Ang penomenal na pagtalima ng mga akademiko sa paksang ito ay nagbigay ng epekto sa mga taga-lalawigan. Bagama’t may kakulangan sa karanasan sa pagsusulat at pagsasaliksik ay pinasok nila ang mundo ng dokumentasyon upang sa huli’y makasama ang kanilang karanasan sa kabuuang kasaysayan ng buong bansa. Sa pagkakataong ito ay maaari natin sigurong itanong, kung kahit sino ba ay mayroong karapatang magsulat ukol sa kasaysayang lokal? Ang kasagutan po ay apirmatibo sapagkat halos lahat ng tao ay may karapatang magpahayag ng kani-kanilang mga kuro-kuro at nasaliksik. Ang suliranin lamang po ay kung mayroon bang kredibilidad ang kanilang mga ginagawa o sinusulat. Ang paksang ito ang tatalakayin sa papel ito. Ang una’y ang pagsulat ng kasaysayang lokal at ang kampanya ng Cavite Studies Center ng De La Salle University-Dasmariñas sa pagpapalaganap ng kasaysayang lokal.

Mga using salita: kasaysayang pampook, local studies center, historyograpiya, kasaysayang pampubliko

Kampanya sa pag-aaral ng kasaysayang lokal: Karanasan ng Cavite Studies Center sa De La Salle University-Dasmariñas, Cavite

Emmanuel F. Calairo, Ph. D.

Panimula

ANG PAGSULAT NG kasaysayang lokal ng mga bayan at lalawigan sa ngayon ay halos laganap na sa mga unibersidad, organisasyong pangkasaysayan at mga institusyon at pamahalaan. Ang dami at lawak ng mga pagtalakay sa mga bayan at lalawigan ay senyales lamang na mulat na ang mga mag-aaral, guro at mananaliksik na mahalaga ang nagagawa nito sa pagbuo ng pambansang kasaysayan. Wika nga, nararapat bigyan ng lohika ang pagbibigay ng konklusyon sa kasaysayang pambansa sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin sa mga detalye ng mga karanasan ng mga bayan at lalawigang nakapaloob dito.

Noong mga nakaraang taon ay pormal ding binigyang pansin ito ni Dr. Samuel Tan, ngayo'y tagapangulo ng National Historical Institute.

Ayon sa kanya’y “kinakailangang sumulat ang mga grupo ng tao ng kanilang kasaysayan sa kahit anong paraan upang magamit ito at makapagpalaiwanag sa susunod pang henerasyon.” Dahil sa ganitong paliwanag kung kaya mababasa na natin sa ngayon ang kasaysayang panlalawigan ng Kabite ni Medina, Bulakan ni Veneracion, La Union ni Meimban, Laguna ni Gotianco at iba pa. Ang penomenal na pagtalima ng mga akademiko sa paksang ito ay nagbigay ng epekto sa mga taga-lalawigan. Bagama’t may kakulangan sa karanasan sa pagsusulat at pagsasaliksik ay pinasok nila ang mundo ng dokumentasyon upang sa huli’y makasama ang kanilang karanasan sa kabuuang kasaysayan ng buong bansa.

Sa pagkakataong ito ay maaari natin sigurong itanong: Kahit sino ba ay mayroong karapatang magsulat ukol sa kasaysayang lokal? Ang kasagutan po ay apirmatibo sapagkat halos lahat ng tao ay may karapatang magpahayag ng kani-kanilang mga kuro-kuro at nasaliksik. Ang suliranin lamang po ay kung mayroon bang kredibilidad ang kanilang mga ginagawa o sinusulat. Ang paksang ito ang tatalakayin sa papel ito. Ang una’y ang pagsulat ng kasaysayang lokal at ang kampanya ng Cavite Studies Center ng De La Salle University-Dasmarias sa pagpapalaganap ng kasaysayang lokal.

Pagsulat ng kasaysayang lokal

Sa pagsulat ng kasaysayang lokal, kakailanganin ang kaalaman sa historiograpiya. Esensyal na bahagi nito ang paggamit ng primaryang batis (primary sources) at sekondaryang batis (secondary sources) sa pagsasaliksik ukol sa kasaysayan. Kung hindi dumaan sa pamamaraang historiograpiya ang isang artikulo, mawawala ang kredibilidad nito bilang isang kasaysayan. Maaari lamang itong tratuhin bilang koleksyon ng opinyon o interpretasyon at hindi maaaring maging bahagi ng nakaraan. Higit itong pumapaloob sa larangan ng literatura at hindi sa disiplina ng kasaysayan. Nararapat lamang na gumamit ng primaryang batis sapagkat ito ang magiging batayan ng kredibilidad ng kanilang mga sinusulat. Kabilang sa mga primarayang batis ay ang mga dokumentong pampamahalaan, liham ng mga tao, talambuhay at iba pang dokumento at kuwento ng mga taong nabuhay at naging saksi sa

kaganapan ng nakaraang panahon. Ang pangalawang batis naman ay ayong mga halaw sa mga nabanggit na primaryang batis.

Pagsulat gamit ang mga pangunahing batis

Kung ako ang tatanungin, batay sa aking karanasan sa pagsasaliksik, masasabi kong ang Pambansang Arkibo ng Pilipinas ang pinakamagandang lugar sa pagsasaliksik tungkol sa kasaysayang lokal. Hindi magandang magsaliksik dito tungkol sa Rebolusyong Pilipino tulad ng sa Katipunan at mga detalye ukol sa laban ng Pilipino at Kastila. Nasabi ko ang bagay na ito sapagkat mula ng magsaliksik ako sa PNA tungkol sa himagsikan ay hindi naging mabunga ang aking pagsusuat. Ito ay dahil sa ang arkibo ay karaniwang nilalagakan ng mga dokumentong nagmula sa pamahalaan at mga ulat tungkol sa mga pangyayari sa bayan-bayan at lalawigan. Kadalasan pa nga’y ang nagsulat ng mga ito ay eskribano kaya sinasabing ang dokumento sa arkibo ay “biased” sa Espanyol. Mayroong mga seksyon ang Pambansang Arkibo ukol sa himagsikan tulad ng *Revolucion Filipina* at *Sediciones y Rebeliones* ngunit hindi naman talaga tumutukoy sa Rebolusyong Pilipino. Sa ngayon, ang karamihan ng mga datos sa bungkos ng *Revolucion Filipina* ay naglalaman lamang ng mga imbentaryo ng mga kagamitang nasamsam ng mga rebolusyonaryo noong 1898 samantalang ang mahigit sa 40 bungkos (tomo) ng *Sediciones* ay karaniwang mga pagaalsa ng mga Pilipino at personal na mga kaso at hindi karaniwang tumutukoy sa Himagsikang 1896. Batay sa aking pagkakatalog ay dadalawa o tatlo lamang ang tomo na hitk na hitik tungkol sa himagsikan.

Ang Pambansang Arkibo ay mayaman sa mga dokumento para sa pagsulat ng kasaysayang lokal. Pangunahin sa mga ito ang *Ereccion de Pueblos* na binubuo ng mga datos tungkol sa pagtatatag ng mga bayan at lalawigan. Kasama rito ang mga petisyon ng mga tao para maitatag ang kanilang bayan, ang mga ekspidyente sa proseso ng pagtatatag, at ang dekreto ng gobernador heneral tungkol dito. Para naman malaman ang kabuuang populasyon o mga nakatira sa nasabing lugar o bayan ay maaaring basahin ang *Padron de Vecindarios* o katumbas ng sensus natin sa ngayon. Sa *Vecindario* ay makikita kung sinu-sino ang

mga naging gobernadorcillo, cabeza de barangay at mga kabarangay sa bawat taon ng lugar. Sa Vecindario ay makikita rin ang trabaho ng mga naninirahan, kanilang kapanganakan at pinagmulang bayan kung hindi sila taal sa lugar na nabanggit. Ang bungkos na ito ay mabuting pag-aralan lalo na kung magpopokus ang mananaliksik sa galaw ng tao (population movements), mga uri sa lipunan (social stratification) at henealohiya (genealogy).

Para sa mga nais malaman ang heograpiya tulad ng uri ng kalupaan, ilog, natural na yaman at iba pang pisikal na aspeto ng bayan ay dapat tingnan ang bungkos ng *Memorias*. Ang *Memorias* ay ulat sa pamahalaan tungkol sa estado ng isang lalawigan. Bukod sa heograpiya ay mababasa din sa bungkos na ito ang tungkol sa dami ng populasyon, kultura, tradisyon at iba pang kaalaman sa nabanggit na bayan o lalawigan. Bagaman ito'y tumutuko'y lamang sa isang partikular na taon ay mabuti na ring basehan sapagkat komprehensibo ang tala ukol sa pangkalahatang kaalaman para sa isang pook.

Ang paksa ukol sa kasaysayang panlipunan (social history) ay masasaliksik sa bungkos ng *Varias Provincias*.(VP). Ang *Varias* ay binubuo ng iba't ibang uri ng ekspidyente na tumutukoy sa aspetong pulitikal, ekonomiya, panlipunan, relihiyon, edukasyon at iba pa. Ang bungkos na ito ay hindi organisado kung kaya malaki ang posibilidad na mahirapan ang mananaliksik. Sa ngayon, ang *Varias* ang isa sa mga pangunahing sira-sirang dokumento sa Pambansang Arkibo kaya hindi basta-basta ito pinahahawakan sa mananaliksik. Ang mga sirang dokumento ay dumadaan pa sa proseso ng restorasyon (mabilis na ang isang buwan) upang mapreserba ang mga papel na ito. Sa bungkos naman ng *Eleccion del Gobernadorcillos* at *Cabeza de Barangay* ay mababasa ang mga aspetong pulitikal. Kabilang dito ang mga papeles tungkol sa halalan tulad ng balota, listahan ng mga ihahalal. Sa bahaging administratibo ay mababasa ang mga ekspidyente tungkol sa pagpapaalis at pagpapalapit ng mga opisyal.

Kung usaping simbahan, maaaring basahin ang *Patronatos*. Makikita dito ang petisyon sa pagtatatag ng parokya, mga pari sa komunidad, ang kanilang pagmimisyon at ulat ukol sa kanilang simbahan.

Ang bungkos ng *Ereccion de Pueblos* at *Memorias* ay naipakopya na (photocopied) kaya madaling tingnan. Samantala, may mga bungkos

naman na hindi karaniwang ipinababasa sa mga mananaliksik dahil sa kalagayan ng papel ng mga ito. Ang halimbawa nito’y ang *estadísticas, escuelas, cedulaario, prestacion personal, at fincas urbanas*. Sa *estadísticas* ay makikita ang senso ng isang bayan. Binubuo ito ng listahan ng mga *naturalez, mestizos y varios razas* sa isang lugar. Ang eksaktong bilang ng produkto, mga ani, uri ng transportasyon, ganaderia ay nakapaloob din sa bungkos na ito. Ang *estadísticas* ay detalyadong presentasyon ng mga bilang ng iba’t ibang uri ng tao, produkto at industriya kung ikukumpara sa bungkos ng *Memorias*. Sa bungkos naman ng *Escuelas y Maestros* ay makikita ang mga *nombramientos (appointments)* ng mga guro sa isang lugar. Nakatutuwa sa bungkos na ito ang makasabat ng isang mapa o krokis ng isang paaralan sapagkat higit na nakapagpapabuhay ng pagsasaliksik ang mga di-karaniwang ilustrasyon. Kasama rin sa *Escuelas* ang bilang ng mga mag-aaral, problema sa pabahay ng mga guro at ang mga ekspidyenteng nagpepetisyon para sa repaciones ng mga casa escuelas y casa habitaciones para los maestros y maestras.

Ang bungkos ng *Prestacion Personal* ay nakakaganyak ding saliksikin sapagkat dito mapatutunayan ng isang nagsasaliksik kung ang nababasa nating personalidad sa ating mga aklat ay tunay na nabuhay sa nakaraan. Nabanggit ko ito sapagkat sa bungkos na ito makikita kung kailan ipinanganak ang isang tao, saan siya ipinanganak, ano ang kanyang trabaho at kung siya ay kabilang sa listahan ng polos servicios. Mabuting tingnan ito kung pokus ng pag-aaral ay urbanisasyon at kasaysayang sosyal (social history). Ang *Prestacion Personal* ay katulad din ng *Padron de vecindarios* liban lamang sa ang huli ay tungkol lamang sa Maynila. Kaugnay ng *Prestacion Personal* ang *Hojas de Servicios* ngunit ito’y para sa mga indibidwal na tao lamang.

Kung ang sasaliksikin ay may kaugnayan sa kabuhayan at panghihimasok ng dayuhan sa sistema ng ekonomiya ng isang lipunan at makabubuting basahin ang *Contribucion Industrial*. Naglalaman ito ng deklarasyon ng mga taong may negosyo sa mga panahong iyon. Binubuo ito ng pangalan ng may-uri, uri ng negosyo, petsa ng rehistrasyon, at kalye kung saan nakahimpil ang negosyo. Ang rehistrasyon naman ng mga gusali (edificios) at ang ginugol dito ay mababasa sa *Fincas Urbanas*.

Ang nabanggit ay pundamental na bungkos ng dokumento

sa kasaysayang lokal. Marami pang mga grupo ng dokumento na maaaring tingnan upang lalong maging detalyado at komprehensibo ang pagsasaliksik tulad ng *Real Audiencia*, *Cedularios*, *Terrenos*, *Haciendas* at *Expedientes Gubernativos*. Gayunpaman, sa panimulang pagsasaliksik ay sapat na ang mga nabanggit na bungkos dahil sa makabubuo na rin ng kasaysayang lokal batay sa mga ito.

Sa pagtatapos ng ika-19 daang taon, naganap ang pag-aalsa ng mga Pilipino laban sa mga Kastila kung kaya ang daloy ng lahat ng grupo ng mga dokumentong nabanggit sa itaas ay naputol sa taong 1898. Sa panig naman ng mga Pilipino, kritikal ang mga taong 1896 hanggang 1898 sapagkat ito ang panahon ng Rebolusyong Pilipino. Sa halip na magsadya sa Pambansang Arkibo, mainam na pagtutuunan ng pansin ang mga batis na makapagbibigay ng datos ukol sa kasaysayan ng mga bayan sa Kabite noong 1896 hanggang 1898.

Una sa mga pangunahing batis na maaaring konsultahin ukol sa nasyonalismo sa Kabite ang mga tala nina Artemio Ricarte, Emilio Aguinaldo, Santiago Alvarez, Carlos Ronquillo y Valdez, Gervasio Pangilinan, Pascual Alvarez, Telesforo Canseco at ilang maiikling tala na makapagbibigay sa atin ng uri ng lipunan mayroon ang bawat bayan sa Kabite. Magandang gamitin ang mga batis na ito sapagkat ito'y tala ng mga Pilipino. Sa batis na ito makikita ang sentimyento ng mga naninirahan tungkol sa sitwasyon ng kanilang bayan noon.

Pagkatapos ng panahon ng rebolusyong Pilipino, susundan ito ng pagtatatag ng Unang Republika ng Pilipinas at susundan ng reorganisasyon sa bawat lalawigan. Sa bagay na ito ay higit na makabubuting basahin ang mga dekreto ni Hen. Emilio Aguinaldo ukol sa Kabite at ang paghirang ng mga pinunong namuno sa nasabing lalawigan.

Sa Digmaang Pilipino-Amerikano, hitik na hitik sa impormasyon ang *Philippine Revolutionary Papers* (dati'y *Philippine Insurgent Records*). Kalipunan ito ng mga dokumentong isinulat ng mga Pilipino na nasamsam ng mga Amerikano. Kanila itong dinala sa Amerika, kinopya sa microfilm at nang malaon ay binigyan ng kopya ang Pilipinas. Ang ilang bahagi nito ay inilathala ni John R. M. Taylor sa kanyang *The Philippine Insurrection Against the United States: A Compilation of Documents With Notes and Introduction*. Ang aklat na ito

ni Taylor ay karamihang tumutungkol sa pamahalaan ni Hen. Emilio Aguinaldo noong panahon ng digmaan at ang pananalakay ng mga Amerikano sa mga lalawigan.

Upang higit na mapayaman ang datos ukol sa pananalakay ng mga Amerikano at ang estado ng mga bayang kanilang sinalakay ay mabuting basahin ang mga publikasyon ng U. S. Bureau of Insular Affairs tulad ng *Annual Reports of the War Department from 1899 to 1901*. Dito makikita ang detalye ng pananalakay tulad ng sino ang sumalakay, ano ang mga sandatang ginamit, ano ang reaksiyon ng mga mamamayan at ano ang kanilang naging karanasan sa naturang pananalakay. May kahirapang makita rito ang pananalakay ng mga Pilipino sapagkat ulat lamang ito ng mga pinuno ng Amerikano.

Pagkatapos ng “pasipikasyon” ay susundan ito ng reorganisasyon na ginawa ng mga Amerikano sa bayan-bayan. Sa puntong ito ay maaaring basahin ang hinggil sa kalagayan ng Kabite sa *Census of the Philippine Islands* noong 1903 na inilathala noong 1905. Ikalawa’y ang sensus na isinagawa naman noong 1918 at nalathala noong 1921. Dito’y makikita ang heograpiya, edukasyon, relihiyon at ekonomiya ng bawat bayan sa unang dalawang dekada ng ika-20 dantaon.

Ang pagbabago nito ay masusundan sa sensus noong 1939 bago pumutok ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang impormasyon ukol sa panahon ng Amerikano ay maaari ring makuha sa mga dyaryo ng panahong iyon at mga panayam sa mga taong nabubuhay pa at mayroong maliwanag na kaalaman ukol sa nasabing panahon sa kanilang bayan.

Nang maganap ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay muling nahinto ang pagsesenso kaya limitado ang dokumentong pampamahalaan na maaaring mabasa sa panahong ito. Dito’y kakailanganin na ang paggamit ng kasaysayang oral sapagkat ito lamang ang makapaglalahad ng kaganapan sa bayan-bayan noong mga panahong iyon. Ang kasaysayang oral ay panayam sa mga taong mayroong partisipasyon sa panahong nabanggit. Ang kasaysayang oral din ang maaaring karaniwang pamamaraan ngpagsasaliksik sa kasalukuyang panahon dahil marami pa ang saksi sa na makapagkukuwento ng mga kaganapan tulad ng batas military, rebolusyong EDSA at iba pa.

Cavite Studies Center sa kasaysayang lokal

Ang Cavite Studies Center (CSC) ng De La Salle University-Dasmariñas ay naglalayong maipakilala ang kasaysayan at kultura ng Kabite. Ito'y nagsasagawa ng mga programa, pagsasaliksik at pagsusulat ng kasaysayan at kultura ng Kabite.

Ang rasyunal ng mga programa ng Cavite Studies Center ay nakasalig sa paniniwalang hindi pa lubos na nasasaliksik at naisusulat ang mga kasaysayang pambayan ng ating bansa. Sa kaso ng Kabite, bagama't marami na rin ang naisulat na kasaysayang panlalawigan ay hindi naman ito nakabatay sa mga kasaysayang pambayan. Salat na salat pa rin hanggang sa kasalukuyan ang mga bayan-bayan sa Kabite ukol sa dokumentasyon ng kanilang nakaraan. Kung ang ganyang kalagayan ay nagyayari din sa ibang lalawigan, masasabi nating hindi pa kongkretong nailalahad ang mga kasaysayan ng bawat lalawigan at ang kabuuang kasaysayan ng ating bansa.¹

Nais kong banggitin sa bahaging ito na ang pagsulat ng kasaysayan ay hindi lamang monopolyo ng akademya o yaong mayroong interes sa kasaysayan. Kinakailangan ang kolaborasyon ng akademya, ng pamahalaang lokal at ng mamamayan upang mapalitaw ang kabuuang kasaysayan ng isang bayan. Ang ugnayang ito ng akademya, pamahalang lokal at mamamayan ay mangyayari lamang sa pamamagitan ng mga local studies centers. Bilang halimbawa, ang Cavite Studies Center ay nakabase sa isang pamantasan kaya hindi ito naapektuhan ng mga kaganapang pampulika sa lalawigan, ikalawa, dahil walang kinikilingan ang sentro, nagsisilbi itong magandang pagkakataon upang kanyang makaugnayan ang iba't ibang sektor.

Kasaysayan

Ang pagkakabuo ng Cavite Studies Center ay nagsimula nang inatasan ni Dr. Paulo Campos ang Social Sciences Department ng Emilio Aguinaldo College upang tipunin ang mga babasahin at mga larawan tungkol sa kasaysayan at kultura ng Cavite. Bagama't wala namang pondong nailaan, tumalima ang tagapangulo ng departamento noon na si G. Dominador del Rosario upang isagawa ang mando ng

pangulo ng nasabing kolehiyo. Sa bandang huli ay nakapagpagawa rin ang EAC ng mga kopya ng lumang larawan tungkol sa kasaysayan ng himagsikan sa Kabite.

Nang mabili ng DLSU-System ang Emilio Aguinaldo College, inatasan ng pangulo ng DLSU-System noon na si Br. Andrew Gonzalez si Mr. del Rosario upang pumunta sa Cebuano Studies Center upang pag-aralan ang posibleng pagkakaroon ng isang studies center sa DLSU-Dasmariñas. Ang resulta nito ay ang pagkakatatag ng Cavite Studies Center kung saan ang mga unang koleksyon nito ay yaon pang mga nakuha sa ilalim ng Emilio Aguinaldo College. Ang Cavite Studies Center ay unang inilagay sa ikalawang palapag ng administration building pagkatapos ay inilipat sa unang palapag ng aklatan ng pamantasan. Nang maitatag ang Museo De La Salle ay pansamantalang ditto inilagay ang tanggapan ng sentro hanggang muling ilipat ito sa ikalawang palapag ng aklatan ng pamantasan. May mga pagtatangka na magkaroon ng sariling gusali ang sentro ngunit dahil sa kakapusan ng pondo ay hindi ito naisasakatuparan.

Bago ang 1996, ilang faculty na rin ang nahirang upang siyang maging coordinator ng Sentro kaya lamang dahil sa limitadong pondo ay hindi ito umusad ng husto. Noong 1997, ang inyong lingkod ay nahirang bilang konsultant ng sentro at pagkatapos ng isang taon ay hinirang na direktor nito hanggang 2007. Mula noon ay nahirang si Ginoong Aguino Garcia at tersita Unabia bilang direktor ng sentro.

Bilang isang departamento sa pamantasan

Ang Cavite Studies Center tulad ng nabanggit na sa itaas ay isa sa mga departamento ng De La Salle University-Dasmariñas. Samakatwid, mayroon itong regular na apropiyasyon sa total na badyet ng pamantasan. Bagama't hindi masasabing malaki, nakasisiguro na ang Sentro sa pagpapatuloy ng operasyon nito bilang isang opisina at bilang isang aklatan. Noon, ang karaniwang badyet ng sentro ay nahahati lamang sa operational expenses tulad ng office supplies, maintenance, transportation and communication expenses, representation at ang special projects. Malaki ang nagagawa ng alokasyong special projects sapagkat ditto kinukuha ng ang pagsasagawa ng kanyang mga

programa. Ang special projects ay limitado lamang sa pagsasagawa ng taunang aktibidad at paggawa ng impormasyon tungkol sa sentro tulad ng newsletter at brochures. Ang pondong inaalok sa special projects budget ay depende sa proposed budget proposal taun-taon hangga't kakayanin ng pondo ng pamantasan.

Upang maipagpatuloy ang pagpapayaman ng koleksyon nito, ang pamantasan ay nagbigay ng taunang alokasyon sa collection development na nagkakahalaga ng 100,000 pesos. Ang collection development budget ay nakakatulong sa pagpapakopya ng mga dokumento at pagbili ng mga aklat at ekwipment para sa aklatan ng sentro.²

Nagsimula ang Sentro ng mayroong dalawang personel lamang, ang coordinator nito at isang klerk. Nang magreorganisa ang pamantasan ay ginawang direktor ang pinuno ng sentro. Mayroon ding isa hanggang dalawang guro ang karaniwang binabawasan ng seksyong itinuturo upang manilbihan sa sentro. Nang palakasin ang koleksyon ng sentro ay nagkaroon ng aytem para sa isang full-time non teaching faculty sa Cavite Studies Center upang mangalaga ng koleksyon nito at tumulong sa iba't ibang kaparaanan. Upang masiguro naman ang tuloy-tuloy na pananaliksik ay nagkaroon ng aytem na writer in residence. May panahon ding nagkaroon ng working consultant and sentro ngunit hindi lumaon ay kinumbirte ito bilang isang regular na aytem ng isang non teaching faculty. Ang sentro ay tinutulungan din ng mga students assistants na nanggagaling sa student scholarship office ng pamantasan.

Programa

Noon ay nahahati sa tatlong bahagi ang ginagawa ng Cavite Studies Center. Una ay ang promosyon ng kasaysayan at kultura ng Kabite sa pamamagitan ng pagsasagawa ng taunang seminar, pagpaparantal sa mga historyador ng lalawigan at paglulunsad ng mga aklat. Ikalawa ay ang pagsasaliksik at pagsulat ng kasaysayan at kulturang lokal. Ikatlo ay ang pagkakaroon ng isang malawakang repositoryo ng mga materyales ng kasaysayan at kultura bilang saligan ng mga mananaliksik. Panghuli ay ang pakikipag-ugnayan nito sa iba pang institusyon upang

kolektibong maitanyag ang kasaysayang lokal.

Promosyon ng kasaysayan at kultura

Hindi dayuhan sa Kabitenyo ang pagsulat ng kasaysayan. Mula pa noong panahon ng Himagsikan ay pauloy ang pagsulat ng kasaysayan ng mga Kabitenyo kaya lamang ay hindi ito kadalasang kinikilala ng madla. Dahil dito kung kaya naglunsad ang Cavite Studies Center ng taunang parangal sa mga manunulat ng kasaysayan ng Kabite sa pakikipagtulungan sa Provincial Government, Cavite historical Society, town historical committees at mga municipal government kung saan kabilang ang nasabing historyador. Ilan sa mga naparangalan na ng sentro ay sina Esteban de Ocampo, Alfredo Saulo, Isagani Medina bilang mga provincial historians at sina Benjamin Bolivar at Honesto Bayot bilang mga town historians.

Ikalawang taunang gawain ng sentro ay ang pagsasagawa ng seminar na nakapokus lamang sa kasaysayan at kultura ng Kabite. Sa ngayon ay itinigil ito upang magbigay daan sa ibang proyekto. Karaniwang tinatalakay sa seminar ang iba't ibang paksang pangkasaysayan at kultura tulad ng Kabite sa Himagsikang Pilipino, Pagkaing Kabitenyo, Pandarayuhan sa Kabite, modernisasyon mula 1950 hanggang sa kasalukuyan. Bukod sa mga seminar ay naglulunsad din noon ng mga kumperensiyang panrehiyon at pambansa ang Sentro tulad ng The First Nueva-Ecija Cavite National Conference on Local History and Historiography at ang National Conference on Local and National History sa pakikipagtulungan sa Philippine National Historical Society.³ Mayroon ding naganap na kumperensya tungkol sa ugnayan ng Kabite at Pampanga na ginanap sa Holy Angel University sa Angeles, Pampanga at kumperensya ukol sa Relasyon ng Batangas at Kabite na ginanap naman sa Lyceum of Batangas.

Ang isa pang taunang gawain ng Sentro ay ang paglulunsad ng mga aklat pangkasaysayan na sinaliksik at sinulat ng mga guro ng kasaysayan ng De La Salle University-Dasmarias. Ang mga nasabing manuskrito ay karaniwang personal na inisyatibo ng mga guro na pagkatapos ng anilang mga proyekto ay kanilang isinusumite ito sa Sentro upang mailathala. Ang sentro, sa pakikipagtulungan sa Cavite Historical

Society ay nabibigyan ito ng pondo at nailalathala ang manuskrito. Ang mga lathalaing ito ay kumakalat sa iba't ibang aklatan sa buong bansa at sa ibayong dagat na nagiging daan upang lalong maintindihan ang katuturan ng kasaysayan at kultura ng Kabite.⁴

Pagsasaliksik at pagsulat ng kasaysayan

Ang pinakamahalagang gawain sa sentro ay ang bigyan ng dokumentasyon ang kasaysayan at kultura ng Kabite. Ito ay bahagi ng bisyon ng dating pangulo ng De La Salle University System na si Bro. Andrew Gonzalez, na manguna ang Cavite Studies Center sa mga pag-aaral at paglalathala ng mga kasaysayan at kulurang Kabitenyo. Dahil dito ay nagkaroon ng pag-aaral ang Sentro ukol sa historiograpiya ng Kabite at lumilitaw na limitadong limitado ang pag-aaral ng mga kasaysayang pambayan ng Kabite. Mula dito ay naging prayoridad na ng Sentro na saliksikin ang mga kasaysayang pambayan ng lalawigan upang magkaroon ng kumpletong publikasyon ang Kabite na siyang sasalamain sa kasaysayang panlalawigan nito. Bukod sa kasaysayang pambayan, inilalathala din ng Cavite Historical Society ang mga papel na binasa sa taunang seminar tungkol sa kasaysayan at kultura ng Kabite, at mga primary source tulad ng sinulat nina Gervasio Pangilinan, Emilio Aguinaldo at mga piling dokumento mula sa Philippine National Archives sa Maynila.⁵

Pagbuo ng isang aklatan tungkol lamang sa Kabite

Ang pagbuo ng sariling aklatan na tungkol lamang sa Kabite ang isa sa mga layunin ng Cavite Studies Center. Ang proyektong ito ay isinagawa upang mapalapit ang mga Kabitenyo sa mga impormasyong pangkasaysayan na karaniwang sinasaliksik sa Maynila. Sa pamamagitan ng pagkaroon ng aklatan sa Cavite, ang mga Kabitenyo at iba pang karatig pook ay hindi na tutungo sa Maynila bagkus ay sa DLSU-D Cavite Studies Center na lamang.

Inaasam ng sentro na sa pamamagitan nito ay higit ma makikilala ang tio bilang isang saligan ng mga pag-aaral, pagsasaliksik at repositoryo ng mga impormasyon tungkol sa Kabite at mg Kabitenyo.

Noon ay inumpisahang ipakopya ng Cavite Studies Center ang mga Spanish documents mula sa Philippine National Archives. Ang mga sekundaryang batis tulad ng mga sulatin nina Esteban de Ocampo, Alfredo Saulo at Isagani R. Medina ay mga unang paublikasyong makikita sa Cavite Studies Center collection. Hindi lumaon, ang mga koleksyon ay inuri dahil sa dami nito. Kabilang ditto ang Caviteniana Collection, Filipiniana Collection, Archival Collection, Microfilm/microfische collection, periodical section at ang mga special collections o yaong mga koleksyong mula sa donasyon ng mga Kabitenyo tulad ng Alfredo Saulo at Cesar E.A. Virata Collection. Inaasahan ng sentro na sa susunod pang mga taon ay higit na dadami ang koleksyon nito kung saan makakasama ang mga parish records, government records at iba pang koleksyong personal ng mga Kabitenyo.⁶

Pakikipag-ugnayan

Napakalaki ng naitutulong na pakikipag-ugnayan ng Cavite Studies Center sa mga departamento sa loob ng pamanatasan at gayundin sa mga asosasyon at ahensya sa labas nito. Sa pamamagitan ng epektibong pakikipag-usap sa mga pinuno ng aklatan ng pamantasan ay higit na namomonitor ang mga literaturang may kinalaman sa Kabite kung kaya agad itong nakukuha at napapasama sa koleksyon ng aming opisina. Ang mga Aklatan din ay may sariling networking hindi lamang sa lalawigan ng Kabite kundi maging sa rehiyon 4 at sa buong bansa. Ang pakikipag-ugnayan din naming sa University Research Office ay nagiging daan upang higit na maikampanya sa kaguruan ang pagsasagawa ng pagsasaliksik tungkol lamang sa Kabite. Kabilang dito ang pag-aaral heograpikal, demograpikal, sosyal, pangnegosyo at iba pang larangan ngunit nakapokus lamang sa Kabite at ang ugnayan nito sa ibang pook.

Bukod sa ugnayang pampamantasan, malaki ang naitutulong na ugnayan ng Cavite Studies Center sa mga institusyon at asosasyong pampubliko at pampribado. Sa pamamagitan nito ay higit na lumalawak ang koneksyon ng sentro at karaniwang nakatutulong sila sa mga proyekto nito lalo na sa aspektong pananalapi. Ang Cavite Historical Society sa kasalukuyan ang pangunahing partner ng Cavite Studies

Center sa promosyong ng kasaysayan ng Kabite. Sa pamamagitan ng society ay naisusulong ng sentro ang kanyang mga programa lalo na sa paglalathala ng mga proyekto ng sentro tulad ng mga kasaysayang pambayan at mga papel na binasa sa mga inagawang taunang seminar. Bukod dito, kabahagi din ang Cavite Historical Society sa mga programa nito tulad na lamang ng parangal sa mga Kabitenyong historyador. Masasabing kung hindi sa Cavite Historical Society ay hindi epektibong maisusulong ng sentro ang kanyang mga proyekto lalo na sa mga publikasyon. Bukod sa Society, hindi nawawala ang kolaborasyon ng Sentro sa provincial government of Cavite, municipal governments of Cavite, town historical societies sa pagsasagawa ng mga programa nito. Sa lebel nasyunal, ang National Historical Commission of the Philippines ay karaniwan ng bahagi sa programa ng sentro.

Paglalagom at kongklusyon

Kung ikukumpara ang sentro ngayon mula noong 1998, masasabing napakalaki ng kaunlarang naranasan nito. Mula 1998 ay nagsimula ang taunang pagkakaroon ng kampanya tungo sa ikauunlad ng kamalayan sa kasaysayan at kultura ng Kabite. Ang mga programang ito ay binubuo ng pagpaparangal sa mga historyador, pagsasagawa ng taunang seminar at paglulunsad ng mga aklat pangkasaysayan. Mayroon ding pagkakataon na nag-iisponsor ang sentro ng mga eksibit pangkasaysayan hindi lamang sa loob ng pamantasan kundi naiimbitahan sa iba't ibang bayan.

Bukod sa mga programa, natanim na rin sa isipan ng madla ang pangunguna ng Cavite Studies Center sa pagsasagawa ng mga pagsasaliksik at pagsulat ng kasaysayang lokal ng Kabite. Halos taun-taon ay mayroong inilalathalang aklat ang sentro na nagsisilbing daan upang ito'y abangan ng mga mahihilig magbasa ng kasaysayan lokal.

Ang isa pang mahalagang pinagtutuunan ng pansin ng sentro ay ang patuloy na pangangalap ng impormasyon na siyang nagpapayaman sa kolksyon nito. Ang Cavite Studies Center library collection ay nakilala na hindi lamang sa Kabite kundi maging sa ibang lugar din. Dahil dito, maraming mga mananalisk, estudyante, guro at iskolar ang bumibisita sa aklatan upang malaman ang mga naisagawa ng pag-aaral

tungkol sa Kabite at ang malaman ang possible pang mga batis na makukuha sa napili nilang mga paksa tungkol sa kasaysayan at kultura ng Kabite.

Dahil sa tinamong pagkilala ng Cavite Studies Center mula sa iba't ibang sector kaya naging kalakaran na ang sangguniin ito ng mga local government units, public and private schools, mga town historical committees ng Cavite at ng mga mamamayan upang maliwanagan sa mga isyung pangkasaysayan na kanilang pinag-aaralan. Dahil sa magandang imahe ng sentro kaya lalo pang lumawak ang pakikipag-ugnayan nito hindi lamang sa Kabite kundi maging sa iba pang lalawigan.

Bilang konklusyon, masasabi nating hindi biglaan ang pag-unlad ng sentro. Ito ay nagsimula bilang simpleng opisina lamang na iilan ang tao at limitado ang pondo. Gayunpaman, ito'y umusad ng paunti-unti sapagkat mayroon naman itong permanenteng alokasyon na nanggagalingsa pamantasan. Ngunit ang alokasyong pondo ng paaralan ay hindi sapat upang tugunan ang kanyang layunin at mga hamon ng lipunan. Kabilang ito ang mga historical awareness campaigns, historical research and writing at pagbuo ng isang mahusay na aklatan tungkol sa kasaysayan at kultura ng Kabite. Dahil sa patuloy na suporta na ibinibigay ng Cavite Historical Society, mga local government units at iba pang public and private organizations ay naisulong ng sentro ang kanyang mga programa. Naging interesado ang mga nabanggit na institusyon at asosasyon sapagkat kinilala nila ang kakayahan ng Cavite Studies Center bilang isang pang-akademikong ahensya na nag-aaral ng malaliman at makatarungan sa kanilang lalawigan. Ito'y hindi basta-basta naibibigay ng ibang paaralan o mga komiteng pangkasaysayan sa bayan-bayan.

Masasabi nating may apat na ikutang pangyayari ang kasaysayan ng Cavite Studies Center. Una, ang pagkakabili ng De La Salle University-Dasmariñas na nagbigay daan upang matutukan bilang isa sa mga departamento ng pamantasan. Ikalawa, ang pagkakatalaga ng direktor nito noong 1998 kung saan nagsimula ang iba't ibang taunan nitong programa. Ikatlo, ang pagtalaga sa sentro ng mga taong espesyalista hindi lamang sa larangan ng kasaysayan kaya higit na lumawak ang sakop ng pag-aaral nito, at ikaapat, ang simula ng promosyon ng

kasaysayang lokal sa iba't ibang panig ng ating bansa upang magkaroon ng komprehensibong batayan ang pambansang kasaysayan.

Sanggunian

Foronda, Marcelino. 1991. *Studies on local and oral history*. Manila: De La Salle University Press.

Panayam sa mga sumusunod:

Bro. Andrew Gonzalez, FSC.

Mr. Bernard Esternon

Mr. Cesar E.A. Virata

Mr. Dante Añonuevo

Abstrak

“Pagtatayo ng museo bilang paraan ng pagpapalaganap ng kaalaman at kamalayan sa kasaysayang lokal: Karanasan ng Lungsod ng Valenzuela” ni Jonathan C. Balsamo

Liban sa pangangalap, paglalagak at pangangalaga ng mga “lumang bagay,” gumaganap ng mahalagang tungkulin bilang “tagapangalaga” at “tagapagkuwento” ng kasaysayan at kultura ng bayan ang mga museong pangkasaysayan (history museum). Hindi lamang “pinaglalagakan o pinaglalagyan ng mga lumang bagay” ang mga ito. Inaasahang nagsasagawa rin ito ng mga pananaliksik at bumubuo ng mga proyekto at gawain para sa mabisang pagpapalaganap ng kasaysayan at kultura ng kinabibilangan nitong komunidad. Bilang isang institusyon at espasyong pang-edukasyon at pangkultura, maituturing itong isang pangunahing sentro kung saan maaring matutuhan o matuklasan ng isang indibidwal ang lokal na kasaysayan at kultura ng sariling bayan sa museong pambayan (community museum). Inaasahan ring makalilikha ng koneksyon sa pagitan ng indibidwal at ng lipunan o komunidad na itinatanghal sa naratibo at espasyo ng museo.

Isang pangarap para sa lahat ng bayang magkaroon ng sarili nitong museo kung saan maitatampok ang natatangi, makulay at mayaman nitong kasaysayan at kalinangan. Sa papel na ito, ilalahad ang naging karanasan ng Lungsod ng Valenzuela sa pagtatayo ng dalawang museo: ang Museo Valenzuela (1998) at ang Valenzuela City Museum (2013). Tatalakayin sa papel ang pinagdaanan ng Lungsod na maaring magsilbing modelo para sa iba pang mga bayang naghahanap ng halimbawang masusundan sa pagtatayo o pagbubuo ng museong pambayang nagtatampok ng kasaysayang lokal. Bibigyang-tuon din sa papel ang aktibong pakikisangkot ng mga indibidwal at ng komunidad na nakipagtulungan sa pamahalaang lokal para sa katuparan ng proyektong kultural na ito.

Sa dulo, masasabing hindi lamang “impormasyon” ukol sa nakaraan ang ibinibigay ng isang museo ng kasaysayang lokal. Higit pa rito ang “inspirasyon” para sa higit na ikauunlad ng bayan at mga mamamayan nito. Gayundin, makikitang aktibong pakikisangkot at pagtutulungan ng pamahalaan (lokal at pambansa) at ng komunidad ang susi sa tagumpay ng anumang proyektong kultural sa bawat bayan. Sa pamamagitan ng mga indibidwal at mga samahan na may malalim o masaklaw na pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura, nagkakaroon ng malinaw na layunin kung papano ito mapagayaman, maiingat at maipapagalaganap, lalo na sa mga kabataan. Makikita ang mga pagsisikap na ito bilang pagsasalin o pagpapasa ng isang partikular na naratibo at pagpapakahulugan sa nakaraan, mula sa isang papalipas nang henerasyon tungo sa isang mas nakababatang salinlahi. Sa gayon, maaring maging batayan ito ng kaakuhan at pagkakaisa ng isang komunidad o ng isang bayan.

Mga using salita: local history museum, community museum, cultural management

Pagtatayo ng museo bilang paraan ng pagpapalaganap ng kaalaman at kamalayan sa kasaysayang lokal: Karanasan ng Lungsod ng Valenzuela

Jonathan C. Balsamo

Ang Museo Valenzuela

1 988: Pagbubuo ng grupo para sa proyektong aklat ukol sa kasaysayan ng Valenzuela. Sanga na lamang ang ideya sa pagtatayo ng isang museo mula sa isa pang mas naunang proyekto: ang pagkakaroon ng isang libro ukol sa kasaysayan ng bayan ng Valenzuela. Noong 1988, sa pangunguna ni Justice Guillermo S. Santos, taal na taga-Polo (dating pangalan ng Lungsod ng Valenzuela), nabuo ang isang impormal na grupong binubuo ng mga nakatatanda at ilang mga nakababatang may interes at pagpapahalaga sa kasaysayan ng bayan ng Valenzuela. Nag-umpisa sila noon sa pananaliksik sa pamamagitan ng pagtatanung-tanong sa mga kapitan ng mga barangay. Pangunahing layunin ng nabuong samahan ang magsagawa ng pananaliksik upang makapagsulat at makapaglathala ng libro ukol sa kasaysayan ng bayan

ng Valenzuela. Sa kasamaang palad, hindi natapos ang proyekto dahil sa hindi inaasahang pagpanaw ni Justice Santos noong 1991.

1993: Pormal na pagbubuo sa Valenzuela Heritage and Cultural Society. Muling nabigyang-buhay ang mga pagsisikap sa pagtatayo ng isang samahang pangkasaysayan sa Valenzuela noong 1993. Naisakatuparan ito sa pagkakabuo ng Valenzuela Heritage and Cultural Society (VHCS). Ayon kay Ginoong Elpidio Concepcion, mga kasapi rin ng Knights of Rizal, isang *socio-civic organization* na nagsusulong ng mga adhikain ng pambansang bayani ang karamihan sa mga naging unang kasapi nito (VHCS 2001).¹ Ayon naman kay Fr. Mar Arenas, isang “pagtugon” sa isang “pangangailangan” ang dahilan ng pagkakabuo ng samahan. Wika niya:

Upang makatugon sa pangangailangang pangkasaysayan, ilang Valenzuelano ang nagpulong noong ika-10 ng Hulyo 1993, bisperas ng anibersaryo ng kapanganakan ni Dr. Pio Valenzuela, upang talakayin ito. Pansamantalang namuno si Fr. Mar DJ Arenas, kasama sina Ben Agleham, Dr. Jose Emmanuel Carlos, Dave Santos, Santos Chua, Elpidio Concepcion, Miguel Marcos at Joe Lad Santos na tumayo bilang kalihim. Sa nasabing unang pulong, tinalakay ang pangangailangan ng kamulatan sa kasaysayan ng Valenzuela at ang pagpapanatili ng mga makasaysayang pook at bagay, gayundin ang pagkakaroon ng isang museo. Ito ang naging simula ng isang bagong samahang pangkasaysayan, ang VALENZUELA HISTORICAL AND CULTURAL SOCIETY, INC. sa pangunguna ni Ben P. Agleham bilang Pangulo, Santos Chua bilang Ikalawang Pangulo, Julieta Aldaba bilang Kalihim, Dave Santos bilang Ingat-Yaman, at kabilang sina Dr. Jose Emmanuel Carlos, Elpidio Concepcion, Miguel Marcos at Fr. Mar DJ Arenas.” (Arenas 1997, 90)

Pangunahing layunin ng bagong tatag na samahan ang maipalaganap at maituro sa mga kabataan ang lokal na kasaysayan

ng Valenzuela. Upang magawa ito, kailangan ng aklat na magagamit ng mga guro bilang sanggunian sa pagtuturo ng buhay ni Dr. Pio Valenzuela at ng kasaysayan ng lokal ng bayan. Si Padre Arenas ang nanguna sa pagsusulat ng libro na inedit naman ni Joe Lad Santos, isang batikang manunulat at peryodista noon. Nalathala ang libro na may pamagat na Valenzuela: Ang Bayani at ang Bayan noong 1997. Habang nagsasagawa ng pananaliksik, nalaman ni Padre Arenas mula sa mga kaanak ni Dr. Pio Vaenzuela na mayroon pang mga personal na gamit o memorabiliang naiwan ang bayani. Dahil dito, iminungkahi niya ang pagtatayo ng isang museo sa isa sa mga pagpupulong ng VHCS.

1995: Pagbubuo ng Komite para sa Isang Museo. Isa sa mga bumuhay noong 1993 sa Valenzuela Historical and Cultural Society (VHCS) ay ang noon ay Vice Mayor ng Valenzuela na si Dr. Emmanuel “Bobbit” Carlos. Nang siya ay maging alkalde ng bayan noong 1995, binuo niya noong October 1995 ang isang *museum committee*, sa mungkahi ni Padre Arenas at ng VHCS. Ang komite ay pinamunuan ng unang ginang ng bayan, Mrs. Rita Carlos bilang *chairperson* kasama sina Mr. Erlindo Dionisio ng Mayor’s Office, Mr. Ramon Victorio ng Engineering Office, Mr. Cesar Marquez ng Assessor’s Office, Mr. Ronald Robles at Ms. Josie Acurantes ng Municipal Planning and Development Office, Ms Evelyn de Guzman ng Treasurer’s Office at Fr. Mar DJ Arenas ng Parish of the Holy Cross. Ang pangunahing layunin ng komite, ayon kay Padre Arenas ay dalawa: una, ang pagtatayo ng museo para sa mga memorabilia ni Dr. Pio Valenzuela para sa pagtuturo sa mga kabataan tungkol sa kabayanihan ni Dr. Pio Valenzuela; at ikalawa, ang pagtatayo ng isang *cultural center* na magsisilbing *venue* para sa “*musical presentation, stage play*” at iba pang katulad na gawain. Iminungkahi ni Ginoong Elpidio Concepcion na pangalanang “Kaban ng Hiyas ng Valenzuela” ang museo, subalit mas pinili ng nakararami ang pangalang Museo Valenzuela.

Mula October 1995, nagpulong ang komite kada linggo. Unang hinarap ng komite ang paghahanap ng lugar kung saan itatayo ang pinaplanong museo. May mga nagbigay ng suhestiyon na maghanap ng isang lumang bahay na maaring bilhin at gawing museo. Iminungkahi

naman noon ni Fr. Arenas na maaring itayo ang museo sa Imelda Park sa tabi ng National Shrine of Our Lady of Fatima sa Barangay Marulas. Napag-alaman nila na may bagong “stage” na ipinatayo si Congressman Antonio Serapio sa pamamagitan ng Department of Tourism. Nagdisenyo ng plano sina Padre Arenas at Archt. Arturo Valenzuela para sa itatayong museo halaw sa modelo ng mga lumang bahay sa Vigan. Nilapitan ni Fr. Mar si Congressman Serapio at sumang-ayon naman ito sa kanyang iminumungkahing proyekto.

1996: Pagbubuo sa isang samahan para sa pagtatayo ng Museo Valenzuela. Sunod na tinugunan ng komite ang paghahanap ng kaukulang pondo. Sa tantiya ng Municipal Planning Office ay limang (5) milyon ang kakailanganing pondo para sa pagpapatayo ng gusali ng museo. Upang makatulong sa paglikom ng sapat na pondo, iminungkahi na gawing Museo Valenzuela Foundation (MVF) ang *museum committee* at iparehistro ito sa Securities and Exchange Commission. Ginanap ang unang organizational meeting ng Board of Trustees ng Museo Valenzuela Foundation noong March 4, 1996 na binubuo ng mga sumusunod: Mayor Jose Emmanuel Carlos (Chairman), Fr. Mar Arenas (President), Barcelito De Sotto (Secretary), Diosdado Santos (Treasurer), Evelyn De Guzman (Auditor), Benjamin Agleham, Margarita Carlos, Santos Chua, Epifanio Galinato, Elpidio Concepcion, Dr. Josel T. San Luis at Mr. Amadeo C. Valenzuela. Narehistro sa SEC ang Museo Valenzuela Foundation, Inc. noong May 3, 1996. Ang mga layunin nito ay ang mga sumusunod:

1. To showcase Valenzuela as a town through its collections and exhibits of artifacts depicting the town’s past and its continuing politico-economic and socio-cultural development;
2. To give special focus on the life and time of Dr. Pio Valenzuela, after whom the municipality was named in 1963;
3. To serve as a venue for historical, cultural and artistic presentations, as well as seminars or symposia on national and local issues;
4. To serve as repository of Valenzuela’s rich heritage and a beacon of light to its people and guests;
5. To develop a historico-cultural consciousness among residents,

especially the youth by organizing art workshops, educational trips, and cultural presentations, such as concerts, etc. thus it caters to the general public as well as the student populace, by developing regular and continuing programs geared at deepening the people's awareness of our historical, artistic and cultural heritage.

Nagsagawa ng *fund-raising projects* ang MVF gaya ng *Ballroom Dancing for a Cause* sa Quezon City Sports Club. Upang tutukan ang pagpapatayo sa museo. Itinalagang Chief Executive Officer (CEO) ng MVF si Mrs. Rita Carlos.

Ginanap noong March 16, 1996 ang paglalagay ng “cornerstone” sa Imelda Park para sa itatayong museo. Panauhing pandangal si Senador Alberto Romulo, asawa ni Mrs. Lovely T. Romulo na apo ni Dr. Pio Valenzuela. Noong August 28, 1997, ginanap ang “ground breaking” para sa *amphitheater component* ng museo sa pangunguna ni Cong. Antonio Serapio at ang *soft opening* ng museo ay isinagawa noong November 7, 1997 kasama sina Bishop Rolando Tria Tirona, Mayor Bobbit Carlos at Congressman Antonio Serapio. Inilunsad din sa okasyong ito ang *Friends of Museo Valenzuela* upang lumikom ng karagdang pondo para sa museo.

1998: Pagbubukas sa Publiko. Ang Museo Valenzuela ay pormal na binuksan sa publiko noong ika-6 ng Nobyembre 1998. Sa okasyon ding ito inilunsad ang aklat ni Fr. Mar Arenas na *Silent Conspiracy: Memoirs of a Misunderstood Hero* at ang panunumpa sa katungkulan ng mga opisyal ng bagong-tatag na Valenzuela Tourism Council na pinangasiwaan ni Ginoong Lyndon Barbers, *Regional Director* ng Department of Tourism - NCR. Kabilang sa mga panauhin sa pagbubukas ng museo ay sina Senador Alberto Romulo, mga apo ni Dr. Pio Valenzuela na sina Gng. Lovely Romulo at Ambassador Oscar Valenzuela, Department of Tourism Assistant Secretary Ma. Theresa I. Martinez, Bishop Rolando Tria Tirona, Msgr. Moises Andrade, Mr. Nic Legaspi ng National Museum. Laman ng museo ang *permanent exhibit* na pinamagatang “Ang Polo Noon, Valenzuela Ngayon” na nagtatampok ng mga lumang larawan ng bayan ng Valenzuela; memorabilia ni Dr. Pio Valenzuela; mga alaala ng Ikalawang Digmaang

Pandaigdig; “Silang mga Nahirang,” *portrait* ng ng mga dating lider ng bayan at “Pag-iisa,” *one-man exhibit* ni Eduardo Paredes, Valenzuelano na nagkamit ng 1st Place noong 1991 sa Metrobank Art Competition.

1999: Patuloy na Pagpapaunlad sa Museo at mga pasilidad nito.

Hindi sapat na maitayo lamang ang gusali ng museo. Kailangan pa ng karagdagang pondo para sa pangangalap ng mga ilalaman sa museo, kung kaya patuloy ang *fund raising activities* ng MVF. Halimbawa ay ang *Dinner Concert with Manila Philharmonic Orchestra Brass Quintet*, (February 1999) at *Millennium Ballroom Concert* (December 1999). Noong 2000, nagkaroon ng sariling sasakyan ang museo at noong 2003, pinasinayaan ang replica ng Arkong Bato sa entrance ng museo compound, ang Kalayaan Library at ang Dapitan Souvenir Shop.

Naiparehistro ang Museo Valenzuela sa National Museum bilang ika-151 museo sa bansa. Ito ay “one of the most beautiful museums in the country today”, ayon kay NCCA Chairman Jaime Laya na kanyang nabanggit noong siya ay bumisita bilang panauhing pandangal sa museo noong 1999.

2003: Kasunduan ng Museo Valenzuela Foundation (MVF) at Pamahalaang Lokal. Noong 2003, inaprubahan ng Sangguniang Panlungsod ang Ordinance No. 39 na lumilikha sa Museo Valenzuela. May-akda ng ordinansa si Konsehala Ma. Cecilia V. Mayo. Noong 2004, lumagda sa MOA ang MVF at Pamahalaang Panlungsod ng Valenzuela para sa magkatuwang na pamamahala sa Museo Valenzuela sa loob ng 15 taon. Ang ordinansa at ang kasunduan na ito ang dalawang batayan sa matatag na pag-iral ng museo sa kabila ng takbo ng pulitika sa antas ng komunidad o pamahalaang lokal. Dahil nakaatang sa MVF ang pamamahala sa museo, mayroong tumitiyak sa pagpapatuloy nito mawala man sa puwesto ang mga pulitikong naging bahagi ng pagsisimula nito.

Mula nang buksan ito noong 1998, patuloy sa pag-iral ang museo at patuloy rin ang pagbuo nito (konseptuwalisasyon at implementasyon) ng iba pang gawain at proyekto na nagtatampok sa kasaysayan at kultura ng bayan ng Valenzuela, gaya ng pagpapatayo ng monumento, ang *Triumvirate Monument* sa City Hall; mga eksibisit (Doll Diorama, Dr

Pio Valenzuela Mobile Exhibit, Valenzuela Grand Marian Exhibit); at publikasyon (Valenzuela: Ang Bayani at ang Bayan; Silent Conspiracy; History: Dr Pio Valenzuela Coffee Table Book); arts program (Theater, Violin, Visual Arts).

Pinamamahalaan ang museo ng isang board of trustees na nagsasagawa ng pangkalahatang pagpupulong at eleksiyon tuwing Marso taun-taon. Mula 1998 hanggang 2014, nagsilbing pangulo si Msgr. Mar Arenas. Nang pumanaw si Msgr Arenas, pumalit na pangulo si Atty. Librado Valenzuela (mula 2014 hanggang sa kasalukuyan). Ang curator ang namamahala sa araw-araw na operasyon ng museo. Nagsilbing mga curator ng museo sina Wilhelm Bayona (1998-2002), Doodz Cruz (2003), Elmer De los Reyes (2005-2006) at Jonathan Balsamo (2012 - hanggang sa kasalukuyan). Bunga ng ordinansa, nakalikha ng permanent plantilla item ang lungsod para sa posisyong *museum curator*.

Ang Valenzuela City Museum

Isa sa mga mukha ng pagbabago at pag-unlad sa Lungsod ng Valenzuela ang bagong City Hall na ipinatayo ng alkalde ng bayan na si Sherwin Gatchalian noon. Isa sa mga pasilidad ng bagong City Hall ang isang bagong museo para sa Valenzuela. Bilang isang hiwalay na museo sa Museo Valenzuela, nakatuon ang bagong museo sa pagkukuwento ng kasaysayang lokal ng Lungsod. Buhay at kabayanihan naman ni Dr. Pio Valenzuela ang tuon ng kuwento ng mas naunang museo, ang Museo Valenzuela.

Noong 2012, bumuo ng isang komite sa bisa ng isang executive order para sa pagtatayo ng bagong museum si Mayor Gatchalian. Nag-umpisa sa pananaliksik ang may-akda bilang museum curator ng lungsod. isinagawa naman ng isang kumpaya, Infinit 1 Communications, Inc., ang disenyo ng museo. May karanasan ang kumpanyang ito sa pagbubuo ng museo para sa Armed Forces of the Philippines. Noong 2013, ilang araw bago ang pormal na pagtatapos ng termino ni Mayor Gatchalian, pinasinayaan ang museo. Panauhing pandangal si Gemma Cruz-Araneta.

Upang ikuwento ang kasaysayang lokal ng lungsod, hinati ang

museo sa walong seksiyon ayon sa pagkakasunud-sunod: 1) Pre-Colonial Period; 2) Spanish Period; 3) Philippine Revolution; 4) Philippine-American War; 5) American Period; 6) Japanese Occupation; 7) Industrialization Period; 8) Contemporary Period.

Tradisyonal na balangkas ng pagsasakasaysayan ang ginamit na daloy ng pagkukuwento sa kasaysayan ng lungsod. Isang dahilan nito ang pagiging sanay ng publiko sa ganitong balangkas bagaman mapupulaan itong nakakabit sa karanasang kolonyal ng bansa. Minabuti ng may-akda ng papel na siyang ring curator ng museo, na gamitin ang balangkas na ito dahil mas pamilyar sa ganitong balangkas ng naratibo ng pambansang kasaysayan ang publiko, pangunahing “audience” ng museo. May pangunahing teksto ang bawat seksiyong nagpapaliwanag sa kabuuan ng period na iyon. Ito ang naglalapat ng konteksto para sa bawat detalyeng mababasa o makikita sa mga larawan, dokumento, at artifact na nakapaloob sa bawat seksiyon.

Filipino ang pangunahing wika ng museo bagaman may maikling salin sa Ingles ang mga pangunahing teksto at *caption*. Sa isang pagpupulong ng museum committee, pinagdiinan ni Mayor Gatchalian na dapat nasa Filipino ang teksto ng museo. “Para sa mga karaniwang tao ito, higit sa lahat, kaya dapat sa wika nila sa Filipino,” wika niya.

Sa pagbubukas ng city museum noong 2013, sinabi ni Mayor Gatchalian: “*In my experience, people just work and sleep here. It stops there. They have lost their sense of touch, affinity or connection to the city. We hope this museum will bring back that sense of affinity*” (Melican 2013). Malinaw para sa alkaldeng may mahalagang papel ang museo para magkaroon ng “sense of affinity” ang isang indibidwal sa kanyang kinabibilangang lipunan o komunidad. Sa parehong programa sa pagpapasinaya sa museo, sinabi naman ng may-akda/curator na: “Nais naming sa paglabas ng bawat tao sa Museo, hindi lamang siya puno ng impormasyon, kundi may baong karanasan, masaya, at may kamalayan. At sasambitin nila: “Ang sarap maging Valenzuelano” (One Valenzuela 2013). Mula sa impormasyon ukol sa nakaraan, tungong inspirasyon para sa kaunlaran at kinabukasan - ang inaasahang dulot ng karanasang makukuha ng mga bibisita sa museo. Ito ang punto ng naratibong ibinabahagi ng parehong museo.

Pangwakas

Sa dulo, masasabing hindi lamang impormasyon ukol sa nakaraan ang ibinibigay ng isang museo ng kasaysayang lokal, kundi “inspirasyon” para sa higit na ikauunlad ng bayan at mga mamamayan nito. Gayundin, makikitang susi sa tagumpay ng anumang proyektong kultural sa bawat bayan ang aktibong pakikisangkot at pagtutulungan ng pamahalaan (lokal at pambansa) at ng komunidad. Tinitingnang ang mga indibidwal at mga samahang may malalim o masaklaw na pagpapahalaga sa kasaysayan at kultura - lalo na ang kabataan - ang may malinaw na layunin kung papano ito mapagyayaman, maiingat at maipapalaganap. Pagsasalin o pagpapasa ng isang partikular na naratibo at pagpapakahulugan sa nakaraan - mula sa isang mas nakatatandang henerasyon tungo sa nakababatang salinlahi - na maaring maging batayan ng kaakuhan at pagkakaisa ng isang komunidad o ng isang bayan ang mga ginagawang pagsisikap na ito.

Mula sa karanasan ng Lungsod ng Valenzuela sa pagtatayo ng museo ng kasaysayang lokal, matutukoy ang mga sumusunod na maaring maging gabay para sa mga pamahalaang lokal:

1. Ang aktibong pakikisangkot ng komunidad, sa pangunguna at pamamagitan ng mga samahan gaya ng Museo Valenzuela Foundation. Ang mabungang ugnayan ng pamahalaan at ng mga lokal na samahan ng mga cultural workers at local artists ang isang napakahalagang sangkap ng pagyabong ng kultura at sining sa isang bayan. Ang museo ang maaring maging kanlungan at tagpuan ng mga tagapagtaguyod ng sining at kultura sa isang bayan.
2. Aktibong pakikipag-ugnayan sa iba pang mga institusyon sa komunidad na may kinalaman sa kultura, edukasyon at sining, tulad ng Department of Education at mga pribadong paaralan.
3. Ang pagkakaroon ng mga permanenteng empleyadong mangangasiwa sa pang-araw-araw na gawain ng museo. Sa pamamagitan nito, matitiyak na patuloy ang operasyon ng museo at napapangalagaan ang koleksiyon nito.
4. Ang pagkakaroon ng mga lokal na patakaran, kasunduan at ordinansang mapagbabatayan ng paglalaan ng badyet, operasyon

at maintenance ng museo.

5. Ang pagkakaroon ng mga champion para sa kultura at kasaysayan; sila ang mangunguna sa pagsisimula at pagpapatuloy ng mga gawain at programang pangkasaysayan, pangkultura at pangsining sa bawat bayan.

Talahuli

1. Ang VCHS ay nagsagawa ng *planning workshop* noong February 22, 2001 sa Valenzuela Convention Center. Muli itong nareorganized noong March 8, 2001 at nahalal si Mr. Santos Chua bilang pangulo kasama sina Mayor Bobbit Carlos (Honorary Chairman), Fr. Mar Arenas (Vice President), Epi Galinato (Secretary), Angelita De Jesus (Treasurer), Atty. Levi Valenzuela (Corporate Secretary), Mrs. Rita Carlos, Porfirio Rodriguez, Elpidio Concepcion, Barcelito de Sotto, Diosdado Santos, Ben Agleham, Engr. Carlos Concepcion at Dr. Joel T. San Luis.

Mga sanggunian

Valenzuela Heritage and Cultural Society Archives

VCHS Minutes of the Meeting, 11 Enero 2001.

Mga aklat

- Arenas, Mar D.J. 1997. *Valenzuela, ang bayani at ang bayan*. Valenzuela: Museo Valenzuela Foundation at Valenzuela Historical and Cultural Society.
- Melican, Nathaniel R. 2013. Museum instills pride in Valenzuelanos. *Philippine Daily Inquirer*, 29 Enero.
- One Valenzuela. 2013. Ang sarap maging Valenzuelano: Valenzuela City Museum's opening, 3 July. Pinasyalan: <http://onevalenzuela.blogspot.com/2013/07/ang-sarap-maging-valenzuelano.html>

Abstrak

“Apolinario Mabini: Talino at Paninindigan”
ni Celestina P. Boncan

Ang larawan ng kanyang mukha ay nasa perang papel at barya ng Pilipinas, ang kanyang talambuhay ay isinulat ng isang batikang historyador, dala-dala ng isang pangunahing lansangan sa Maynila, di-iilang paaralan, apat na bayan sa iba't ibang lalawigan, at isang sasakyang pandagat ng Philippine Navy ang pangalan niya. Ang Southern Tagalog Arterial Road o STAR Tollway sa Batangas at ang dating Nagtahan Bridge ay ipinangalan na rin sa kanyang alaala. Ang kanyang puntod kasama ang ilan sa kanyang mga kagamitan tulad ng upuan, mga aklat, at salamin sa mata ay matatagpuan sa isang dambanang pangkasaysayan sa pook na kanyang sinilangan na nasa kalinga at pangangalaga ng pamahalaang pambansa.

Siya ay si Apolinario Mabini. Sa mga rebolusyonaryong Pilipino siya ang “Utak ng Rebolusyon.” Sa mga Amerikano, siya ay “irreconcilable” dahil sa kanyang mahigpit na di-pagsang-ayon sa kolonyalismong Amerikano. Ang pakay ng panayam ay ipakita kung paano sinalamin ng buhay ni Apolinario Mabini ang dalawang natatanging katangian ng kanyang kabayanihan --- talino at paninindigan.

Mga using salita: Apolinario Mabini, bayani, Rebolusyong Pilipino, Batangas

Apolinario Mabini: Talino at Paninindigan

Celestina P. Boncan, Ph. D.

Panimula

TAYO AY NARIRITO sa Dambanang Pangkasaysayan ni Mabini upang ipagdiwang ang ika-isang daan apatnapu't siyam na taong anibersaryo ng kapanganakan ng magiting na anak ng lungsod ng Tanauan, si Apolinario Mabini.

Ano nga ba ang inaasahan mula sa taunang paggunita ng anibersaryo ng kapanganakan ng isang bayani tulad ni Apolinario Mabini? Ito ba ay ang madagdagan ang mga bayan, lansangan, paaralan, gusali at iba pang mga institusyon na ipapangalan sunod sa kanya?

Kung ako, ang aba ninyong panauhing pandangal, ang tatanungin, ang inaasahan ko ay dalawa.

Ang una ay madagdagan ang bilang ng madlang Pilipinong nakaaalaala kay Mabini at ang kanyang ginampanan sa masidhing kabanata ng kasaysayan ng ating bansa, ang mga huling taon ng ika-labing siyam na dantaon, panahon kung kailan ang pagkabansa ng Pilipinas ay binubuo.

Tulad ng prosesong pinagdadaanan ng mga balisong na kilala bilang pangunahing produkto ng lalawigan ng Batangas, ang Pilipinas ay dumaan sa init at apoy ng Himagsikan at Digmaan sa paghuhubog ng pagkabansa nito.

Ang ikalawa kong inaasahan ay madagdagan ang bilang ng madlang Pilipino na nabubuhay ayon sa mga pagpapahalaga ni Mabini upang sa gayon nananatiling buhay si Mabini sa bawa't isa sa atin.

Tulad ng kapeng barako na siya ring pangunahing produkto ng lalawigan ng Batangas, tataglayin ng maraming Pilipino ang init at tapang ng mga mithiin ni Mabini.

Dalawang katangian ni Mabini ang pinagsamang tema ng paggunita ng ika-isang daan apat na pu't siyam na taong anibersaryo ng kapanganakan niya. Marapatin po ninyo na isalaysay sa inyo ang ilang sipi ng buhay nagpapatunay ng "talino" at "paninindigan" ng dakilang bayaning Pilipino, si Apolinario Mabini.

Talino

Noong ika-labing siyam na dantaon ang edukasyon ay bukas lamang sa maliit na bahagi ng lipunan. Tanging ang mga anak ng mga Espanyol at mga *mestizo* ang nakapapasok sa mga paaralan sa Maynila. Doon sa Ateneo Municipal ng mga Heswita nag-aaral ang mga ito katumbas ng edukasyong sekundarya. Ang hudyat ng pagtatapos ng mga nito ay ang pagbibigay ng katibayan ng pagtatapos, ang *Bachiller en Artes*. Sa mga nais magpatuloy sa mataas na pag-aaral patungo sa isang propesyon, ang mga ito ay nag-aaral sa Unibersidad de Santo Tomas ng mga kursong teolohiya, abogasya, medisina at parmasya.

Bata pa lamang si Mabini ipinakita na niya ang kanyang talino at kagalingan sa pagtuklas ng kaalaman. Ang ina ni Mabini (Dionisia Magpantay Maranan) ay marunong bumasa at sumulat. Sa kandungan ng kanyang ina pinalipas ng batang Mabini ang maraming oras para matutunan ang alpabeto. Madali namang natutunan ni Mabini ang *Cartilla*. Ito ay bagama't siya ay nanonood lamang sa kanyang lolo (Juan Maranan) habang tinuturuan nito ang nakatatandang kapatid na lalaki.

Si Mabini ay nagkaroon ng pagkakataon na makapag-aral sa isang

paaralan sa Tanauan na pinapangunahan ng isang Padre Valerio Malabanan. Dito sa paaralang ito ang tampok na aralin ay wikang Latin at ilang antas ng edukasyong sekundarya. Palibhasa'y mahirap ang kanyang mga magulang, hindi nakabibili ng mga aklat si Mabini. Ang bagay na ito ay hindi naging hadlang sa pag-aaral niya. Sa halip bumili ng aklat, ang ginawa ni Mabini ay isaulo ang mga nilalaman ng mga aklat. Ang paghahasa ng kanyang memorya ay isa sa mga palatandaan ng mataas na antas ng kaalaman ni Mabini.

Noong 1881 pumunta si Mabini sa Maynila upang doon tapusin ang ika-apat at ika-limang taon ng edukasyong sekundarya. Sa Colegio de San Juan de Letran, isang paaralan ng mga Dominikano, pumasok si Mabini. Hindi pa tapos ng kanyang pag-aaral ng dalawang huling taon ng edukasyong sekundarya, si Mabini ay kumukuha na ng ilang aralin sa Unibersidad de Santo Tomas tulad ng Logic at Moral Philosophy. Sa kanyang edad na labinglimang taon nagpakita si Mabini ng kamanghamanghang kagalingan sa pag-unawa ng mga suliranin, paglalahad ng mga epekto at pagpili ng pinakamahusay na kasagutan.

Lubhang matalino, sinikap ni Mabini na makatuntong sa Unibersidad de Santo Tomas para sa pag-aaral ng abogasya. Taong 1888 nang magsimula si Mabini ng anim na taong pag-aaral ng batas. Marami siyang napanalunan na mga gantimpala sa mga patimpalak sa paaralan. Nagpakita si Mabini ng higit na kagalingan sa mga asignaturang Natural Law at Civil Law. Mamamalas sa kanyang mga grado ang mataas na katalinuhan ni Mabini. Lagi siyang isa sa mga una sa kanyang klase at madalas nakatatanggap ng gradong *sobresaliente* (pinakamahusay) sa karamihan ng kanyang mga asignatura. Ang madalas na kinamamangha ng mga kamag-aral ni Mabini ay ang kanyang malalim na lohika, malinaw na katalinuhan at matatag na katauhan.

Hindi lamang matalino subali't masipag din si Mabini sa kanyang pag-aaral. Hindi nalilihis ang kanyang atensyon sa pag-aaral. Lagi siyang nakikinig sa kanyang mga propesor habang ang mga ito ay nagsasalita sa silid-aralan. Ang pakikinig sa lektura ay sinasabayan ni Mabini ng pagsusulat ng mga tampok at mahahalagang sinasabi ng kanyang mga propesor.

Nagtapos si Mabini ng kanyang pag-aaral ng batas noong 1894.

Noong taong din na ito kumuha si Mabini ng pagsusulit para sa licenciado sa jurisprudence na matagumpay niyang naipasa. Pagkatapos ng isang linggo, siya ay hinirang bilang kasapi ng Colegio de Abogados.

Si Mabini ay sumulat ng tatlong pulitikal na katha na nagsilbing gabay sa patutunguhan ng Himagsikan nang sumiklab ito noong 1896.

Ang una ay ang “El Verdadero Decalogo.” Ayon kay Mabini, ito ay naglalaman ng mga katotohanan na dapat malaman ng bawa’t Pilipino. Kapag napagnilayan ang mga katotohanan na ito, mabubuksan ang kaisipan ng mga Pilipino na maaari nilang buuin ang kanilang sarili bilang isang nasyon ~ nagkakaisa at hindi sanga-sanga o hiwa-hiwalay. Ilan sa mga katotohanang ito ay ang mga sumusunod:

- Tungkulin ng bawa’t isang tao na pag-ibayuhin ang kanyang galing ayon sa landas ng mabuti at pantay
- Ang nasyon ay dapat mahalín bilang tagapagmana ng lahi
- Ang kaligayahan ng nasyon ay dapat manguna kaysa sa sarili
- Ang kalayaan ay kailangang maging mithiin ng lahat
- Hindi maaaring kilalanin ang sinuman bilang pinuno hangga’t hindi siya nahahalal ng mga tao
- Kailangang magsikap para sa pagtatatag ng isang republika at hindi isang monarkiya
- Ang kapwa tao ay kailangang mahalín; hindi dapat ituring bilang kalapit-bahay lamang bagkus ay kabilang sa isang komunidad

Ang ikalawa ay ang “Ordenanzas de la Revolucion.” Dalawang bagay ang matutunghayan dito. Una, binigyan nito ng kahulugan ang Himagsikan bilang “marahas na pamamaraang ginamit ng mga tao sa kanilang pagsasakatuparan ng kanilang soberanya upang wasakin ang isang pamahalaan at palitan ito ng iba na naaayon sa “Reason” at “Justice.” Ikalawa, pinagtibay nito ang Himagsikan sa dahilang ang anumang himagsikan ay tama kung ang nais ay buwagin ay isang pamahalaan pinapangunahan ng mga dayuhan at mang-aagaw (*usurper*).

Ang ikatlo ay ang “Programa Constitucional de la Republica Filipina.” Dito nakapaloob ang mga hakbang para sa pagtatatag ng isang republikanong pamahalaan sa Pilipinas. Kasama rito ang mga probisyon sa mga karapatan ng mga mamamayan, ang paghahati ng

mga kapangyarihan ng pamahalaan sa tatlong sangay ~ Ehekutibo, Kongreso at Judikatura ~ ang mga pamahalaang panlalawigan at pambayan, at iba pa.

Sa panahon ng Ikalawang Yugto ng Himagsikan, kung saan ang kalaban ng Pilipinas ay Espanya pa rin subali't kumakatok na ng pintuan ng Pilipinas ang Amerika, higit na ipinakita ni Mabini ang kanyang talino. Sa mga panahong ito, siya ang nagsilbing pangunahing tagapagpayong pulitikal ni Heneral Emilio Aguinaldo. Pawang napapanahon ang kanyang mga payo kay Aguinaldo pagbalik nito sa Pilipinas mula Hong Kong noong 1898. Nasa sa isip na ni Mabini ang kahalagahan ng lalong madaling pag-angkin ng kalayaan ng Pilipinas sa nahaharap na imperyalismo ng Amerika na nais agawin ang kalayaan ng Pilipinas. Susi dito ay ang pagpapahayag sa lalong madaling panahon ng kalayaan ng Pilipinas at pagtatatag ng matibay na pamahalaang Republikang Pilipino na kikilalanin ng ibang mga bansa. Ang dalawang payong ito ay mula sa malawak na pang-unawa ni Mabini sa batas, pamahalaan at pulitika.

Paninindigan

Ayon sa National Historical Commission of the Philippines ilan sa mga panuntunan (criteria) ng isang bayani ay ang mga sumusunod:

- “heroes are those who live by high moral precepts and ideas
- heroes are those who give strength and inspiration to the generations after them
- heroes are those who bequeath valid and important legacies of their values, ideals and sacrifices”

Sa madaling salita, ang bayani ay taong may paninindigan. Hindi miminsang pinamalas ng ating bayaning Mabini ang kanyang paninidigan.

Pagkatapos ng kanyang pag-aaral, nasa kamay ni Mabini na magkaroon ng marangyang kabuhayan. Isa na siyang ganap na abogado at makakukuha ng maraming kliyente at sumingil ng mataas na halaga para sa kanyang propesyonal na serbisyo. Sa halip na pumasok sa

mundo ng mga batikang abogado, inialay ni Mabini ang bagsik ng kanyang talino sa makabayang gawain.

Noong 1892 sumapi si Mabini sa kilusang masoneria. Napabilang siya sa *Balagtas* lodge na itinatag sa ilalim ng *Nilad* lodge. Kinuha niya ang pangalang *Katabay* at nagsilbi bilang tagapagpahayag (orator) ng kanyang lodge. Kasali si Mabini sa pagtatatag ng *Grand Regional Lodge* noong 1893. Isa sa mga tungkulin nito ay mangalap ng kontribusyon sa Pilipinas para sa pagtustos ng Kilusang Repormista sa Espanya, lalo na para sa paglalabas ng mga isyu ng pahayagang *La Solidaridad* at mga pagpupulong ng *Asociacion Hispano-Filipina*. Isang lupon na may tatlong kasapi ang namamahala ng pangangalap ng kontribusyon. Isa si Mabini sa mga kasapi ng lupon na ito.

Kasama si Mabini sa mga nagmungkahing muling buhayin ang *La Liga Filipina* ni Rizal upang matustusan ang mga pangangailangang pananalapi ng *La Solidaridad*. Nang tuluyang nabuwag din ang *La Liga Filipina*, tumulong si Mabini sa pagbubuo ng *Cuerpo de Compromisarios*. Ito ay isang samahang binubuo ng limampung kasapi, bawa't isa ay nangangako na magbigay ng limang piso sa loob ng unang limang araw ng bawa't buwan.

Si Mabini ay mahigpit na disipulo ng republikanong pamahalaan. Ito ay kaniya nang iginiit at ipinagtanggol sa kanyang “Programa Constitucional de la Republica Filipina.” Si Mabini ay naniniwala na tanging pamahalaang republikano lamang ang maaaring makapagbigay sa mga tao ng lahat ng kaginhawaan na ipinaglaban nila.

